


OPISYAL na

GABAY SA PAGMAMANEHO SA ESTADO NG HAWAII



**KABILANG ang
Kumpletong mga Tanong sa
Test at mga Sagot Galing
sa Estado ng Hawaii
Department Ng
Transportasyon**

TAGALOG

\$5.20

DRIVER LICENSING OFFICES

City at County ng Honolulu

<http://www.honolulu.gov/csd/dlicense.html>

Mga Oras ng Opisina Lunes-Biyernes maliban sa mga holiday 8:00 n.u. to 4:00 n.h.

Mga Oras ng Test 8:00 n.u. to 3:30 n.h.

Honolulu - Kapalama Hale, 925 Dillingham Boulevard, Suite 101A Telepono 768-9100
Downtown, 1000 Fort Street Mall (renewal at duplicate, 8:00 n.u.-4:00 n.h.), Telepono 768-4145

Hawaii Kai Town Center, 6600 Kalanianaʻole Highway #101, (renewal at duplicate, 8:00 n.u.-4:00 n.h.), Telepono 768-4800

Aiea - Pearlridge Shopping Center, 98-1005 Moanalua Road 244B (renewal at duplicate, 9:00 n.u. - 5:00 n.h.), Telepono 768-5000

Kaneohe - Koolau Center, 47-388 Hui Iwa Street, Telepono 239-6301

Windward City Shopping Center, 45-480 Kaneohe Bay Drive C06 (renewal at duplicate, 8:00 n.u. - 4:00 n.h.), Telepono 768-4100

Kapolei - 1000 Uluohia Street, Telepono 768-3100

Wahiawa - 330 North Cane Street, Telepono 768-4054

Waianae - 85-670 Farrington Highway (Lunes & Miyerkules), Telepono 768-4222

County ng Hawaii

Bisitahin ang <http://www.hawaiicounty.gov/finance-dl-general-info>

Mga Oras ng Opisina Lunes-Biyernes maliban sa mga holiday 8:00 n.u. to 4:00 n.h.

Mga Oras ng Test 8:00 n.u. – 3:00 n.h.

Hilo Office, 349 Kapiolani Street, Telepono 961-2222

West Hawaii Civic Center, 74-5044 Ane Keohokalole Highway, Telepono 323-4800

Naalehu Office, 95-5355 Mamalahoa Highway, Telepono 854-7214 (Martes at Miyerkoles lang, kailangan ng appointment)

Pahoa Office, 15-2615 Keaau-Pahoa Road, Telepono 965-2721 (Lunes-Biyernes 8:00 n.u. - 3:30 n.h.)

Waimea Center, 65-1158 Mamalahoa Highway Suite 1-A, Telepono 881-3488

County ng Maui

Bisitahin ang <https://www.mauicounty.gov/1328/Motor-Vehicle-Licensing> or call 808-270-7363

Mga Oras ng Opisina Lunes-Biyernes maliban sa mga holiday 8:00 n.u. to 4:00 n.h.

Mga Oras ng Test 8:00 n.u. – 3:30 n.h.

Kahului Service Center, Maui Mall, 70 E. Kaahumanu Avenue, Suite A17

Lahaina, Lahaina Gateway, 335 Keawe Street, Suite 209

Pukalani, Hannibal Tarvares Community Center, 91 Pukalani Street

Kihei, Kihei Community Center, 303 East Lipoa Street

Hana, County Public Works Office, Hana Hwy & Uakea Road, Lunes-Biyernes 8:00-10:45 n.u. & 12:00-3:00 n.h. Telepono 248-7280

Molokai, Mitchell Pauole Center, 100 Ailoa Street, Telepono 553-3430

Lanai, 309 Seventh Street #101, Lunes-Biyernes maliban sa mga holiday 8:00-11:00 n.u. & 1:00-4:00 n.h. Telepono 565-7878

County ng Kauai

Bisitahin ang <https://www.kauai.gov/DriversLicense>

Mga Oras ng Opisina Lunes-Biyernes maliban sa mga holiday 7:45 n.u. to 4:00 n.h.

Lihue Civic Center, Kapule Building, 4444 Rice Street Suite 480, Telepono 241-4242

(c) Karapatang-ari 1977, 2006 Direktor ng Transportasyon, Estado ng Hawaii
Walang bahagi ng manwal na ito ang maaaring tularan sa anumang anyo
nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Direktor ng Transportasyon,
Estado ng Hawaii. Inilimbag at inilathala ng Hagadone Printing Company, Inc.
274 Puuhale Road, Honolulu, Hawaii 96819, Telepono 847-5310



EXECUTIVE CHAMBERS
HONOLULU

DAVID Y. IGE
GOBERNADOR



Aloha,

Nalalapit mo nang matutunan ang mga kakayahan, at akuin ang mga responsibilidad, ng pagmamaneho sa mga kalsada ng ating estado. Sa iyong pagmamaneho, hinihiling ko na iyong sundin ang mga batas trapiko at maglinang ng mga ligtas na pag-uugali sa pagmamaneho. Pakiusap na isaisip mo na mayroon kang legal at moral na pananagutan sa kaligtasan ng iba.

Hinihimok kitang ipakita ang “diwa ng aloha” sa iyong pagmamaneho. Maging mapagpasensya, magalang at palagiang nakamasid sa dinaraan. Ituturo sa iyo ng manwal na ito ang pagiging ligtas at magalang na drayber. Pakiusap na basahin ito nang mabuti at gamitin ang kaalamang ito araw-araw. Sa pagiging isang mabuting drayber, tutularan ng ibang motorista ang iyong halimbawa.

Maging maingat at masiyahan sa pagmamaneho sa ating magandang estado.

Sumasainyo,

DAVID Y. IGE
Gobernador ng Estado ng Hawai'i

MGA KAUKULANG AHENSYA at mga WEBSITE

1. State of Hawaii Department of Transportation
Motor Vehicle Safety Office
<http://hidot.hawaii.gov/highways/library/motor-vehicle-safety-office/>
(Program Coordination)
2. City and County of Honolulu
Department of Customer Service
www.co.honolulu.hi.us/csd/vehicle
3. Maui County
Department of Finance
www.mauicounty.gov
4. Hawaii County
Department of Finance
Vehicle Registration and Licensing Division
<http://www.hawaiicounty.gov/finance-vrl/>
5. Kauai County
Department of Finance
<http://kauai.gov/DriversLicense>

PAUNAWA: Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang loob ng harap at likod na mga pabalat.



ESTADO NG HAWAII DEPARTMENT NG TRANSPORTASYON

PASIMULA

Layunin ng manwal na ito na maging gabay upang tulungan kang maging mas ligtas na drayber at makakuha ng lisensya ng drayber sa Hawaii. Ang mga impormasyong nasasaloob dito ay hindi kapalit ng mga batas ng estado o ng mga ordinansya ng county o ano mang pinagtibay na patakaran o regulasyon.

Itinitinda sa mga opisina ng paglilisensya ng drayber ang ibang mga karagdagang manwal.

Isang nabubukod na **Motorcycle Operator Manual (Manwal ng Pagmamaneho ng Motorsiklo)**, DOTH2053, ang mabibili upang makapagbigay ng mas malawak na kaalaman ng mga batas at mga pamamaraang kaugnay sa mga motorsiklo.

Isang nabubukod na **Driver's Manual for Commercial Vehicle Driver Licensing (Manwal para sa Paglilisensya ng Drayber ng Sasakyang Pangkalakalan)**, DOTH2044, ay mabibili upang ihanda ang mga drayber sa pagpasa sa mga eksaminasyong pangkaalaman at pangkahusayan upang makakuha ng pangkalakalang lisensya ng drayber.

May pagkakataon na may mga pagbabago sa mga patakaran o batas sa pagitan ng mga paglilimbag ng manwal na ito. Maaari ninyong sundan ang mga pinagbagong impormasyon sa mga website na nakalista sa Pahina 4. Nagbibigay ang mga site na ito ng mga detalye tungkol sa mga kinakailangang dokumento upang magpatunay ng pagkakakilanlan, petsa ng kapanganakan, numero ng social security, legal na pagkakatigil sa Estados Unidos at pangunahing tahanan. May mga dokumento na maaaring makapagsilbi ng mahigit sa isang layunin. Halimbawa, ang katibayan ng kapanganakan ay maaaring magpatunay ng legal na pangalan ng isang tao, petsa ng kapanganakan at legal na pagkakatigil. Dalawang dokumento ang kinakailangan upang magpatunay sa pangunahing tahanan. Ang mga detalye tungkol sa mga dokumentong maaaring magpatunay ng pagkakakilanlan, petsa ng kapanganakan, numero ng social security, legal na pagkakatigil at pangunahing tahanan ay makukuha sa web site na <http://hidot.hawaii.gov/hawaiis-legal-presence-law/>. May makukuhang mga karagdagang impormasyon sa Hawaii Administrative rules 19-122 na matatagpuan sa website <http://hidot.hawaii.gov/highways/home/doing-business/hawaii-administrative-rules/>.

GABAY SA PAGMAMANEHO SA ESTADO NG HAWAII

MENSAHE MULA SA GOBERNADOR	3
LISTAHAN NG MGA KINAUUKULANG AHENSYA	4
PASIMULA.....	6
MGA NILALAMAN	7
KAHULUGAN NG MGA KATAGA	8
Kabanata I Paglilisensya ng mga Drayber	10
Kabanata II Mga Kagamitang Sasakyan at Inspeksyon	18
Kabanata III Pagrerehistro ng Sasakyan	21
Kabanata IV Ang drayber	24
Kabanata V Mga Batas Trapiko, Ordinansya, Patakaran at Regulasyon	26
Kabanata VI Mga Signal, Karatula at Marka sa Daanan	33
Kabanata VII Mga Pamamaraan Sa Aksidente	52
Kabanata VIII No Fault Insurance – Pananagutang Pinansyal	53
Kabanata IX Alkohol at iba pang mga Gamot	55
Kabanata X Mga Ligtas na Pamamaraan sa Pagmamaneho	57
Kabanata XI Mga Trak, Bus at Motorsiklo.....	85
Kabanata XII Kaligtasan ng mga Naglalakad	95
Kabanata XIII Kaligtasan ng mga Nagbibisikleta	97
APENDIKS	
Mga Katanungan at Kaugnay na Guhit/Larawan	99
Kinaroroonan ng mga Opisina at Kagamitan, Oras ng Trabaho at Numero ng mga Telepono	Sa loob ng harap at likod na pabalat

MGA KAHULUGAN

Abandonadong Sasakyan	Anumang sasakyang iniwan sa highway ng mahigit sa 24 oras.
Sasakyan Pang-emergency	Anumang sasakyan ng pulis at bumbero o ahensyang federal na may tulad na gamit at anumang ambulansyang federal, estado at county at anumang pribadong sasakyan na itinalaga ng ordinansya, na nagtataglay ng asul or pulang ilaw at sirena.
Bisikleta	Isang kagamitang may dalawa o tatlong gulong na may lapad na 16 na pulgada o mahigit, na pinapatakbo ng lakas ng tao.
Bus	Anumang sasakyang de-motor na ginawa para magsakay ng mahigit sa sampung pasahero at ginagamit sa paglalakbay ng mga tao.
Distritong Pangkalakalan	Ang lugar na katabi at kabilang ang isang highway na kung saan sa loob ng anim na daang talampakan sa kahabaan ng highway ay may mga gusaling ginagamit para sa pagnenegosyo o industriya na sumasakop ng hindi kukulangin sa tatlong daang talampakan ang harapan sa isang panig o tatlong daang talampakan kung bibilangling magkasama ang magkabilang panig ng highway.
Mga Sasakyang de-Motor na Pangkalakalan	Sa layunin ng paglilisensya ng drayber, isa itong sasakyang de-motor o pinagdugtong na mga sasakyang de-motor na ginagamit sa kalakalan upang magsakay ng mga pasahero o gamit: (1) Kung ang sasakyan ay may kabuuang pinagsamangbigat na 26,001 o mahigit na libra kabilang ang idinugtong na sasakyan na may ipinalagayna kabuuang bigat na 10,000 libra; (2) Kung ang isang solong sasakyan ay may kabuuangbigat na 26,001 libra o mahigit; (3) Kung ang sasakyan (anumang kabuuang bigat/GVWR) ay ginawa upang magsakay ng labing-anim o mahigit na pasahero kabilang ang drayber; o (4) Kung ang sasakyan (anumang kabuuang bigat/GVWR) ay ginagamit para magsakay ng mga mapanganib na materyales na nangangailangan ng kartelon o pagbababala. Sa layunin ng pamamahala ng mga sasakyang de-motor, ito’y sasakyang tumatakbong mag-isa o hinihila na ginagamit sa highway sa pangangalakal upang magsakay ng mga pasahero o gamit kung ang sasakyan— (1) Ay may kabuuang bigat o pinagsamang bigat, na 10,001 libra o higit, alinman ang mas mahigit; o (2) Ay ginawa o ginagamit upang magsakay ng mahigit sa 8 pasaherong (kabilang ang drayber) nagbabayad; o

- (3) Ay ginawa o ginagamit upang magsakay ng mahigit 15 pasahero, kabilang ang drayber, at hindi ginagamit upang magsakay ng mga pasaherong nagbabayad; o
 (4) Ay ginagamit sa pagbiyahe ng mapanganib na materyales sa daming nangangailangan ng kartelon o pagbababala.

Pangkalakalang Lisensya ng Drayber (Commercial Driver's License)	Isang lisensyang ibinigay ng estado o iba pang awtoridad na naaayon sa mga pamantayang nilalaman sa 49 CFR Part 383 sa isang tao na nagbibigay karapatan sa kanyang magmaneho ng isang klase ng pangkalakalang sasakyang de-motor.
Tawiran	Ang bahagi ng daan sa isang krosing (intersection) sa loob ng hanay ng mga guhit na nagdurugtong sa mga bangketa sa magkabilang panig ng highway na nagmumula sa mga gilid ng bangketa, o sa kawalan ng mga gilid ng bangketa, mula sa mga gilid ng nadaraanang kalsada, o alinmang bahagi ng isang kalsada sa isang krosing o sa iba pang lugar ng kalsada na malinaw na ipinapakitang tawiran ng mga naglalakad sa pamamagitan ng mga guhit o iba pang mga marka sa ibabaw ng kalsada.
Drayber	Sinumang nagmamaneho o nagpapatakbo ng sasakyan.
Kabuuang Bigat ng Sasakyan (Gross Vehicle Weight Rating)	Ang timbang ng sasakyan dagdag ang bigat ng kayang isakay nito.
Highway	Ang buong lapad sa pagitan ng mga hangganang guhit ng lahat ng daanang pinangangalagaan ng pamahalaan na maaaring magamit ng publiko sa pagbibiyaheng naka-sasakyan ang kahit aling bahagi nito.
Ligtas na Lugar	Isang bahagi ng daanan na opisyal na inihiwalay para sa natatanging gamit ng mga naglalakad at protektado o markado upang madaling makita.

PAUNAWA: Makakakita ng mga karagdagang kahulugan sa “The Statewide Traffic Code”, Hawaii Revised Statutes 291C at 286-2, HRS. Tumingin sa website sa <http://capitol.hawaii.gov/>.

KABANATA I

PAGLILISENSYA NG MGA DRAYBER

MGA TAONG HINDI KAILANGANG KUMUHA NG LISENSYA

HINDI MO KINAKAILANGANG KUMUHA NG LISENSYA NG DRAYBER SA HAWAII:

1. Kung ikaw ay empleyado at nagmamaneho ng isang sasakyang de-motor na pag-aari ng pamahalaang federal na hindi tumutugma sa kahulugan ng pangkalakalang sasakyang de-motor (commercial motor vehicle)(hindi kinakailangan para sa bumberong federal at aktibong nanunungkulang militar) at nagtataglay ng may bisang lisensya ng drayber na ibinigay ng isang ahensya ng pamahalaang federal.
2. Kung ikaw ay labintatlong taong gulang o mahigit at nagpapatakbo ng kahit na anong makinaryang gumagamit ng kalsada, traktor na pambukid, o kagamitang pansaka na pansamantalang dumadaan sa isang highway.
3. Kung ikaw ay hindi kukulangun sa labingwalong taong gulang at nagtataglay ng isang may bisang lisensya ng drayber na katumbas ng Hawaii Class 1, 2 o 3 na lisensya ng drayber na ibinigay sa iyo sa kahit na anong estado ng Estados Unidos, Distrito ng Columbia, Ang Commonwealth ng Puerto Rico, U.S. Virgin Islands, American Samoa, Guam, isang probinsya ng Dominion of Canada, o ng Commonwealth ng Northern Mariana Islands. Ang mga compact foreign drivers' licenses na may kasamang International Driving Permit na ibinigay ng banyagang awtoridad ay may bisa na hanggang isang taon mula sa petsa ng inyong pagdating sa Estados Unidos.
4. Kung ikaw ay hindi residente at hindi kukulangun sa dalawampu't isang taong gulang at nagtataglay ng may bisang pangkalakalang lisensya ng drayber (commercial driver's license) na ibinigay sa iyo ng kahit na anong estado ng Estados Unidos, Distrito ng Columbia, isang probinsya ng Dominion ng Canada, o Mexico.

PAUNAWA: Ang mga compact foreign drivers license na may kasamang International Driving Permit na ibinigay ng isang banyagang awtoridad ay may bisa ng isang taon mula sa petsa ng inyong pagdating (ang iyong unang port of entry) sa Estados Unidos.

SINO ANG HINDI MAAARING MALISENSYAHAN

Hindi ka maaaring mabigyan ng lisensya sa pagmamaneho ng sasakyang de-motor sa Hawaii:

1. Sa loob ng panahon na suspendido ang iyong lisensya o pinawalang-bisa ito ng hukuman.
2. Sa loob ng dalawang taon matapos kang mahatulan ng pagmamaneho ng lasing habang walang lisensya.
3. Kung hindi ka nakapasa sa kinakailangang eksaminasyon.
4. Kung kinakailangan ngunit hindi mo matupad ang mga batas para sa pananagutang pinansyal.
5. Kung sa paniwala ng examiner of drivers na sa kadahilanang pisikal o mental na kapansanan, hindi mo makakayang magmaneho ng sasakyang de-motor nang walang peligro sa mga highway.
6. Kung ikaw ay nasa pagitan ng 16 at 18 taong gulang at walang pahintulot mula sa mga magulang o sa tagapangalaga na nakatalaga sa mga dokumento ng legal na kustodya.
7. Kung ikaw ay kulang sa 16 na taong gulang.
8. Kung ikaw ay diskwalipikado ng batas sa kadahilanang pisikal o mental.
9. Kung mayroon kang mga nananatiling sitasyong trapiko.

PAGKAKAKILANLAN AT LEGAL NA PAGKAKATIGIL

Nagsimula noong Marso 5, 2012 ang mga bagong pangangailangang panseguridad para sa lisensya ng drayber sa bansang ito. Sinumang hihiling ng bago o panibagong lisensya ng drayber ay kinakailangang magbigay ng orihinal o sertipikadong kopya ng kahit isa sa mga sumusunod na dokumento upang mapagtibay ang kanyang pankakakilanlan at legal na pagkakatigil sa Estados Unidos.

Hinihingi ng Federal Law na ipakita ang ebidensiyang ito tuwing 16 na taon o sa tuwing kailangang magparenew ng Real ID compliant license o sa bawat pagkuha ng panibagong lisensya, kung ang legal na pagkakatigil ay pansamantala lamang.

Ang pangalan ay dapat magkakatulad sa lahat ng dokumento. Kung may naiiba, kailangan magpasa ng dokumentong magdudugtong sa pangalan gaya ng sertipiko ng kasal o dokumento ng korte.

Karaniwang halimbawa ng mga tinatanggap na dokumento bilang katibayan ng **Legal na Pangalan, Petsa ng Kapanganakan at Legal na Pagkakatigil** ay: sertipiko ng kapanganakan o may bisang U.S. passport, **Social Security Number:** Social Security Card, **Pangunahing Tirahan sa Hawaii** (dalawang dokumentong kinakailangan: ang bawat isa ay dapat naglalaman ng iyong pangalan at address ng pangunahing tahanan sa Hawaii): kasalukuyang bill ng utility, bill ng telepono, bank statement o medical statement. Ang pangunahing address ay ang kinaroroonan ng iyong kasalukuyang tirahan kahit na pansamantala lamang ito.

Maaaring makakuha ng karagdagang impormasyon hinggil sa mga tinatanggap na dokumento sa web site na: <http://HIDLDocs.com>

Ang mga dokumentong gamit para patunayan ang pangunahing tahanan ay kailangang naglalaman ng iyong pangalan at address ng tahanan sa Hawaii.

Ang mga drayber na hindi makapagbigay o hindi maaaring magbigay ng numero ng social security ay maaaring kumuha ng limited purpose driver's licence. Ang lisensyang ito ay may bisa lamang sa pagmamaneho. Hindi ito maaaring tanggapin bilang dokumento ng pagkakakilanlan para sa mga layuning federal tulad ng pagsakay sa eroplano.

MGA URI NG LISENSYA

Instruction Permit – Ang instruction permit ay nagpapahintulot sa iyo na magmaneho ng sasakyang de-motor kung pinapangasiwaan ng isa pang drayber na hindi kukulangin sa 21 taong gulang at lisensyado sa pagmamaneho ng katulad na uri ng sasakyan. Sa lahat ng sasakyan maliban sa mga motorsiklo, ang lisensyadong drayber ay kinakailangang maupo sa kanang harapan. Kinakailangang hindi kukulangin sa 15^{1/2} taong gulang upang makakuha ka ng instruction permit. Kung kulang ka sa 18 taong gulang, basahin ang bahaging **Pagmamaneho ng mga Menor de Edad**.

Pansamantalang lisensya (Provisional license) – Kung ikaw ay kulang sa edad na 18, kailangan mong magmaneho gamit ang provisional license nang hindi kukulangin sa 6 na buwan bago ka payagang makakuha ng class 3 na lisensya ng drayber. Basahin ang bahaging **Pagmamaneho ng mga Menor de Edad**.

Lisensya para sa Moped (class 1) – Kinakailangan mong magkaroon ng class 1 na lisensya para makapagmaneho ng moped sa mga highway ng Hawaii. Kinakailangan mong makapasa sa isang special knowledge test at isang off-street skills test. Basahin ang Motorcycle Operator Manual na makukuha sa alinmang opisina ng paglilisensya ng drayber.

Lisensya para sa Motorsiklo (class 2) – Kinakailangan mong magkaroon ng class 2 na lisensya upang makapagmaneho ng motorsiklo sa mga highway ng Hawaii. Kinakailangan mong makapasa sa isang special knowledge test at isang off-street skills test. Basahin ang Motorcycle Operator Manual na makukuha sa alinmang opisina ng paglilisensya ng drayber.

Lisensya ng Drayber (class 3) – Upang makakuha ng isang class 3 na lisensya, kinakailangang kindi ka kukulangin sa 17 taong gulang. Kung kulang ka sa edad na 18, kinakailangan mong magtapos sa isang graduated licensing program na tutulong sa iyo na mapaghusay ang iyong kakayahan sa pagmamaneho sa paglaon habang nagkakaroon ka ng karanasan at tamang gulang. Basahin ang bahaging Pagmamaneho ng mga Menor de Edad.

Lisensya para sa mas Malaking uri ng Sasakyan – Iba’t ibang klase ng lisensya ang kinakailangan kung nagmamaneho ka ng iba-ibang uri ng sasakyan. Kinakailangang di ka kukulangin sa 21 taong gulang bago ka makapag-apply sa kahit alin sa mga lisensyang ito. Bawat klase o pahintulot ay nangangailangan ng mga special test. Basahin ang bahaging Category 4 License. Basahin ang Hawaii Commercial Driver’s License manual upang makakuha ng commercial driver’s license (pangkalakalang lisensya ng drayber).

Lisensyang Limitado ang Gamit – Kung ang aplikante ay ayaw magbigay o hindi kayang makapagbigay ng numero ng social security, maaari siyang kumuha ng isang limited purpose instruction permit, limited purpose driver’s license o limited purpose provisional driver’s license kung maibibigay ang lahat ng iba pang mga kaukulang pangangailangan. Ang lisensyang ito ay hindi maaaring tanggapin para sa mga layuning federal, tulad ng pagsakay sa eroplano. Hindi rin ito nagbibigay karapatan para makapagtrabaho, makapagrehistro sa pagboto o makatanggap ng mga benepisyong pampubliko. Ito ay lisensya lamang upang makapagmaneho ng sasakyang de-motor. Tingnan ang 286-104.5, HRS para sa karagdagang impormasyon.

PAGKUHA NG PAUNANG EKSAMINASYON PARA SA DRIVER’S LICENSE O INSTRUCTION PERMIT

Bibigyan kayo ng mga sumusunod na kinakailangang test kapag nag-apply kayo ng driver’s license o instruction permit:

1. Isang test para sa paningin
2. Isang test ng pangkaalaman sa mga patakaran sa daan at sa mga kagamitan sa pamamahala ng trapiko
3. Isang test ng pagmamaneho sa daan

Maaring hindi na ibigay ang mga test sa pangkaalaman at pagmamaneho sa daan para sa mga aplikante ng lisensyang class 1 hanggang 3 kung ang aplikante ay hindi kulang sa 18 taong gulang at nagtataglay ng may bisang driver’s license na ibinigay ng iba pang estado sa Estados Unidos, ang Distrito ng Columbia, ang Commonwealth ng Puerto Rico, American Samoa, Guam, ang probinsya ng Dominion of Canada, o ang Commonwealth ng Northern Mariana Islands, o isang bansang mayroong resiprokal na kasunduan sa paglilisensya sa Hawaii. Ang mga aplikante ng panibagong lisensya ay maaring hindi na rin bigyan.

MGA LISENSYA NG HAWAII

Sa matagumpay na pagtatapos sa buong proseso ng paglilisensya, bibigyan ka ng lisensya ng drayber na katulad ng mga sumusunod.

Nagtataglay ang lisensya ng mga impormasyon kabilang ang numero ng iyong lisensya ng drayber, petsa ng kapanganakan, mga petsa ng pagkakabigay at pagkapaso, mga pisikal na katangian tulad ng kulay ng buhok at kasarian, klase ng lisensya at mga pahintulot na nagsasabi ng mga uri ng sasakyang maaaring imaneho ng drayber, at anumang paghihigpit sa lisensya, tulad ng pangangailangang magsuot ng salaming may grado.

Ipinapakita din ng lisensya kung ang drayber ay kulang sa 21 taong gulang, isang pangkalakalang drayber at kung pumapayag siyang maging organ donor o kung may paunang kautusan sa pangangalaga ng kalusugan.



Kulang 21 Taong Gulang na Lisensya



Higit 21 Taong Gulang na Lisensya

PAGMAMANEHO NG MGA MENOR DE EDAD

Ang mga impormasyon tungkol sa graduated licensing program ng Hawaii ay mababasa sa hidot.hawaii.gov/highways/files/2013/01/Hawaii-Graduated-Licensing-Brochure.pdf

- Kinakailangang magbigay ng nakasulat na pahintulot mula sa kanilang mga magulang o legal na tagapangalaga ang mga taong kulang sa 18 taong gulang ang edad maliban kung may asawa o malaya na.
- 15 ½ taong gulang ang pinakamababang edad para makakuha ng instruction permit.
- Kinakailangang makapasa sa paunang eksaminasyon sa pamamagitan ng pagkuha ng test para sa paningin at test para sa mga patakaran sa daan.
- Maaari ka lamang magmaneho ng sasakyang de-motor sa anumang highway gamit ang instruction permit kung may kasamang lisensyadong drayber na di kulang sa 21 taong gulang. Kung sa pagitan ng mga oras na 11:00 n.h gabi at 5:00 n.u umaga, kinakailangang may kasama kang magulang o tagapangalaga.
- Kinakailangang nakasuot ng mga safety belt o child restraint ang lahat ng mga pasahero.
- Kinakailangang mayroon kang may bisang instruction permit ng 180 na araw bago ka makapag-apply para sa isang provisional license.
- 16 na taong gulang ang pinakamababang edad upang makakuha ng provisional license.
- Kinakailangang makapagtapos ka sa isang driver's education course na sertifikado ng Estado at magkaroon ng mga classroom at behind the wheel certificate.
- Kinakailangang makapasa ka sa isang test ng pagmamaneho sa daan.
- Pinahihintulutan ka ng iyong provisional license na makapagsakay ng hanggang isang tao lamang na kulang sa 18 ang edad at hindi miyembro ng inyong tahanan.

- Gamit ang isang provisional license, makakapagmaneho ka lamang sa pagitan ng 11:00 n.h. gabi at 5:00 n.u. umaga kung may kasama kang lisensyadong magulang o tagapangalaga maliban kung nagmamaneho ka papunta o pauwi mula sa trabaho o nagmamaneho papunta o pauwi mula sa mga gawaing pinahihintulutan ng paaralan ng drayber. Sa mga oras na ito, hindi ka maaaring magsakay ng mahigit sa isang taong kulang sa 18 ang edad maliban kung may kasama kang magulang o tagapangalaga.
- Kinakailangang nakasuot ng mga safety belt o child restraint ang lahat ng mga pasahero.
- Kinakailangang gamit mo ang provisional license ng anim na buwan bago makapag-apply para sa driver's license.
- 17 taon ang pinakamababang edad upang makakuha ng driver's license.

MGA KATEGORIYA NG LISENSYA NG DRAYBER

Class	Mga Uri ng Sasakyan
1	Moped
2	Motorsiklo at scooter.
3	Anumang solong sasakyan na may 18,000 libra na GVWR o mas mababa at mga sasakyan na ginawa upang magsakay ng 15 o mas kaunting pasahero, kabilang ang drayber. Ang autocycle ay isang motorsiklo na may manibela at upuan na hindi nangangailangang may opereytor na nagmamaneho o nakasakay nito, at ito ay nakadisenyong tumakbo na tatlo ang gulong na nakalapat sa lupa.
4	Anumang sasakyang de-motor na hindi pangalakal.
A (CDL)	Anumang kombinasyon ng mga sasakyan na may GVWR na 26,001 libra o mahigit, labis sa 10,000 libra ang GVWR ng mga hinihilang sasakyan.
B (CDL)	Anumang solong sasakyan na may GVWR na 26,001 libra o mahigit, o kung hindi hihigit sa 10,000 libra ang GVWR ng hinihilang sasakyan.
C (CDL)	Anumang solong sasakyan o kombinasyon ng mga sasakyan na tumutugma sa depinisyon A o B at ginawa upang magsakay ng 16 o mahigit na pasahero o ginagamit na panghakot ng mga mapanganib na materyales na kailangan ng pagbababala.

Pahintulot

H (CDL)	Mga sasakyang humahakot ng mga mapanganib na materyales sa daming kinakailangan ng pagbababala.
T (CDL)	Mga sasakyang humihila ng doble o tripleng trailer.
P (CDL)	Mga sasakyang ginawa para magsakay ng 16 o mahigit na pasahero kabilang ang drayber.
N (CDL)	Mga sasakyang may tangke.
X (CDL)	Mga sasakyang may tangke na humahakot ng mga mapanganib na materyales sa daming kinakailangan ng pagbababala.
S (CDL)	School bus

Ang mga Pahintulot at Paghihigpit ng CDL ay nakalista sa web page www.fmcsa.dot.gov/regulations/title491/section/383.153

TEST NG PAGMAMANEHO NG DRAYBER

Kinakailangang samahan ka sa testing station ng isang lisensyadong drayber at magdala ng sasakyan na nasa ligtas na kondisyon na may kasamang pangkasalukuyang safety inspection certificate at no-fault insurance card. Lahat ng depekto sa pangkaligtasan ng sasakyan ay kinakailangang ayusin bago kumuha ng test.

Hindi ka uutusang lumabag sa anumang batas. Walang panlilinlang na gagawin. Hindi papayagan ang may sakay na mga pasahero sa test.

Kahit na maaari kang magmaneho ng autocycle habang may category 3 driver's license, hindi mo pwedeng gamitin ang autocycle para sa pagkuha ng test sa pagmamaneho para sa category 3.

EKSAMINASYON PARA SA MOTORSIKLO/SCOOTER/MOPED (CATEGORY 1 & 2)

Kinakailangan mong pumasa sa isang special written examination para sa motorsiklo, scooter o moped. Kabilang dito ang mga tanong tungkol sa mga patakaran sa daan, mga karatula sa highway at. Kinakailangan mo ring pumasa sa isang off-road skills test. Basahin ang Motorcycle Operator Manual na makukuha sa alinmang field office, o sa website na: <http://hidot.hawaii.gov/highways/library/motor-vehicle-safety-office/>.

TEST PARA SA MAGAANG SASAKYANG DE-MOTOR (CATEGORY 3 LICENSE)

Ibinibigay ang mga sumusunod na test para sa Category 3 driver's license (mga kotse at magaang mga trak (18,000 libra GVWR o mas mababa) at mga bus na ginawa upang magsakay ng 15 o mas mababang pasahero).

Kinakailangan mong maipakitang lubos ang kakayahan mong:

- i-start ang iyong sasakyan at magmaneho sa distritong pangkalakalan
- magsagawa ng parallel parking
- habang nagmamaneho maipakita ang tamang pagliko, ang paraan ng pag-abante at pagtigil, at pag-signal.
- makapag-start sa bahagyang paakyat na daan
- maipakita ang kaalaman mo at ang pagsunod sa mga batas trapiko at mga ordinansa, at ng mga pamamaraan ng ligtas na pagmamaneho.

LISENSYA PARA SA CATEGORY 4

Kinakailangan mong maipasa ang skills test (vehicle inspection test, basic control skills test at road test) na nakasaad sa Hawaii Commercial Driver's License Manual. Makukuha ang mga kopya ng manual na ito sa alinmang field office, o sa website na <http://hidot.hawaii.gov/highways/library/motor-vehicle-safety-office/>

PAGKUHA NG PANIBAGONG LISENSYA

Maaaring kumuha ng panibagong lisensya sa alinmang opisina ng paglilisensya ng drayber sa Hawaii. Maaaring kumuha ng panibagong lisensya sa loob ng anim na buwan bago sa petsa ng pagkapaso ng iyong lisensya. **LAHAT NG HAWAII STATE DRIVER'S LICENSE AY WALANG BISA PAGKATAPOS NG PETA SA NG PAGKAPASO. WALANG PALUGIT PARA DITO.** Maaring kumuha ng panibagong lisensya sa loob ng isang taon pagkatapos ng petsa ng pagkapaso. Kinakailangan mong sundin ang mga tuntunin ng pagkuha ng bagong lisensya kung hindi ka makakuha ng panibagong lisensya sa loob ng takdang panahon. Bago makakuha ng panibagong lisensya, kinakailangan mong makapasa sa isang test sa paningin. Maaaring kakailanganin mong makapasa sa isang road test. Maaari kang makakuha ng panibagong lisensya sa pamamagitan ng koreo ng dalawang magkasunod na ulit ngunit kinakailangan mong humarap sa examiner of drivers sa ikatlong pagkakataon.

KOPYA NG LISENSYA

Maaari kang mag-apply para sa duplicate license (kopya ng lisensya) kapag nawala, nanakaw o nasira ang iyong lisensya. Kinakailangan ng wastong ID sa aplikasyon.

PAGPAPALIT NG ADDRESS O PANGALAN SA LISENSYA NG DRAYBER

Tuwing magpapalit ng address ng tahanan, kinakailangan itong ipaalam sa loob ng 30 araw sa county examiner of drivers sa pamamagitan ng pagsulat ng iyong dati at kasalukuyang address, ng iyong pangalan at numero ng lisensya ng drayber.

Kapag nagpalit ng pangalan, kinakailangang humarap sa opisina ng kinauukulang examiner of drivers sa loob ng 30 araw kasama ang katibayan ng pagpapalit.

LISENSYANG MAY PAGHIHIGPIT

Maaaring bigyan ng lisensya ng drayber ang mga taong may kapansanan o bawas na kakayahang magmaneho ng ligtas sa lahat ng iba’t ibang kondisyon ng trapiko. Nangangahulugang ang mga drayber na nakaranas ng mga problemang pangkulusugan tulad ng pagpapa-opera, pagpapaputol ng bahagi ng katawan, o malubhang mga sakit ay di kinakailangang tumigil sa pagmamaneho. Dagdag dito, dapat malaman ng mga drayber na nakararanas ng bawas na balikusa (reflex) o problema sa paningin na hindi laging nagdudulot ito ng pagkawala ng kanilang mga karapatan sa pagmamaneho.

Maaaring pag-aralan ng driver’s licensing office ang medikal na report ng drayber mula sa kanyang doktor at magbigay ng mga test para sa paningin at kakayahan na sumusukat sa kapasidad ng drayber na makapagneho ng ligtas ng isang sasakyang demotor. Pagkatapos ng pagsusukat na ito, maaaring magbigay ng isang restricted license na magpapahintulot sa drayber na magpatuloy sa pagmamaneho na hindi hihigit sa hangganan ng kanyang kakayahan.

Kapag napagpasiyahan na hindi kaya ng drayber na makapagmaneho ng sasakyan sa anumang kondisyon, noon lamang babawiin ang linsensya. Kadalasan walang mga paghihigpit ang kinakailangan, ngunit kung kailanganin man, isa o mahigit pa sa mga sumusunod ang ilalagay sa lisensya ng drayber.

MGA PAGHIHIGPIT SA LISENSYA			
CODE	KAHULUGAN	CODE	KAHULUGAN
B	KINAKAILANGANG MAGSUOT NG SALAMIN	P	WALANG PASAHERO SA CMV NA BUS
C	MAY TULONG NG KAGAMITAN	V	MEDICAL VARIANCE
D	MAY TULONG NG PROSTHETIC	W	FARM WAIVER
E	HINDI MAAARI ANG MANUAL NA SASAKYAN	X	WALANG KARGA SA CMV NA MAY TANGKE
F	SALAMIN SA LABAS	Z	HINDI MAAARI SA AIR BRAKE LANG NA CMV
G	SA LIWANAG LANG	2	MGA KAGAMITANG PANG-KAMAY LANG
H	KAPAG EMPLEYADO LANG	3	DE-MAKINANG SIGNAL
I	LIMITADO - IBA PA	4	POWER STEERING LANG
J	IBA PA	5	POWER BRAKE LANG
K	SA LOOB NG ESTADO LANG	6	KAILANGAN NG STEERING KNOB
L	HINDI MAAARI SA CMV NA MAY AIR BRAKE	7	KAILANGAN NG KUTSON
M	HINDI MAAARI SA CLASS A NA PAMPASAHERONG SASAKYAN	8	KAILANGAN NG MEDICAL CERTIFICATE
N	HINDI MAAARI SA CLASS A/B NA PAMPASAHERONG SASAKYAN	9	PANG-TATLONG GULONG NA MOTORSIKLO LANG
O	HINDI MAAARI ANG TRAKTOR O TRAILER NA CMV		

NATIONAL DRIVER'S REGISTRY SERVICE

Ipinadadala sa National Driver Register Program, Washington, D.C. ang mga impormasyon ng mga aplikante para sa orihinal o panibagong lisensya ng drayber sa Hawaii. Kung lumalabas sa tala ng NDR na ikaw ay nagkaroon ng suspendido o pinawalang-bisang lisensya sa ibang estado o sa D.C., hindi ka bibigyan ng lisensya ng drayber.

ORGAN DONOR PROGRAM

Kapag nag-apply ka para sa orihinal o panibagong lisensya ng drayber sa Hawaii, maaari mong ilagay na ikaw, alinsunod sa Uniform Anatomical Gift Act, ay isang donor ng mga bahagi ng iyong katawan sa iyong pagkamatay. Pakisabihan ang iyong mag-anak tungkol sa kagustuhan mong magkaloob. Ipakikiusap ang kanilang pahintulot sa paggamit sa mga bahagi ng iyong katawan.

PAUNANG KAUTUSAN SA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN (ADVANCE HEALTH CARE DIRECTIVE)

Maaari mong ilagay na mayroon kang advance health care directive. Kapag nagkaroon ng malubhang karamdaman o aksidente na hindi ka maaaring magsalita para sa sarili, isasaad ng advance directive ang iyong mga kagustuhan para sa pangangalaga ng kalusugan. Ang paglalagay ng "AHCD" sa iyong lisensya ang magpapaalam sa mga tauhang medikal na ikaw ay mayroong mga natatanging kautusan. Pakisabihan ang iyong mag-anak at ang iyong doktor na nagbuo ka ng isang advance health directive at bigyan sila ng mga kopya nito.

KATAYUANG BETERANO

Simula Oktubre 1, 2014, kung nais ng aplikante ng lisensya, maaaring lagyan ng tatak na "veteran" ang harap ng lisensya ng sinumang nagsilbi sa alinmang unipormadong serbisyo ng Estados Unidos at itiniwalag sa anumang kondisyon maliban sa 'dishonorable discharge'. Mula Abril 26, 2016 isang tatak na "veteran" ay maaaring ipakita para sa mga beterano ng giyera sa Korea at mga taong nagsilbi sa sandatahang lakas ng Republika ng Korea na lumaban sa ilalim ng kapangyarihan ng United Nations na pinamumunuan ng Estados Unidos sa panahon ng giyera sa Korea at sa kasalukuyan ay mamamayan ng Estados Unidos.

LISENSYANG NG DRAYBER NG MOPED (DRIVER'S LICENSE FOR MOPEDS)

Isang sasakyang may dalawa o tatlong gulong at motor na hindi hihigit sa dalawang horsepower ang moped.

Kinakailangang mayroon kang lisensya ng drayber (ano mang kategorya) upang makapagmaneho ng moped sa mga daang publiko at highway.

Kung wala ka pang lisensya ng drayber, maaari kang kumuha ng isang Category 1 license (moped) sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kinailangang tuntunin para sa kategorya ng linsensyang iyon, at gamitin ang iyong moped sa anumang kinakailangang test ng pagmamaneho.

IBA PANG MAHALAGANG IMPORMASYON

PAGPAPAKITA NG LISENSYA

Kinakailangang taglay mo ang isang may bisang lisensya ng drayber sa lahat ng oras habang nagmamaneho ng sasakyang de-motor o moped, at kailangang ipakita ito kapag hiningi ng pulis.

SITASYONG TRAPIKO

Ang isang taong isinakdal ng paglabag ng Hawaii Vehicle Law ay kadalasang binibigyan ng nakasulat na sitasyong trapiko. May dalawang uri ng sitasyong trapiko: ang di gaanong malubhang "traffic infraction" at ang malubhang "traffic crime." Isasailalim sa sibil at hindi kriminal na paglilitis ang mga di gaanong malubhang paglabag na may mga parusang tulad ng pagmumulta at pagpigil sa pagkuha ng lisensya at pagrehistro ng sasakyan. Ang mga taong makatatanggap ng sitasyong traffic infraction ay maaaring magmula, sumulat ng pahayag, o humarap. Gayunman, maaaring makulong ang mga taong makatatanggap ng sitasyong traffic crime at dahil dito, kinakailangan ang pagharap sa hukuman.

Kung mayroon kang tanong tungkol sa iyong sitasyong trapiko, maging traffic crime o traffic infraction man ito, tumawag sa numerong nakalista sa sitasyon o sa District Court sa iyong isla: Kauai 482-2355, Maui 244-2800, Hawaii 961-7470, Oahu 538-5500.

KABANATA II

MGA KAGAMITANG SASAKYAN AT INSPEKSYON

MGA KINAKAILANGANG KAGAMITAN

Kailangan mayroong preno, manibela, busina, mga hawakan ng pinto, mga gulong, tambutso, ilaw, salamin, wiper, odometer, speedometer, bumper, gulong, turnilyo ng gulong, tapalodo, floor pan, hood, kandado ng hood ang lahat ng mga sasakyang de-motor na gagamitin sa mga highway ng Estado, alinsunod sa mga itinatatag na pamantayan.

MGA BAWAL NA KAGAMITAN

Ipinagbabawal ang mga sumusunod na kagamitan ng sasakyang de-motor:

1. Pulang ilaw na makikita mula sa harap, o asul na ilaw na makikita mula sa labas ng sasakyan, maliban kung sa pinahihintulutang mga sasakyang pang-emergency;
2. Kampanilya, pito sa tambutso o sirena, maliban kung sa pinahihintulutang mga sasakyang pang-emergency;
3. Cutout o by-pass para sa tambutso, o tambutso na mas maingay kaysa orihinal na inilagay sa pabrika.

PANGKALIGTASANG INSPEKSYON NG MGA SASAKYAN

Kinakailangang magkaroon ng opisyal na Periodic Motor Vehicle Inspection (PMVI) ng hindi baba sa isang beses kada taon ang lahat ng mga sasakyang de-motor na gumagamit ng mga pampublikong highway, maliban sa mga ambulansya na kinakailangang inspeksyunin kada anim na buwan, at ang mga bagong sasakyan na hindi kinakailangang inspeksyunin hanggang dalawang taon matapos ang unang inspeksyon sa petsa ng unang pagkakabenta ng mga ito.

Maraming mga istasyon ng gas at mga talyer ang pinahihintulutang gumawa ng PMVI, na tinatawag ding safety inspection (pangkalgatang inspeksyon); magbigay ng mga certificates of inspection (sertipiko ng inspeksyon), at magkabit ng mga sticker. Maaaring makakakita ng kopya ng mga patakarang pamamahala sa programa ng inspeksyon sa website na:

<http://hidot.hawaii.gov/dot/highways/home/doing-business/hawaii-administrative-rules/>. Tingnan ang Kabanata 19-133.2.

Kinakailangan ng isang Hawaii state automobile insurance identification card upang makapasa sa inspeksyon. Sa sandaling maaprubahan, ikakabit sa sasakyan ang isang sticker at ibibigay sa iyo ang isang sertipikasyon ng inspeksyon. Dapat itong manatili sa sasakyan. Ang mga resulta ng inspeksyon ay ipapadala electronically sa file ng motor vehicle registration.

MGA SASAKYANG BINUONG MULI

Kinakailangang sumunod sa mga tuntunin ng reconstructed vehicle inspection ng county ang lahat ng mga binago, binuong muli o inibang mga sasakyan. Kinakailangan ng bill of sale (kasulatan ng pagkabili) o resibo sa lahat ng mga piyesang idinagdag sa sasakyan. Isasagawa ang inspeksyon ng isang kwalipikadong reconstruction inspector. Pagkatapos ng inspeksyon, bibigyan ka ng isang sagisag ng pagsunod. Makikita ang mga patakarang administratibo 19-134 sa <http://hidot.hawaii.gov/highways/home/doing-business/hawaii-administrative-rules/>. Tingnan ang Kabanata 19-134 (Tingnan ang loob ng likod na pabalat para sa lokasyon ng istasyon.)

KALAGAYAN NG SASAKYAN AT PAG-AALAGA NITO

Responsable ka sa kalagayan ng minamaneho mong sasakyan kahit na hindi ikaw ang may-ari nito. Kinakailangang gawin mo o ng isang sanay nang mekaniko ang palagiang pag-aalaga at pag-aayos. Maaaring matulungan ka ng mga sumusunod na impormasyon para mas mabuting maunawaan ang mahahalagang bahagi ng iyong sasakyan:

Preno: Kung hindi kayang patigilin ng preno ang iyong sasakyan, hindi mo dapat paandarin ito. Isang karaniwang test para sa preno ang pag-apak nang matindi dito sa bilis na 4 hanggang 8 mph. Hindi dapat lumiko ang sasakyan sa alinmang panig. Gawin ang test na ito sa lugar na hindi kinakailangang gawin din ng iba ang test na ito. Kung mayroon kang antilock na preno (ABS), pumunta sa isang malawak na lugar tulad ng bakaneng bahagi ng paradasan at subukan ang mga ito upang malaman mo kung ano ang mangyayari sa mga biglaang sitwasyon. Kadalasang kinakailangan mong umaandar ng higit sa 10 mph para gumana ang mga ito. Mas madali din gumana ang ABS sa basa at madulas na daan. Magsanay na HINDI binobomba ang pedal ng preno. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga preno magtungo sa: www.nhtsa.gov. Pagkatapos i-search ang 'Brakes.'

Mga Ilaw ng Preno: Nagbababala sa iba ang mga ilaw ng preno kung babagal o hihinto ka. Tingnan nang madalas ang mga ilaw na ito upang tiyaking gumagana kapag ginagamit ang preno.

Mga Signal na Pandireksyon: Nagagawa mong makipag-usap sa ibang mga drayber sa pamamagitan ng mga signal na pandireksyon, kaya't tiyaking gumagana sila nang wasto sa lahat ng oras. Naghuhudyat ng maling paggamit ang anumang pagpapalit sa ilaw sa dash. Kung pumalya ang mga signal na pandireksyon, gumamit ng pangkamay na signal hanggang maipaayos mo ang mga ito.

Trangka ng mga Pinto: Nagdudulot ng kaligtasan at seguridad ang trangka ng mga pinto. Tiyaking maayos na naka-trangka at nakakandado ang lahat ng mga pinto.

Sistema ng Exhaust: Dinadala ng sistema ng exhaust ang mga usok at gas papunta sa labasan upang mabawasan ang pagpasok ng mga usok sa loob ng lugar ng pasahero at binabawasan nito ang ingay sa katanggap-tanggap na antas. Upang maiwasan ang pagkalason sa carbon monoxide, tiyaking walang singaw ang iyong sistema ng exhaust. Agad palitan lahat ang mga sirang piyesa. Ang mga kapalit na tambutso ay hindi dapat mas maingay pa kaysa orihinal na tambutso mula sa pabrika.

Headlight: Lubhang mahalaga ang mga headlight ng iyong sasakyan sa pagmamaneho sa gabi, sa tag-ulan, sa fog, at habang nagmamaneho sa mga tunnel. Kinakailangang palagiang gumagana nang wasto, at tama ang pagkakasaayos ng mga ito.

Mga Trangka ng Hood: Ginagamitan ng pangunahin at pangalawang trangka ang mga hood na binubuksan sa harap. Kinakailangang maayos silang gumana upang matiyak na hindi bubukas ang hood at matakpan nito ang iyong paningin habang nagmamaneho.

Busina: Kinakailangang magkaroon ang lahat ng mga sasakyan ng gumaganang busina upang makapagbigay ng naririnig na babala.

Mga Salaming Rear-View: Kinakailangang iayos ang mga salaming rear-view upang mabigyan kayo ng pinakabuong pananaw ng iyong likuran. Kinakailangang palagiang linisin ang mga salamin at matibay ang pagkakakabit nito sa sasakyan.

Mga Safety Belt: Nakatutulong ang mga safety belt upang makaiwas kayo sa pinsala at maaari nitong iligtas ang iyong buhay. Pangalagaan ang sarili, ang iyong mga pasahero at ang iba pa, sa pamamagitan ng palagiang paggamit ng mga safety belt habang nagmamaneho. Isinasaad ng batas (291-11.6, HRS) na kinakailangan ang paggamit ng mga seat belt sa lahat ng upuan sa harap. Kinakailangang naka-child restraint ang mga batang kulang sa edad na 4, kinakailangang nakasuot ng belt sa upuan sa likod ang mga taong may edad mula 4 hanggang 17. Karagdang proteksyon para sa mga pasahero sa unang pagsalpok ang mga air bag. Dahil biglang kumukupos ang mga air bag kinakailangang umasa ang mga pasahero sa seat belt para sa proteksyon, sa mga susunod na pagsalpok. Kapag nagamit na ang mga air bag, pinapayuhang palitan ang mga ito upang mapanatili ang lubos na proteksyon ng mga pasahero.

Steering (Pagliko-liko): Kinakailangang maipihit nang maayos at madali ang iyong manibela mula sa pinakakanang posisyon papunta sa pinakakaliwang posisyon at pabalik muli. Hindi dapat magkaroon ng mahigit sa dalawang pulgada ng maluwag na paglalaro ang iyong manibela, kung power steering ito (suriin habang tumatakbo ang motor); o tatlong pulgada, kung hindi ito power steering. Kinakailangang mabilisang sumunod ang iyong sasakyan sa maliliit na pagkilos ng manibela. Hindi dapat pilit na lumiliko sa magkabilang tabi ang sasakyan at hindi dapat nanginginig ang mga gulong.

Mga Ilaw sa Likod at sa mga Gilid: Nagbababala sa ibang mga drayber ang mga ilaw sa likod at sa mga gilid ng iyong kinaroroonan. Palagiang tingnan ang mga ito para sa tamang paggana nito.

Mga Gulong: Huwag pababayaang ang mga gulong. Tingnan ang mga ito nang minsan kada buwan. Tingnan sa hamba ng pinto ang rekomendadong tigas at laki ng gulong ng pagawaan. Pinatatagal ng tamang tigas ng gulong ang buhay nito at pinagaganda nito ang paggamit. Palitan ang mga gulong na kulang sa 1/16 pulgada ang tread. Ang paggamit ng Lincoln penny ang isang madaling paraan sa pagtingin sa tread ng gulong. Ilagay ang penny ng pabaligtad sa loob ng tread. Kung masisilip ang ibabaw ng penny, kinakailangan nang palitan ang gulong. Tingnan din ang mga gulong kung may mga hiwa, bukol, paghihiwalay ng tread o hindi pantay na pagkapudpod. Tingnan din ang reserbang gulong. Kung makapapansin ka ng kaunting panginginig ng manibela o kakaibang ingay, tingnan kung may problema ang iyong mga gulong. Makakukuha ka ng makatutulong na impormasyon sa gulong sa: <http://www.nhtsa.dot.gov/cars/problems/Equipment/Tires/index.html>

Windshield: Wala dapat mga crack at basag ang windshield na makasasagabal sa iyong paningin. Kinakailangang malinisang pantay ng mga wiper ang windshield nang hindi nag-iiwan ng mga guhit. Nagagawa mong malinisang ang windshield habang nagmamaneho sa pamamagitan ng windshield washer. Tiyaking laging puno ang tangke at madalas na tingnan ang paggana nito.

KABANATA III

REHISTRO NG SASAKYAN, MGA DOKUMENTO NG PAGMAMAY-ARI AT APLIKASYON PARA SA TITULO

Sa batas ng Hawaii, kinakailangang IPAREHISTRO SA COUNTY KUNG SAAN KA NAGMAMANEHO ang sasakyang de motor na ginagamit mo sa mga pampublikong highway sa Estado. Gayundin, kinakailangan din sa batas ng Hawaii na ang iyong sasakyang de-motor ay lisensyado taon-taon ng county kung saan ka nagmamaneho. Kinakailangang mayroong pangkasalukuyan at may bisang safety inspection certificate (sertipiko ng pangkaligtasang inspeksiyon) bago mapareshistro ang iyong sasakyan. Kinakailangan ang proof of motor vehicle insurance (katibayan ng insurance para sa sasakyang de-motor) para sa mga kotse, bus at trak na iniinspeksyon, samantalang kinakailangan naman ng proof of liability (katibayan ng liability) ang mga iniinspeksyong motorsiklo.

UNANG REHISTRO

Nagbibigay ang pagrerehistro ng iyong sasakyan ng opisyal na tala ng pagmamay-ari. Sa unang pagrerehistro ng iyong sasakyan sa Hawaii, sasailalim ito sa mga espesyal na pangangailangan. Partikular dito ang pag-iinspeksyon ng iyong sasakyan at pagtitimbang upang maitala nang maayos ang (a) numero ng pagkakakilala ng sasakyan, at (b) ang timbang nito.

REHISTRO NG SASAKYANG DE MOTOR AT ANG TITULO

Ibinibigay ng kaukulang ahensya ng bawat county ang mga rehistro at titulo. (Tumingin sa likod na pabalat para sa listahan.) Hawak ng legal na may-ari o ng may hawak ng liyen hanggang masapatan ang liyen (mabayaran ang pagkakautang sa sasakyan) ang katibayan ng pagmamay-ari ng titulo ng Hawaii. Ibinibigay ang rehistro sa taong bumili na kinakailangang maglagay nito sa loob ng sasakyan. Hindi magkakasabay ang pagrerehistro ng mga sasakyan at napapaso ito taon-taon sa tuwing katapusan ng ika-12 buwan.

APLIKASYON PARA SA MGA PANIBAGONG REHISTRO

Ipinadadala ang mga aplikasyon para sa panibagong rehistro sa pamamagitan ng sulat sa iyong huling nakatalang address. Kinakailangang ipaalam agad sa kaukulang ahensya ng county ang lahat ng makikitang mga pagkakamali sa aplikasyon.

PAGPAPANIBAGO SA PAMAMAGITAN NG SULAT

Makaiiwas ka sa paghihintay sa pila sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo ng iyong aplikasyon na may kalakip na tseke o money order para sa eksaktong halaga na nakalagay sa aplikasyon sa ilalim ng "TOTAL FEE." Ipadala sa iyong kaukulang ahensya sa loob ng 10 araw na may trabaho bago sa katapusan ng buwan ng pagkapaso. Ibalik ang parehong bahagi ng aplikasyon ng pagpapanibago. HUWAG IHIHIWALAY ANG STUB.

ONLINE NA PAGPAPANIBAGO

Maaaring gawin online ang pagpapanibago ng iyong rehistro kung ang iyong sasakyan ay kasalukuyang nakarehistro sa Siyudad at Country ng Honolulu sa www.co.honolulu.hi.us o sa County ng Maui sa www.mauicounty.gov/mvrenewal. Tingnan ang kanilang website para sa karagdagang impormasyon.

PAGPAPALIT NG ADDRESS O PANGALAN SA KATIBAYAN NG REHISTRO NG SASAKYANG DE-MOTOR (MOTOR VEHICLE CERTIFICATE OF REGISTRATION)

Sa tuwing magpapalit ang adres ng naka-rehistrong may-ari ng isang sasakyang de-motor sa nakasaad sa aplikasyon para sa katibayan ng rehistro, kinakailangang ipaalam ng naka-rehistrong may-ari, sa loob ng 30 araw matapos ang pagpapalit sa kaukulang ahensya ng county sa pamamagitan ng sulat, ang kanyang luma at bagong address, kasama ang numero ng plaka at ang numero ng pagkakakilala ng sasakyan (vehicle identification number).

Kapag naiba ang pangalan ng nakarehistrong may-ari ng sasakyang de-motor sa nakalagay sa aplikasyon para sa katibayan ng pagmamay-ari (certificate of ownership), sa loob ng 30 araw matapos ang pagpapalit, *kinakailangang humarap ang naka-rehistrong may-ari* sa kaukulang ahensya ng county na may dalang patunay ng pagpapalit ng pangalan, ang katibayan ng pagmamay-ari na pirmado nang maayos at ang katibayan para sa kasalukuyang taon kung saan naiba ang pangalang nakalagay sa talaan.

EXEMPTION PARA SA MGA KASAPI NG U.S. ARMED FORCES

Kapag kasapi ka ng U.S. Armed Forces na naka-talaga sa isang instalasyong militar sa Estado ng Hawaii, at isang legal na residente ng ibang Estado, maaari mong iparehistro ang iyong sasakyan sa Estadong iyon at hindi mo kinakailangang magbayad ng Hawaii Excise Tax para sa mga sasakyang de-motor na ipinapasok sa Hawaii.

Hindi kinakailangang magbayad sa pagrerehistro ang isang 100% medically disabled na beterano na mayroong kaukulang papeles.

Kapag sa ibang Estado ipinarehistro at tinituluhan ang iyong sasakyan at ngayon ay sasailalim sa pagpaparehistro sa Estado ng Hawaii, kinakailangan mong magbigay sa kaukulang ahensya ng county kung saan ka nakadestino ng isang aplikasyon kasama ang pang-estadong sertipiko ng pagmamay-ari at rehistrasyon (state certificate of title and registration) na galing sa ibang Estado, ang kasalukuyang sertipiko ng pangkaligtasang inspeksyon ng Estado ng Hawaii (Hawaii State certificate of motor vehicle safety inspection) ng iyong sasakyan, isang resibo ng pagpapadala ng iyong sasakyan, at isang pagpapatotoo ng vehicle identification serial number. Sa mga kaso ng mga Estadong di kailangan ng titulo, kinakailangan mong magbigay ng aplikasyon kasama ang iyong katibayan ng rehistro at isa o mahigit pang notaryadong katibayan ng pagbebenta (notarized bill of sale) na nagpapatibay ng kasaysayan ng pagmamay-ari, isang kasalukuyang Hawaii State vehicle safety inspection at isang pagpapatunay ng vehicle serial number.

MGA BAGONG SASAKYANG BINILI SA HAWAII

Kapag bumili ka ng bagong sasakyan sa Estado ng Hawaii, kinakailangan mong kumuha ng aplikasyong pirmado rin ng lisensyadong nagbebenta ng mga bagong sasakyan na nagpapatibay sa pagkakabili ng sasakyang de-motor.

MGA BAGONG SASAKYANG BINILI SA IBANG LUGAR

Iba-ibang dokumento ng pagmamay-ari ang kinakailangan ng mga Estado. Tatanggapin ng Hawaii ang certificate of origin ng manufacturer o isang notaryadong bill of sale.

MGA BAGONG SASAKYANG BINILI SA IBANG BANSA

Kapag bumili ka ng sasakyan sa ibang bansa, kinakailangan mong kumuha ng bill of sale na nakapangalan sa iyo mula sa banyagang dealer. Kinakailangang mayroong certification label ng manufacturer ang sasakyan na nagsasabing sumusunod ito sa mga pamantayan ng Estados Unidos at isang 17- numerong Vehicle Identification Number (tingnan ang 286-42(a), Hawaii Revised Statutes).

MGA GAMIT NA SASAKYANG BINILI SA IBANG BANSA

Kapag bumili ka ng gamit na sasakyan sa ibang bansa, kinakailangan mo ng katibayan ng rehistro at bill of sale bilang patunay ng pagmamay-ari. Tingnan ang 286-42(a), HRS.

MGA GAMIT NA SASAKYANG BINILI SA IBANG LUGAR

Kapag bumili ka ng sasakyan sa ibang huridiksiyon (Estado), kailangan kang kumuha mula sa nagbenta kung kanino nakapangalan ang titulo mula sa ibang lugar, ng katibayan ng titulo, katibayan ng rehistro, at isang notaryadong bill of sale. Kung binili ang sasakyan mula sa isang Estadong hindi kailangan ng titulo, kailangan mong kumuha mula sa nagbenta ng kasalukuyang katibayan ng rehistro o katibayan ng rehistro mula sa Estadong iyon at mga notaryadong bill of sale, isa mula sa nagbenta papunta sa iyo at isa mula sa dating may-aring pinagbilhan ng nagbenta papunta sa kanya.

MGA GAMIT NA SASAKYANG NAKAPANGALAN SA IYO NA IPINASOK SA ESTADO NG HAWAII MULA SA IBANG ESTADO

Kapag ang iyong sasakyan ay naka-rehistro sa ibang Estado, maaari kang mag-apply ng isang permit (pansamantalang rehistro) na magpapahintulot sa iyong magmaneho ng iyong sasakyan sa mga pampublikong kalsada at highway ng Hawaii hanggang sa petsa ng pagkapaso nito. Subalit, hindi maaaring mabigyan ng permit na hihigit sa 12 buwan ang bisa. Kailangan magpakita ng katibayan ng rehistro, resibo ng pagpapadala, at kasalukuyang certificate of Hawaii State motor vehicle safety inspection.

Sa pagkapaso ng permit (pansamantalang rehistro), maliban sa mga kasapi ng US Armed Forces, kinakailangan mong iparehistro ang iyong sasakyan sa kaukulang ahensya ng county ng iyong paninirahan.

PAGPAPAKITA NG PLAKA

Kailangang ipakita ang plaka sa likuran ng mga motorsiklo, trailer at mga semi-trailer; Kailangang ipakita rin ng iba pang uri ng mga sasakyan ang plaka sa harapan at sa likuran.

PAGLILISENSYA NG MOPED

Kinakailangang inspeksyunin, iparehistro at lisensyahan ang mga moped. Kinakailangang ipakita ang plaka at inspection sticker sa likuran ng moped.

KABANATA IV ANG DRAYBER

Sa anumang sitwasyon sa pagmamaneho, mayroong tatlong mahalagang elemento: ang kapaligiran (ang highway at trapiko), ang iyong sasakyan, at ang drayber – (ikaw). Sa tatlong elementong ito, ikaw lamang bilang drayber ang may kakayahang makakalap ng impormasyon tungkol sa umiiral na sitwasyon, gamitin ang iyong husay, kaalaman, karanasan at pagpapasiya; at gumawa ng hakbang upang ligtas na magampanan ang gawain sa pagmamaneho. Kahit maaaring punuan ng mabuting pagpapasiya ang kakulangan sa kahusayan, kaalaman at karanasan ang masamang pagpapasiya ay maaaring magpawalang-saysay anumang antas ng kagalingan sa mga bagay na iyon. Ang iyong saloobin sa pagmamaneho ang unang makakaapekto sa iyong pagpapasiya.

ANG EMOSYONAL NA BAHAGI NG PAGMAMANEHO

Kung ikaw ay nag-aalala, abala sa ibang bagay, o kung may iba kang iniisip, hindi ka maaaring umasa ng maging listo nang sapat upang makapagmamaneho nang ligtas. Maaaring pansamantalang madali kang maaaksidente dahil sa mga problemang tahanan, alitan, di-pagkakaunawan, problemang pinansyal, o sa sobrang pagtitiwala sa sarili. Ganito rin ang maaaring maidulot ng matitinding damdamin. Kinakailangang magkaroon ng kaunting panahon ng pagpapalamig o pag-aayos ang mga taong katatapos lang magkaroon ng marahas na pakikipagtalos, o galit, o nagdadalamhati bago magmaneho ng sasakyan. Maling pagpapasiya ang pagbuhos ng iyong pagkabigo o galit habang nagmamaneho sa mga daan o highway at maaaring maging magastos na paraan ng paglalabas ng iyong mga damdamin. *Ang pag-aalala at pagmamaneho ay hindi maaaring magsama.* Kung nag-aalala, may karamdaman, ninenerbiyos, natatakot, nagagalit o nanlulumo, hayaang iba na lang ang magmaneho.

Bilang isang matiwasay na tao, mas maaari kang maging magaling na drayber. Kinakailangang hindi ka lamang kumikilos mula sa sarili mong pananaw, kundi may pagpapahalaga at paggalang sa iba pang gumagamit ng mga daan at highway.

Tandaan, bawat tao ay may taglay na kapangyarihan kapag nasa likod ng manibela dahil nasa mga kamay ng drayber ang buong pagpapatakbo ng sasakyan. Ang pagkilos mo sa panahong nasa likod ka ng manibela at ang paggamit sa kapangyarihang ito ang magpapakita ng uri ng iyong pagkatao. Isa ka bang maton, walang pag-iisip na tagalabag ng batas o makasariling magnanakaw ng daan? Isa ka bang taong maaasahan, magalang, may matinong pag-iisip at damdamin, na handang makipagbigayan sa daan sa ikabubuti ng kaligtasang trapiko?

MGA PANGKALUSUGANG BAHAGI NG PAGMAMANEHO

May mahalagang kaugnayan ang kondisyon ng iyong pangangatawan sa iyong kakayahang magmaneho nang ligtas. Maaaring maging dahilan o makatulong sa pagkakaroon ng bangga ang alkohol, mga gamot, ang pagkakasakit o kapansanan.

ANG EDAD NG DRAYBER AT MGA AKSIDENTE

Ang kaugnayan ng edad ng drayber sa bilang ng mga aksidenteng kinasangkutan niya ang isa sa mga pinakamahalagang estadistikang galing sa mga datos ng mga aksidente ng mga sasakyang de-motor. Ipinapakita ng mga estadistikang ito na kulang-kulang doble ang inaasahang dami ng mga aksidente mula sa grupo ng pinakabatang mga drayber (kulang sa edad na 20). Habang tumataas ang edad ng drayber patuloy na nababawasan ang pagkakaroon ng mga aksidente hanggang mga edad na 50 hanggang 54 na taong gulang. Ang mga drayber na ito ang may pinakakaunting bilang ng aksidente sa lahat ng mga grupo ng edad. Simula sa edad na 55 dumadalas ang pangyayari ng mga aksidente habang tumataas ang edad. Mas madaming aksidente ang kinasasangkutan ng mga drayber na mas higit sa 75 ang edad, ngunit mas kaunti pa rin kaysa mga drayber na kulang sa 25 ang edad.

MGA PROBLEMA NG NAKABABATANG DRAYBER

Mayroong pagnanasang matanggap at makilala ng iba sa pamamagitan ng kanilang mga kakayahan ang mga nakababatang nasa sapat nang gulang. Bilang mga drayber, kinakailangan nilang minsan ay maipakita ang mga kakayahang ito. Kadalasan ang mga pagpapakitang ito ay lumalabis sa kakayahan ng sasakyan, ng daanan, at nang mga pinakabihasa at mahusay na drayber. Kadalasan nagpapatunay lamang ang mga gawaing ganito ng kakulangan sa kakayahan ng mga nakababatang drayber at nauuwi ito sa kapahamakan. Maaari kang umiwas na maipit sa ganitong sitwasyon sa pamamagitan ng:

1. Paglaban sa pagnanasang magpakita at makipagpagalingan. Ipinapakita lamang ng mga gawaing ganito ang iyong kakulangan sa karanasan at gulang.
2. Pagtangga sa lahat ng mga hamon upang patunayan ang kakayahan mo at ng iyong sasakyan. Ang pagtanggap ito ay sapat na patunay ng iyong sapat na gulang at responsibilidad.

PROBLEMA NG MGA NAKATATANDANG MGA DRAYBER

Ang higit na karanasan sa pagmamaneho ay nagdudulot ng higit na kahusayan at kakayahan sa pagmamaneho. Ayon sa estadistika, nagiging mas ligtas ang mga drayber habang nadaragdagan ang kanilang karanasan sa loob ng maraming taon, ngunit may hangganan. Sa bandang huli, ang pagtanda ay mauuwi sa:

1. Bawas na kakayahan sa pandinig at paningin;
2. Bawas na kaliksihan at mas mahabang panahon upang kumilos;
3. Mas mahabang panahon upang magpasiya sa mga sitwasyong pagmamaneho; at
4. Bawas na haba ng atensiyon at kakayahang tumutok sa ginagawang pagmamaneho.

Kadalasan hindi nakikita ng mga nakatatandang drayber ang unti-unting pagkabawas ng kanilang kakayahan upang kayanin ang pagmamaneho at pagdagdag ng kanilang pagiging panganib sa kanilang sarili at sa iba.

Kinakailangang lahat ng mga drayber, kabilang ang mga nakatatanda at bihasang drayber, ang:

1. Pagpapanatili ng lakas ng pangangatawan;
2. Pagkakaroon ng taon-taong pagpapatingin ng pangangatawan;
3. Pag-alam sa epekto ng mga gamot sa kakayahan sa pagmamaneho;
4. Pag-alam at pagmamaneho sa loob ng hangganan ng limitasyon; at
5. Pagkuha at pagsunod sa payo ng isang manggagamot kaugnay sa kakayahang magmamaneho.

KABANATA V

MGA BATAS AT REGULASYONG PANG-TRAPIKO

PANGKALAHATAN

Kinakailangan mong sumunod sa lahat ng mga batas trapiko kapag nagmamaneho sa daan o highway.

MGA PULIS

Kinakailangan mong sumunod sa lahat ng mga legal na utos at direksyon ng pulis.

MGA KARATULA AT MARKANG PANG-TRAPIKO

Kinakailangan mong magmaneho ng iyong sasakyan alinsunod sa nakalagay sa mga karatula, signal at marka sa mga kalsada.

PAGMAMANEHO SA KANANG PANIG NG DAAN

Kinakailangang sa kanang bahagi ng daan ka magmaneho. Kinakailangang nasa kanang bahagi ng kani-kanilang daanan ang mga sasakyang magkakasalubong. Sa makikitid na daan, kinakailangang bigyan ng hindi kukulangin sa kalahati ng pinakanadadaanang bahagi ng kalsada ang kasalubong mong sasakyan. Kung mas mabagal ang iyong takbo kaysa ibang sasakyan, magmaneho sa pinakakanang lane.

PAGMAMANEHO SA KALIWANG PANIG NG DAAN

Maaari kang magmaneho sa kaliwang bahagi ng daan kung:

- Lalampasan ang isang sasakyang tumatakbo na parehong direksyon sa isang daan na may dalawa o tatlong lane ng gumagalaw na trapiko, at kung walang kasalubong na trapiko.
- May nakaharang sa daan at hindi ginagamit ng mga kasalubong na sasakyan ang kaliwang panig ng daan.
- Nagmamaneho sa isang one-way (isang direksyon lang) na daan.

HINDI MAAARING magmaneho sa kaliwang panig ng daan kung:

- Ang daan ay may apat o higit na lane para sa gumagalaw na trapiko maliban kung itinuturo ito ng mga karatula.
- Papalapit sa ibabaw ng burol o sa kurbada.
- Papalapit sa loob ng 100 talampakan (30.5m) o tatawid ng isang crossing o riles.
- Papalapit sa loob ng 100 talampakan (30.5m) ng isang tulay o tunnel at hindi maaaring makita ang mga kasalubong na sasakyan.

PAGLAMPAS SA KANAN

Maaari kang lumampas sa kanan ng isang sasakyan:

- Kung ang lalampasan mong sasakyan ay kakaliwa, ngunit hindi mo maaaring idaan ang iyong sasakyan sa labas ng palitada o sa pinakanadadaanang bahagi ng daan para lumampas.
- Sa nakapalitadang daan o highway na may dalawa o mahigit na lane na markado para sa trapiko na magkabilang direksyon.
- Sa isang one-way na daan na may dalawa o mahigit na lane na markadong para sa trapiko.

MGA DAANG ONE-WAY

Kinakailangan mong magmaneho sa direksyon lamang na itinuturo ng mga nakapaskil na karatulang pantrapiko.

PAGMAMANEHO SA MGA DAANG MARKADO NG MGA LANE NA PANTRAPIKO

Kung ang kalsada o daan ay markado ng mga lane na pantrapiko, kinakailangan mong:

- Magmaneho sa loob ng markadong lane at huwag lumipat ng lane hanggang nakita mo na magagawa nang ligtas ang paglipat.
- Magmaneho sa wastong lane alinsunod sa mga nakalagay sa mga karatula o mga marka sa kalsada.

PAGSUNOD NANG NAPAKALAPIT

Kapag sumusunod ka sa ibang sasakyan, kinakailagan mong:

- Hindi sumunod nang mas malapit kaysa makatuwiran at angkop para sa kalagayan ng bilis, dami ng trapiko, daan at panahon. Tingnan ang pahina 67, Kabanata X.
- Kapag may hinihilang ibang sasakyan, mag-iwan ng sapat na agwat sa harap ng iyong sasakyan upang hayaang maka-overtake ang ibang sasakyan at ligtas na magamit ang agwat na iyon.

PAGMAMANEHO SA IPINAGHIWALAY NA MGA HIGHWAY

Kapag ipinaghihiwalay ang isang highway ng isang harang o puwang na walang palitada, hindi ka maaaring magmaneho patawid dito o lumusot sa harang maliban kung mayroong bukas na kalsadang inilaan para dito at hindi ito ipinagbabawal ng mga karatula.

MGA KINAKAILANGANG PAG-SIGNAL

Kapag nagpapabagal, lumiliko o lumilipat ng lane, kinakailangan mong sumignal upang ipaalam sa iba ang iyong balak gawin.

- Kinakailangan mong sumignal bawat pagkakataon, kahit na walang nakikitang ibang sasakyan.



PAGLIKO SA
KALIWA

PAGLIKO SA
KANAN

BABAGAL O HIHINTO

- Kinakailangang sumignal ng hindi kukulangin sa 100 talampakan (30.5 m) bago ka lumipat ng lane, lumiko o tumigil. Mga limang sasakyan ang kahabaang ito. Pinapapayuhang sumignal ng mas mahabang distansya kung mabilis ang pagmamaneho.
- Kinakailangang sumignal gamit ang kamay kung hindi gumagana ang mga signal sa pagliko ng sasakyan.
- Hindi nagbibigay sa iyo ng karapatan ang pag-signal upang gawin ang inihuhudyat na maneoobra; kinakailangan siguruhin mong magagawa ito nang ligtas at hindi nakakasagabal sa ibang trapiko.
- Huwag ipatong ang iyong paa sa pedal ng preno kung hindi gagamitin ang preno upang makaiwas na mabigyan ang mga sumusunod na drayber ng maling signal ng paghinto.

MGA KROSING NG RILES

Kinakailangan mong itigil ang iyong sasakyan nang hindi kukulangin sa 15 talampakan (4.6 m) mula sa pinakamalapit na riles kung:

- Nagbababala ng parating na tren ang nakalagay na de-koryente o mekanikal na signal;
- Nakababa ang isang harang sa may krosing o humuhudyat ang isang flagman ng papadating na tren;
- Nagbibigay ng naririnig na babala ng kanyang pagdating ang isang tren na mga 1,500 na talampakan ang layo; o
- Kapag nakikita na ang isang paparating at papalapit na tren na magiging panganib ito.

MGA PAGHIHIGPIT SA BILIS

Pinakamalaking sanhi ng karamihan ng mga aksidente ang labis na pagmamabilis para sa mga kalagayan ng trapiko.

Pinagbabatayang Batas: Hindi ka maaaring magmaneho sa bilis na hihigit sa makatuwiran at angkop.

Kinakailangan mong magmaneho sa ligtas at angkop na bilis ayon sa lugar ng pagmamaneho, ang klase at kalagayan ng trapiko, ang pagkakaroon ng mga naglalalakad, at ang mga kalagayan ng kaliwanagan.

Mga Hangganan ng bilis:

- Hindi ka maaaring magmaneho nang mas mabilis sa nakalagay na pinakamataas na hangganan.
- Hindi ka maaaring magmaneho nang mas mabagal sa nakalagay na pinakamababang hangganan.
- Hindi ka maaaring magmaneho nang sobrang bagal na inaabala mo ang ibang trapiko. Kapag hindi ka makahabol sa trapiko, tumabi ka sa gilid ng daan at palampasin ang ibang trapiko o lumipat ka sa ibang ruta. Kapag mas mabagal ka sa trapiko sa daan na mahigit sa isang lane, magmaneho ka sa kanang lane upang makalampas sa iyong kaliwa ang iba.
- Hindi ka maaaring makipagkarera, makipagpabilisan o anumang uri ng pagpapakita ng bilis sa daang pampubliko o highway.

Ang mga hangganan ng bilis ay makikita sa mga nakapaskil na karatula.

Kinakailangan ang pagbawas ng hangganan ng bilis sa mga sumusunod na lugar:

- Sa mga daang malapit sa mga paaralan at palaruan at mga lugar na kinalalagyan ng karatulang “School Crossing” (Tawirang-Paaralan) kapag mayroong mga mag-aaral.
- Sa mga daan sa mga lugar na pantahanan o pangkalakalan.

PAGPAPARADA

Sa maraming pagkakataon mahirap humanap ng paradahan. Kapag ipaparada ang iyong sasakyan kinakailangan mo ring isipin ang ibang tao. Maaaring maging kaabalahan at magastos na karanasan ang pagpaparada sa isang pinagbabawalang lugar. Bawal ang pumarada sa mga sumusunod na lugar:

- Sa anumang lugar na magiging panganib ang iyong sasakyan sa ibang trapiko sa daanan; hahatakin ang iyong sasakyan.
- Sa ibabaw ng bangketa o sa lugar sa may bangketa.
- Sa harap ng, o lubos na malapit sa, publiko o pribadong driveway na nakasasagabal ang iyong sasakyan sa paggamit ng driveway.
- Sa loob ng, o lubos na malapit sa, isang krosing na nakasasagabal ang iyong sasakyan sa trapiko.
- Sa harap ng, o lubos na malapit sa, boka-insendiyo na makasasagabal ng iyong sasakyan sa paggamit ng boka-insendiyo.
- Sa ibabaw ng, o lubos na malapit sa, isang tawiran na nakahaharang ang iyong sasakyan sa paningin ng ibang mga drayber sa mga naglalalakad.
- Sa anumang lugar sa mga oras na sinasabi ng mga opisyal na karatula o mga marka na bawal ang tumigil o pumarada.
- Sa ibabaw ng tulay, nakaangat na istraktura, o sa loob ng isang tunnel.
- Sa kalsada sa tabi ng isang sasakyang nakaparada sa gilid ng daan (double parking), nasa loob ka man ng sasakyan o hindi.
- Mahigit sa 12 pulgada (30 cm) ang layo mula sa gilid ng bangketa.
- Sa loob ng lugar para sa pagkarga ng pasahero o kargada.
- Sa anumang lugar na kukulangin na sa 10 talampakan (3 m) ang matitirang lapad ng daan para malayang madaanan ng trapiko.
- Sa anumang pampublikong daan upang magkumpuni (maliban kung emergency), maghugas, o magpakita ng anumang ibinebentang sasakyan.

- Kapag ang iyong sasakyan ay lumalampas sa labas ng markadong lugar ng paradahan maliban kung mas malaki ang iyong sasakyan sa markadong lugar.
- Sa pampublikong daan o highway nang tuloy-tuloy sa mahigit na 24 oras ang tagal pampublikong.

Maaaring maging kaabalahan at magastos na karanasan ang pagpaparada sa isang pinagbabawalang lugar. Bawal ang pumarada sa mga sumusunod na lugar:



- Sa isang lugar na makikila sa pamamagitan ng pandaigdigang simbolo ng accessibility, maliban kung ipapakita mo ang karatula o plaka na ibinigay sa taong may kapansanang isinasakay sa sasakyan.
- Sa daanan sa tabi ng isang accessible na paradahan. Kinakailangang panatiliing walang-sagabal ang daanan upang magamit ng pambuhay ng wheelchair/rampa o iba pang mga gamit na nakatutulong sa madaling pagkilos.

MGA LUGAR NG PAGHAHATAK

Hindi mo maaaring iparada o itigil ang iyong sasakyan, kahit panandalian lang maliban kung nahaharangan ng ibang sasakyan, sa anumang lugar sa mga oras na nakalagay sa mga opisyal na karatulang nagsasabing may umiiral na mga alituntunin sa paghahatak ng sasakyan. Ipahahatak ng mga pulis ang iyong sasakyan. Kapag nahatak ang iyong sasakyan, makipag-alam sa pulisya upang makakuha ng impormasyon sa pagbawi ng iyong sasakyan.

PANG-AABALA SA DRAYBER

Maaaring ituring na pang-aabala sa drayber ang pagmamaneho nang may higit sa tatlong tao sa upuan sa harap ng iyong sasakyan. Ipinagbabawal ang pang-aabalang ito.

INIWANG SASAKYANG DE-MOTOR

Kapag iniwan mong walang tao ang iyong sasakyan, kinakailangan mong:

- Patayin ang makina;
- I-kandado ang susian at alisin ang susi;
- Gamitin ang prenong pamparada; at
- Kung nakaparada ang sasakyan sa may gradong daan, ipihit ang mga gulong patungo sa tabi ng bangketa.

MGA SASAKYANG PANG-EMERGENCY

Kapag narinig mo ang nagbababalang signal (sirena, batingaw o busina) o nakita mo ang nagbababalang mga ilaw (kumikislap-kislap na pula o asul) ng isang sasakyang pang-emergency, kinakailangan mong magbigay ng walang-sagabal na daanan para sa sasakyang pang-emergency at HUMINTO. HUWAG MATATAKOT AT BIGLANG APAKAN ANG PRENO. Ibinibigay ng mga susunod na hakbang ang pamamaraan:

- Bawasan ang iyong bilis.
- Alamin kung saan nanggagaling ang sasakyang pang-emergency.
- Ilihis ang iyong sasakyan patungo sa gilid ng daan palayo sa daraanan ng sasakyang pang-emergency.
- Kapag ang sasakyang pang-emergency ay nakatutok sa likod ng iyong sasakyan sa kalagitnaan ng siksikang trapiko, panatiliing umuusad nang mabagal hanggang maaari kang makalihi sa daraanan nito.
- Kapag papalapit ka sa isang nakahintong sasakyang pang-emergency na may kumikislap na ilaw, magpatakbo nang mabagal o huminto kung hinihingi ng sitwasyon, lumayo para magkaroon ng libreng lane na hihawalay sa iyo at sa sasakyang pang-emergency, kung maaari at ligtas itong gawin. Tingnan ang 291C-27, HRS para sa mga kaparusahan.

MGA PRUSISYON NG LIBING AT CONVOY

May karapatan sa daan ang mga prusisyon ng libing at convoy. Kadalasang ginagamit ng mga sasakyan sa isang convoy ang kanilang mga headlamp upang sila'y makilala. Kadalasang may mga kakaibang marka ang una at huling sasakyan. Hindi ka maaaring sumingit sa pagitan ng mga sasakyan sa isang prusisyon ng libing.

SAGISAG NG MABAGAL NA SASAKYAN

Ang napaka-replektibong 18 pulgadang (46 cm) tatsulok na sagisag ay kinakailangang ipakita sa likuran ng sasakyang ginawa upang tumakbo sa bilis na hindi hihigit sa 25 mph (40 kph). Kapag nakita mo ang sagisag na ito, bawasan ang bilis at lumapit nang may pag-iingat.



MGA PATAKARAN SA BAWAL NA PAGLAMPAS

Inilalarawan ng mga sumusunod na guhit ang mahahalagang pagkakataon ng bawal na paglampas na iyong makakaengkwestro habang nagmamaneho. Sa mga guhit sa baba, hindi maaaring lumampas ang pulang sasakyan.


HUWAG LALAMPAS SA ILALIM NG MGA SUMUSUNOD NA KALAGAYAN:

1. Sa kanang gilid na daan ng highway.



GILID NA DAAN

2. Kapag papalapit sa isang burol o kurbada na kulang sa 700 hanggang 1000 talampakan (213 hanggang 305 na metro) ang nakikitang walang-sagabal na distansya sa harap.



BUROL

3. Kapag hindi magagawa ang paglampas nang walang panganib sa kaligtasan ng kasalubong na sasakyan at bago lumabas ang dilaw na guhit sa iyong lane.

Paunawa: Kapag nilalampasan ka, ipinagbabawal ng batas ang iyong pagpapabilis.



KASALUBONG NA SASAKYAN

4. Kapag mayroong buong dilaw na guhitsa iyong lane. (Hanapin ang dilaw na karatulang “NO PASSING ZONE” sa kaliwang panig ng hinaharap na daan.



KURBADA

5. Kapag mayroong school bus sa iyong dinaraan at kumikislap-kislap ang ilaw nito.



SCHOOL BUS

6. Kapag papalapit sa loob ng 100 talampakan (30m) o dumadaan sa anumang krosing o riles ng tren, kapag papalapit sa loob ng 100 talampakan (30m) ng kahit na anong may karatulang makitid na tulay, viaduct o tunnel.


Paunawa: Hindi nangangahulugang ligtas nang lumampas sa katapusan ng isang "no passing zone". Ibig sabihin lamang na may dagdag na tanawin sa hinaharap.




KROSING

MGAPATAKARAN SA KARAPATANSA DAAN


Inilalarawan ng mga sumusunod na guhit ang mahahalagang patakaran sa karapatan sa daan na iyong makakaengkwentro sa mga krosing. Sa mga guhit sa baba, kinakailangang magbigay ang pulang sasakyan ng karapatan sa daan sa lahat ng pagkakataon.




Magbigay sa sasakyan sa kanan kapag sabay makararating sa krosing.




Magbigay sa lahat ng mga kasalubong na trapikong napakalapit at maaaring maging panganib kung papaliko sa kaliwa.




Magbigay sa lahat ng trapikong nasa protektadong ruta.



Huminto at magbigay sa lahat ng trapiko sa protektadong ruta.



Magbigay sa lahat ng mga naglalakad at mga sasakyang naipit sa krosing kapag naging berde ang ilaw.



Huminto at magbigay kapag papasok sa anumang daang publiko o kalsada mula sa eskinita, driveway o bukid - way or farmyard.

KABANATA VI MGA KARATULA AT MARKANG PANG-TRAPIKO

Pinamamahalaan ang daloy ng trapiko ng mga marka sa kalsada, mga islang pantrapiko, mga signal at mga karatula. Ipinaaalam sa iyo ng mga kagamitang ito ang mga kalagayang may kaugnayan sa daan at tumutulong ang mga ito upang gabayan kang makarating nang ligtas sa iyong patutunguhan.

Mayroong tatlong katagorya ng mga kagamitan para sa pamamahala ng trapiko:

Mga Regulatory Device (Kagamitang Pampamalakad) ang nag-uutos sa iyo upang huminto, tumuloy sa sinasabing direksyon, o limitahan ang bilis ng iyong takbo. Iniutos ng lahat ng mga regulatory device ang mga kinakailangan mong gawin. Paparusahan ang lababag sa mga ito.

Mga Warning Device (Kagamitang Pambabala) ang nagpapaalam sa iyo ng mapapanganib na kalagayan o ng maaaring maging mapapanganib na kalagayan. Para sa sariling kaligtasan, sundin ang mga warning device. Maaaring mauwi sa aksidente dahil sa iyong kapabayaang pagsasawalang-bahala sa impormasyong ibinibigay ng isang warning device.

Mga Guide and Information Sign (Karatulang Gumagabay at Nagpapaalam) ang tumutulong sa iyong mahanap ang iyong daan nang ligtas o magbigay ng impormasyon upang gawing mas maginhawa ang iyong paglalakbay.

MGA MARKA SA KALSADA

Mga marka sa kalsada ang mga linya, salita o hugis na nakatatat sa kalsada gamit ang pintura, mga reflector o iba pang pangmarka.

Mga gitnang-inya:

Mga dilaw na gitnang linya ang ginagamit bilang pambukod ng mga trapikong gumagalaw sa magkasalubong na direksyon.



Mga Nag-iisang Putol-putol na Linyang-dilaw ang ginagamit upang matandaan ang gitnang linya kapag dadalawa ang mga lane ng trapiko. Kinakailangan kang magmaneho sa kanan ng gitnang-linya ngunit maaari mo itong tawirin kapag ligtas mong malalampasan ang ibang sasakyan.



Mga Dobleng Buong Linyang-dilaw ang ginagamit upang tandaan ang gitna ng daan kung saan bawal ang paglampas sa magkabilang direksyon. Maaari mo lamang tawirin ang mga linyang ito UPANG KUMALIWA PAPASOK O GALING SA ISANG ESKINITA, PRIBADONG DAAN O DRIVEWAY.





Mga Linyang Bawal ang Paglampas ang mga nag-iisang buong linyang dilaw na nagpapakita ng mga lugar sa mga daang dalawang lane kung saan bawal ang paglampas. Maaari mo LAMANG tawirin ang linyang ito upang kumaliwa papasok o galing sa isang eskinita, pribadong daan o driveway.

Mga marka sa mga Lane:



Mga puting linya ang nagbubukod sa mga lane ng trapikong gumagalaw sa iisang direksyon. Kinakailangan mong magmaneho sa pagitan ng mga linyang ito.

Ang mga Nag-iisang Putol-putol na Puting Linya ng Lane ay maaaring tawirin kung magagawa ito nang ligtas.




Ipinaaalam ng mga Nag-iisang Buong Puting Linya na mapanganib ang magpalipat-lipat sa mga lane. Mas malapad ang linya, mas malaki ang panganib. Maaari kang tumawid sa buong puting linya SA MGA DI-PANGKARANIWANG KALAGAYAN LAMANG AT KUNG SAKALI MAN KINAKAILANGAN NG LUBOS NA PAG-IINGAT.


Ipinapaalam ng mga dobleng buong linyang-puti na ipinagbabawal ang paglipat-lipat sa mga lane. HINDI KA MAAARING TUMAWID SA DOBLENG BUONG LINYANG-PUTI.



Ipinapaalam ng mga Pulang Marka sa Kalsada o mga reflector na hindi maaaring pasukin o gamitin ang isang daan.





Mga Linyang-gilid ang buong puti o dilaw na linya sa gilid ng daan na ginagamit bilang gabay sa kaligtasan. Ginagamit ang mga puting linya sa kanang gilid ng daan at maaaring nasa kaliwang gilid ng mga pinaghating daan at highway ang mga dilaw na linyang-gilids.




Mga *Linyang Hintuan* ang mga buong puting linyang nakapinta pahalang sa mga lane ng trapiko sa mga krosing at tawiran ng mga naglalakad na nagsasaad ng mismong lugar kung saan hihinto.

Ipinapakita ng mga *Linyang Tawiran* sa mga naglalakad kung saan ligtas na tatawid sa daan o kalsada, tinutulungan din ng mga ito ang mga karatula upang magbigay babala sa mga drayber na maaaring may mga tumatawid sa lugar na iyon. **KINAKAILANGAN MONG TUMIGIL PARA SA MGA NAGLALAKAD SA MGA TAWIRAN.**




Mga *Marka ng Pagkaliwa sa Lagusang Magkabilang Direksyon* ang pinagsamang buo at pinagputol-putol na linyang dilaw sa gitna ng daan na nagmamarka ng isang lane sa gitna ng daan na maaaring gamitin ng mga sasakyang tumatakbo sa magkabilang direksyon upang kumaliwa LAMANG. **HINDI KAILANMAN** maaaring gamitin ang lane sa pag-overtake.

Mga Marka ng Hadlang ang mga buong linyang nakapinta sa lane ng trapiko na gumagabay sa pagdaan sa paligid ng mga hadlang tulad ng mga poste ng tulay sa daan. Maaaring dilaw o puti ang mga marka. Maaari kang dumaan sa magkabilang panig ng puting marka ngunit sa kanan ka lamang ng markang dilaw maaaring dumaan.




Mga Markang Pandireksyon ang mga puting arrow o salitang nakapinta sa lane ng trapiko na nagtuturo ng direksyon na kailangan mong puntahan. Kinakailangang tumakbo ka SA DIREKSYONG ITINUTURO NG ARROW LAMANG. Kapag may mga arrow na nagtuturo ng mahigit sa isang direksyon, maaari kang mamili sa mga direksyong itinuturo.

Mga *Markang Krosing ng Riles* ang mga puting markang nakapinta sa lane ng trapiko sa harap ng mga krosing ng riles. Ang kalsada ay markado ng isang malaking "X" at dalawang mga "R". Isang buong lingyang-dilaw na gitnang-linya ang umaabot sa buong distansya upang pigilan ang paglampas, at isang puting linyang hintuan ang nakapinta pahalang sa lane ng trapiko.



Maraming iba't ibang disenyo ang mga *Marka sa Islang Trapiko*. Maaari itong ipinintang mga marka lamang sa kalsada o pinaghalong pagbabangketa, pagpapalitada o pina-landscape na mga lugar. Ginagamit ang mga Islang Trapiko upang patnubayan kayo sa mga hiwa-hiwalay na lane ng trapiko. Tinatawag ang mga Islang Trapiko na "Safety Islands" (Mga Islang Pangkaligtasan) kapag ginagamit ang mga ito upang pangalagaan ang mga naglalakad na maaaring kinakailangang tumayo sa daan. **HINDI KA MAAARING MAGMANEHO PAPASOK O PATAWID SA ISANG ISLANG TRAPIKO KAILANMAN.**



MGA SIGNAL-TRAPIKO

Pangunahing silbi ng mga signal-trapiko ang pamamatnubay at pamamahala ng trapiko. Ginagamit ang mga ito sa mga krosing at iba pang lugar kung saan kinakailangang gambalain ang agos ng trapiko.

Karaniwang Mga Tatlong-Kulay Na Signal:



Pangunahing gamit ng mga signal na ito ang pagpapahinto at pagpapadaloy ng trapiko sa mga lugar na maraming magkakasalungat na galaw ng mga sasakyan.

Ibig sabihin ng *Pulang Ilaw* na kinakailangan mong huminto:


1. Sa linyang hintuan, o
2. Kapag walang linyang hintuan, bago pumasok sa anumang tawiran, o
3. Kapag walang linyang hintuan o tawiran, bago pumasok sa krosing; at
4. Manatiling nakahinto hanggang magpalit sa berde ang signal.

Pagkatapos huminto, maaari kang lumiko pakanan maliban kung ipinagbabawal ng isang karatula ang galaw na ito. Kinakailangan mong magbigay sa lahat ng mga naglalakad at sasakyan kapag liliko ng ganito.

Pagkatapos huminto maaari ka ring lumiko pakaliwa sa pulang ilaw mula sa isang one-way na daan papasok sa isa ring one-way na daang gumagalaw pakaliwa, maliban kung may karatulang nagbabawal dito.



Kapag *Dilaw ang Ilaw* nangangahulugang malapit nang lumabas ang pulang ilaw. Kinakailangang iwasan mong pumasok sa krosing kapag lumabas na ang dilaw na ilaw. **HINDI KA MAAARING PUMASOK SA KROSING PAGKATAPOS LUMABAS ANG PULANG ILAW.**



Ibig sabihin ng *Berdeng Ilaw* na maaari kang dumiretso o lumiko maliban kung pinagbabawalan ng mga karatula ang pagliko. Kinakailangan mong magbigay sa lahat ng mga naglalakad at sasakyang naroroon na sa loob ng krosing.

Mga Inilawang Arrow

Ginagamit minsan ang mga nakailaw na arrow upang pamahalaanan ang mga pagliko mula sa isang partikular na lane.



Magkasingkahulugan ang isang *Pulang Arrow* at ang isang Pulang Ilaw para sa itinuturong lane ng trapiko.



Magkasingkahulugan ang isang *Dilaw na Arrow* at ang isang Dilaw na Ilaw para sa itinuturong lane ng trapiko.



Magkasingkahulugan ang isang *Berdeng Arrow* at ang isang Berdeng Ilaw para sa itinuturong lane ng trapiko
NGUNIT KINAKAILANGAN MONG TUMULOY SA DIREKSYONG ITINUTURO NG ARROW.

Magkahalong mga Signal

Pinamamahalaan ang paggalaw ng mga sasakyan sa lahat ng mga lane ng trapiko ng mga pinagsamang arrow na signal at karaniwang mga signal.



Magkasingkahulugan ang mga may kulay na ilaw at arrow tulad ng nasabi na dati para sa mga signal na ilaw at arrow. **KINAKAILANGAN MONG GUMALAW SA DIREKSYON LAMANG NA ITINUTURO NG BERDENG ARROW KAPAG NAKAILAW ITO.**

Mga Signal na Kumikislap-kislap

Paminsan-minsan, nagbibigay babala tungkol sa panganib ang mga kumikislap-kislap na signal.



Magkasingkahulugan ang isang *Pulang Kumikislap-kislap na Signal* at ang isang stop sign (karatula ng paghinto). Maglalagay din ng isang stop sign kung saan nakalagay ang signal na ito.



Ibig sabihin ng *Dilaw na Kumikislap-kislap na Signal* na maaari kang tumuloy nang may pag-iingat.

Kapag ang mga karaniwang signal-trapiko ay kumiskislap-kislap magkasingkahulugan ito ng nabanggit na mga kumiskislap-kislap na pula o dilaw na signal.

Mga Signal ng Pamamahala ng Lane

Kung minsan mas mainam ang magkaroon sa isang lane ng isang direksyon ng trapiko sa mga partikular na oras at pakabilang direksyon naman sa ibang mga oras. Ginagamit ang mga signal ng pamamahala ng lane upang pamahalaan ang direksyon ng paggalaw ng trapiko sa mga lane. Inilalagay ang signal sa ibabaw ng lane na pinamamahalaan nito.



Ibig sabihin ng *Pulang 'X'* na hindi mo maaaring gamitin ang lane dahil ginagamit ito ng pasalubong na trapiko.



Ibig sabihinng *Berdeng Arrow* na maaari mong gamitin ang lane na iyon.



Ibig sabihinng *Yellow 'X'* na kinakailangan mong lumabas sa lane ng trapikong iyon dahil gagamitin na iyon ng trapikong gumagalaw sa pakabilang direksyon. Kapag kumikislap-kislap ang Dilaw na "X" na signal maaari mo lamang gamitin ang lane na iyon kung naghahanda ka sa pagkaliwa.

Mga Signal Para sa mga Naglalakad

Natatanging uri ng mga signal-trapiko ang mga signal para sa mga naglalakad na ginagamit lamang upang pamahalaan ang pagkilos ng mga naglalakad. Binubuo ang mga signal na ito ng mga inilawang mga salitang "WALK" (LUMAKAD) at "DON'T WALK" (HUWAG LUMAKAD) at ng mga simbolo ng taong naglalakad at simbolo ng nakataas na palad.



Ang *DONT WALK* o *simbolong nakataas na palad*. Ibig sabihin ng nakapirming signal na hindi maaaring pumasok ang mga naglalakad sa daan patungo sa signal. Ibig sabihin ng kumukislap-kislap na "DON'T WALK" o nakataas na palad na signal na hindi maaaring simulang tumawid sa daan ngunit maaaring magpatuloy ang mga kasalukuyang tumatawid sa pagtungo sa pinakamalapit na bangketa, islang-trapiko o lugar ng kaligtasan.



Ang *WALK* o *simbolo ng taong naglalakad*. Ibig sabihin ng nakapirming signal na maaaring tumawid ang mga naglalakad patungo sa signal. Minsang ginagamit ang kumikislap-kislap na "WALK" o signal ng naglalakad na tao upang magbabala na maaaring magkabanggaan ang mga naglalakad at mga sasakyan.

MGA SIGNAL-TRAPIKO

Binibigyan kayo ng mga signal-trapiko ng impormasyon tungkol sa mga dapat ninyong gawin, binabalaan kayo ng mga maaaring panganib; at binibigyan kayo ng mga impormasyon tungkol sa mga ruta at lokasyon.

Malalaman ang kahulugan ng mga signal-trapiko sa pamamagitan ng kulay at hugis bilang dagdag sa mga salita, titik, numero at anyo.

Mga Kulay at Hugis

Ipinaaalam ng Kulay Pula na ipinagbabawal ang isang kilos. Lumalabas ang kulay pula sa mga karatulang iba't ibang hugis.

Nagbababala ang *Kulay Dilaw* ng mga mapanganib na kalagayan. Halos laging lumalabas ang kulay na ito sa hugis-dyamanteng karatula.



Nagbababala ang *Kulay-Kahel* na may ginagawang kalsada. Lumalabas ang kulay na ito sa mga karatulang hugis rektanggulo o dyamante.

Iniuutos ng mga *Kulay Itim at Puti* ang isang kilos na kinakailangang gawin. Palaging hugis rektanggulo ang mga Itim at Puting karatula.

Ginagamit ang mga *Kulay Berde, Asul at Kayumanggi* sa mga karatulang gumagabay at nagpapaalam. Kalimitang lumalabas ang mga kulay na ito sa mga hugis rektanggulong karatula.



Isang walong-gilid na karatulang puting nakapatong sa pula ang *STOP SIGN* na nagsasabing ibang trapiko ang may karapatan sa daan. Kinakailangan mong palagiang ihinto nang lubos ang iyong sasakyan at magbigay sa mga paparating na sasakyan bago magpatuloy. Kinakailangang gawin ang paghinto sa "linyang-hintuan". Kung walang "linyang-hintuan", kinakailangan mong huminto bago pumasok sa anumang tawiran, markado man o hindi. Kapag hindi mo makita ang ibang trapiko sa unang hintuan, umabante nang mabagal at tumigil muli kung saan nakikita mo ang mga paparating na trapiko.



Isang tatsulok na pula at puting karatula ang *YIELD SIGN* na nagsasabing ibang trapiko ang may karapatan sa daan. Maging handa sa paghinto kapag papalapit sa isang "YIELD SIGN". Kinakailangan mo lamang huminto kapag mayroong ibang trapikong may karapatan sa daan.



Mga rektanggulong itim at puting karatula ang mga *SPEED LIMIT SIGN* na ginagamit upang ipakita ang mga itinalagang pinakamabilis at pinakamabagal na hangganan ng bilis. Maaaring magbigay ng kakaibang hangganan ng bilis na gagamitin sa mga partikular na oras, o sa ilalim ng mga partikular na kalagayan, o para sa mga partikular na uri ng sasakyan. HINDI KA MAAARING MAGMANEHO NANG HIGIT SA NAKALAGAY NA PINAKAMABILIS O KULANG SA NAKALAGAY NA PINAKAMABAGAL NA HANGGANAN NG BILIS.



Katulad ng kulay at hugis ng mga speed limit sign ang mga *REDUCED SPEED AHEAD SIGN* at nagbibigay ang mga ito ng paunang sabi upang pabagalan ang iyong sasakyan para sa nalalapit na speed limit na karatula. Nagpapasabi ang mga karatulang ito na dapat mo nang simulan ang pagbabawas ng iyong bilis. Nagsisimula ang bagong speed limit sa susunod na speed limit sign.



Mga rektanggulong itim at puting karatula ang mga *LANE USE CONTROL SIGN* (PAMAMAHALA SA PAGGAMIT NG LANE) na nagsasabi ng mga kinakailangang pagliko o may mga di-pangkaraniwang mga paglikong pinapayagan mula sa mga partikular na lane sa isang krosing. Kinakailangan mong imaneho ang iyong sasakyan sa direksyong itinuturo lamang para sa iyong lane ng trapiko.



Mga rektanggulong karatula ang mga *DO NOT PASS SIGN* na nagsasaad ng mga lugar kung saan hindi maaaring mag-overtake sa mga dalawa- o tatlong-lane na daan. HINDI MO MAAARING LAMPASAN ANG IBANG SASAKYAN SA MGA LUGAR NA NAKALAGAY ANG MGA KARATULANG ITO.



Mga hugis banderitang dilaw at itim na mga karatula ang mga *NO PASSING ZONE SIGN* na dagdag sa mga "Do Not Pass" na mga karatula. Matatagpuan sa kaliwang gilid ng daan ang mga banderita at itinuturo nito ang simula ng lugar na bawal ang pag-overtake.



Mga rektanggulong itim at puting karatula ang mga *PASS WITH CARE SIGN* na nagpapalam ng katapusan ng lugar na bawal ang pag-overtake.

Mga rektanggulong itim at puting karatula ang mga *OTHER ALIGNMENT SIGN* na nagsasabi kung saan mo kinakailangang magmaneho upang hayaan ang trapikong dumaloy nang ligtas at maayos.



Mga rektanggulong karatulang naglalaman ng pulang bilog sa ibabaw ng puting likuran o pulang bilog na may pulang diyagonal sa ibabaw ng itim at puting likuran ang mga *EXCLUSION SIGN*. Naghihigpit o nagbabawal ang mga karatulang ito sa mga sasakyan o paggalaw ng mga sasakyan o pagbawal sa iba pang mga gawain.

Mga **IBA PANG REGULATORY SIGN**. Marami pang ibang mga karatula ng pamamahala; lahat ay rektanggulong may itim o pulang mga titik sa ibabaw ng puting likuran. Pinaghihihigpitan ng karatulang ito ang mga tao, sasakyan, bigat at uri ng mga sasakyan, pagparada, at iba pa.



MGA KARATULANG NAGBABABALA

Nagbababala ang mga karatulang ito sa mga panganib na mayroon o makikita sa loob o malapit sa daan. Kinakailangan mong maghandang kumilos nang ligtas at nararapat, kapag makita mo ang mga karatulang ito. Kadalasang hugis dyamante na may itim na anyo, titik at gilid, sa ibabaw ng dilaw na likuran.



Pinaghating Highway



Nagtatapos ang Pinaghating Highway



Burol



Madulas kapag basa



Tawiran Ng Mga Naglalakad



Nagtatapos Ang Lane O Kikitid Ang Daan



Maaaring mangahulugang
Tawiran ng Paaralan o Lugar ng Paaralan ang karatulang ito



Nalalapit Na Signal-Trapiko

MGA KARATULANG GUMAGABAY AT NAGPAPAALAM

Kabilang sa mga karatulang ito ang lahat ng mga karatulang naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa iyong kinaroroonan at lokasyon ng mga lugar at serbisyo. Mga karaniwang karatula ang: mga karatula ng ruta, mga karatula ng lokasyon at distansya, mga karatula ng mga parke, mga karatula ng mga aliwan, at mga karatula ng impormasyon ng mga serbisyo.



MGA KAGAMITANG PANG-KONSTRUKSYON AT PANGANGALAGA

Iba't ibang mga kagamitan ng pamamahala ng trapiko ang ginagamit sa mga lugar ng trabaho para sa konstruksyon at pangangalaga, upang gabayan ang mga drayber at naglalakad sa ligtas na pagdaan sa lugar ng paggawa at upang mabigyan ng kaligtasan ang mga trabahador ng highway.

Karaniwang ginagamit na mga tagapamahala ng trapiko ang mga karatula, barikada, dram, cone, tubo, kumikislap-kislap na arrow at mga taong taga-bandila. Kulay-kahel ang karaniwang kulay ng mga kagamitang ito.

Mga Karatulang Pang-Konstruksyon At Pangangalaga:


Ginagamit ang mga karatulang pang-konstruksyon at pangangalaga upang ipaalam sa mga drayber ang mga kakaiba o maaaring mapanganib na kalagayan sa loob o malapit sa lugar ng paggawa. Karamihang hugis dyamante ang mga karatula sa mga lugar ng paggawa. Rektanggulo ang ilan sa mga karatulang ito.



Mga Kagamitang Pang-channelize:

Mga barikada, nakatayong panel, dram, cone at tubo ang mga pinakakaraniwang ginagamit upang i-alerto ang mga drayber sa mga kakaiba o maaaring mapanganib na kalagayan sa lugar ng paggawa sa highway o daan at upang gabayan ang mga drayber na makadaan nang ligtas sa mga lugar ng paggawa. Sa gabi, karaniwang may kumikislap-kislap o nakapirring ilaw ang mga ito.

Ginagabayan ang mga drayber ng mga diyagonal na guhit sa mga barikada o nakatayong mga panel tungo sa direksyon kung saan dadaan ang trapiko. Kinakailangang pumanig sa kanan ang mga drayber para sa mga guhit na bumababa patungong kanan. Sa kabaligtaran, pumanig naman sa kaliwa ang ibig sabihin ng mga guhit na bumababa patungong kaliwa.



Mga Panel ng Kumikislap-kislap na Arrow:

Maaaring gumamit ng mga malalaking panel ng kumikislap-kislap o sunod-sunod na arrow sa mga lugar ng paggawa sa umaga man o sa gabi upang gabayan ang mga drayber tungo sa mga particular na lane at upang paalaman sila na sarado ang bahagi ng daan o kalsadang nalalapit sa kanila.




Mga Taga-Bandila:

Karaniwang naglalagay ng mga taga-bandila sa lugar ng paggawa sa highway o kalsada upang pahintuin, pabagalin o gabayan ang trapiko upang makadaan nang ligtas sa mga lugar na ito. Nakasuot ng kulay-kahel na mga tsaleko, kamiseta o jaket ang mga taga-bandila at gumagamit sila ng mga pulang bandila o mga stop/slow na mga paddle upang ituro sa trapiko ang daanan sa mga lugar ng paggawa.



TRAFFIC STOP



TRAFFIC PROCEED


KABANATA VII MGA PAMAMARAAN SA AKSIDENTE

Mga kinakailangan mong gawin kapag nasangkot sa isang aksidente.

Kinakailangang ipaalam agad sa pulisya sa pamamagitan ng pinakamabilis na paraan ng komunikasyon ang mga aksidenteng-trapikong nagdudulot ng anumang pinsala sa tao, kamatayan, o pagkasira ng ari-arian na nagkakahalaga ng \$3,000 o mahigit.

Kapag nasangkot sa aksidente:

1. Agarang huminto. Kung maaari, ilipat ang iyong sasakyan sa labas ng dinadaanang bahagi ng kalsada. Huwag aalis sa lugar ng pinangyarihan nang hindi ipinapakilala ang iyong sarili at nagbibigay ng tulong.
2. Tulungan ang mga nasaktan.
 - a. Tumawag sa pinakamalapit na ahensya ng pulisya. Humingi ng ambulansya kung kinakailangan.
 - b. Kumilos agad nang may pag-iingat. Huwag ilipat ang mga nasaktan nang hindi kinakailangan. Maaaring maging malubha ang maliliit na pinsala dahil sa pag-aasikaso nang walang kaalaman. Panatiliing maginhawa ang mga nasaktan hanggang dumating ang bihasang tulong. Kapag mayroong malubhang pagdurugo, subukang pigilan ang pagdaloy ng dugo sa pamamagitan ng direktang pagdiin. Pangalagaan ang biktima mula sa mga paparating na trapiko.
3. Magbigay babala sa mga dumaraang trapiko. Maglagay ng taong magbababala sa mga papalapit na sasakyan upang maiwasan ang karagdagang pinsala mula sa paparating na trapiko. Magtabi ng flashlight at mga flare sa iyong sasakyan para sa mga emergency.
4. Makipagpalitan ng impormasyon. Kinakailangan magbigay ng kanilang mga pangalan, adres, at numero ng rehistro ng sasakyan ang mga drayber; at kapag pinakiusapan, ipakita ang lisensya sa sinumang taong nasaktan sa aksidente o sa drayber o pasahero o sinumang umaasikaso sa sasakyan o iba pang ari-ariang napinsala sa aksidente.
5. Kapag nakabangga ng sasakyang walang sakay, huminto at hanapin ang may-ari, o mag-iwan ng sulat na naglalaman ng iyong pangalan at adres, at paliwanag tungkol sa nangyaring aksidente. Kapag nakapinsala ng iba pang ari-arian sa tabi ng highway, ipaalam sa may-ari.




KABANATA VIII

ANG BATAS NG PANANAGUTAN SA KALIGTASAN NG SASAKYANG DE-MOTOR

SINO ANG APEKTADO NITO?


Lahat ng mga drayber na sangkot sa aksidenteng-trapiko na nagbunga ng kamatayan, pinsala sa pangangatawan, pinsala sa ari-arian na hihigit sa \$3,000, at lahat ng taong nahatulan ng hukuman ng mga kasalanang may kaugnayan sa mga sasakyan.



ANO ANG KINAKAILANGAN MONG GAWIN MATAPOS ANG AKSIDENTE? (Tingnan ang Kabanata VII, pahina 52)

Ipaalam ang aksidente sa Pulisya at kompanya ng insurance at: magbigay ng katibayan ng insurance (Form SR-21).

ANO ANG KINAKAILANGAN MONG GAWIN KAPAG NAHATULAN NG MGA PAGKAKASALANG MAY KAUGNAYAN SA MGA SASAKYAN?



Magbigay at magtabi ng katibayan ng pananagutang pinansyal sa loob ng tatlong (3) taon mula petsa ng paghatol;
magbigay ng katibayan ng insurance (Form SR-22).

ANO ANG PARUSA SA HINDI PAGSUNOD?



Sususpendihin ang lisensya ng drayber.

BATAS NG INSURANCE NG MGA SASAKYANG DE-MOTOR

SINO ANG NANGANGAILANGAN NG INSURANCE PARA SA SASAKYANG DE-MOTOR?

Kinakailangan ng insurance para sa sasakyang de-motor ang lahat ng may-ari ng kotse, bus o trak upang makapagparehistro o makapagmaneho ng sasakyan sa Estado.

ANO ANG PINAKAMABABANG MANDATORYONG SAKLAW?

Kabilang ang hanggang \$10,000 na batayang benepisyo kada tao para sa:

Mga gastos para sa pagpapagamot at rehabilitasyon;

Kabilang ang saklaw ng pananagutan na \$20,000 kada tao na may kabuuang limitasyon na \$40,000 kada aksidente para sa pinsala sa pangangatawan, at \$10,000 para sa pinsala sa ari-arian kada aksidente. (PAUNAWA: Hindi nasasaklawan ang iyong sariling sasakyan maliban kung mayroon kang karagdagang insurance.)

KAILAN AKO MAGHAHABLA O MAIHABLA?

Maaari kang maghabla o maihabla upang makabawi sa pinsala sa ari-arian kahit kailan ngunit hindi para sa pinsala sa pangangatawan maliban kung:

Humigit sa \$5,000 ang mga bayarin sa pagpapagamot; o

Nagbunga ang pinsala ng kawalan ng bahagi o gamit ng katawan, o permanente at malubhang pagkasira ng anyo; o

Nagbunga ng kamatayan ang pinsala.

ANO ANG KAPARUSAHAN?

Ang sinumang lumabag sa anumang angkop na probisyon ng batas ng insurance para sa sasakyang de-motor ay sasailalim sa sitasyon para sa nasabing paglabag, at bawat paglabag ay ituturing na hiwalay na pagkakasala at papatawan ng multang hindi hihigit sa \$5,000 o tatlung (30) araw na pagkakakulong, o suspensyon ng lisensya para sa sasakyang de motor, o pagbawi sa katibayan ng rehistro ng sasakyan, o alinmang kombinasyon ng mga nasabing parusa.

KABANATA IX ALKOHOL AT IBA PANG MGA GAMOT

ANG PROBLEMA:

Ang malaking bilang ng mga drayber na nasa ilalim ng impluwensya ng alkohol ang isa sa mga pinakamalaking problema sa pagmamaneho. Isa sa mga sanhi sa mahigit na 18,000 (mga 40%) na nakamamatay na aksidente sa sasakyan na nangyayari taon-taon sa Estados Unidos ang paggamit ng alkohol. Problema mo ito bilang drayber, umiinom ka man o hindi.

Hindi limitado ang problema sa mga nagmamanehong lasenggo o palagiang lasing. Kasali rito ang sinumang nagmamaneho pagkatapos uminom ng alkohol, kahit hindi ito nakapaloob sa medisina. Dahil may masamang epekto ang alkohol at mga gamot sa kakayahang magmaneho, ang mga taong nasa impluwensiya nito ay madaling magkamali sa pagtantiya kung gaano sila kalasing. Ang taong nagmamaneho na kahit konti lang ang kalasingan ay mas madaling makagawa ng seryosong kamalian na maaaring magdulot ng kapahamakan.

ANG SOLUSYON:

Nakasalalay sa iyo, ang drayber, ang malaking bahagi ng responsibilidad upang malutas ang problema.

- Kinakailangan mong maintindihan ang nagagawa sa iyo ng alkohol;
- Kinakailangan mong malaman ang iyong limitasyon at huwag kang lalabis dito; at
- Kinakailangan mong pigilan ang sarili sa pagmamaneho kapag nakainom.

ALKOHOL:

May ilang mga bagay na kailangan mong tandaan tungkol sa alkohol:

- Isang pampaantok at hindi pampasigla ang alkohol. Pinababagal nito ang biglaang pagkilos o reflex, nakagugulo sa pagpapasiya, nakababawas sa pagkalisto at nakapanlalabo sa paningin. Kapag nakararamdam ka ng pagsigla matapos uminom, dahil lamang sa pinabababa nito ang iyong inhibisyon, na nagiging sanhi ng kawalan ng pag-iingat at kontrol sa sarili.
- Hindi mahalaga kung beer, alak, whiskey o iba pang inuming may alkohol ang iyong ininom; ang dami ng alkohol na humahalo sa iyong dugo ang nagiging sanhi ng problema.
- Maaaring iba-iba ang epekto sa iyo ng alkohol sa iba-ibang pagkakataon. Mas mabilis ang epekto ng kahit kakaunti kapag walang laman ang tiyan kaysa kapag nakakain ka.
- Sa oras na humalo ang alkohol sa iyong dugo, wala ka nang magagawa upang bawasan ang epekto nito. Maaari kang gisingin ng kapeng walang gatas, pagkain o malamig na shower, ngunit hindi mapapahulas ng mga ito ang pagkalasing. Sinusunog ng iyong atay ang alkohol at inilalabas ito sa iyong katawan sa pamamagitan ng iyong mga bato at бага. Kailangan ng panahon ang prosesong ito.

ANG BATAS

Pagmamaneho ng sasakyang de-motor habang nasasailalim ng impluwensya ng mga nakalalasing na bagay. Ipinagbabawal sa Hawaii ang pagmamaneho ng sasakyang de-motor habang nasasailalim ng impluwensya ng mga nakalalasing na bagay.

Ipinahiwatig na Pahintulot. Itinuturing na nagbigay ng kanyang pahintulot na masuri ang dami ng alkohol sa kanyang dugo ang sinumang nagmamaneho ng sasakyang de-motor sa mga pampublikong highway sa Hawaii.

Administratibong Pagbawi ng Lisensya. Tatanggalan ka ng lisensya at bibigyan ng 30-araw na pansamantalang pahintulot sa pagmamaneho kapag lumabas sa isang pagsusuri na mayroong .08 o mahigit na alkohol sa iyong dugo o kapag tumanggi ka sa pagsusuri. Maaaring humiling ng isang pagdinig ang sinumang binawian ng lisensya.

Walang Pagpapalampas. Pinagbabawalan ang mga drayber na kulang sa 21 taong gulang na magmaneho ng sasakyang de-motor kapag may .02 o mahigit na alkohol sa dugo.

Maaaring humiling sa drayber na kumuha ng pagsusuri ang isang pulis na naniniwalang nasasailalim ng impluwensya ng alkohol ang drayber. Ang pagtanggì sa pagsusuri ay maaaring maging sanhi ng pagkabawi ng iyong lisensya sa loob ng isang taon, dalawang taon o apat na taon, batay sa mga nakaraang pagkakahuli dahil sa alkohol. Dagdag dito, maaaring makasuhan ang drayber ng pagmamaneho sa ilalim ng impluwensya ng alkohol kahit tumanggi ito sa pagsusuri. Maaari ding mapatunayan ng pagsusuri na wala ka sa impluwensya ng alkohol.

Kapag naipakita ng pagsusuri na may alkohol sa dugo ng drayber, maaaring ituring ang drayber na:

- *Impaired (Nanghihina)* kapag mahigit sa .05 porsyento ngunit kulang sa .08 porsyento ang alkohol sa dugo.
- *Nasasailalim ng impluwensya ng alkohol* kapag .08 porsyento o mahigit ang alkohol sa dugo.

IPINAGBABAWAL SA BATAS ANG PAG-INOM O PAGKAKAROON NG ANUMANG INUMING MAY ALKOHOL SA ALINMANG PAMPUBLIKONG HIGHWAY O ALINMANG PAMPUBLIKONG BANGKETA.

Ipinagbabawal ang pagtatago ng nabuksan nang inuming may alkohol sa lugar ng sasakyang de-motor na karaniwang kinalalagyan ng mga drayber o pasahero sa alinmang pampublikong daan.

IBA PANG MGA GAMOT

Maraming mga gamot ang maaari ring makahadlang sa kakayahan ng isang taong makapagmaneho nang ligtas. Matatagpuan ang ilan sa mga ito sa mga gamot na inireseta ng iyong doktor, at matatagpuan din ang iba sa mga gamot na mabibili nang walang reseta ng doktor.

Ito ang ilan sa mga bagay na kailangan mong tandaan:

- Bago uminom ng gamot, mahalagang magtanong sa iyong doktor ng anumang mga epektong may kaugnayan sa iyong kakayahang magmaneho.
- Maaaring maglamang ng mga sangkap na makaaapekto sa kakayahan mong magmaneho ang ilan sa mga gamot para sa allergy o sipon na mabibili mo nang walang reseta.
- Ginagamit sa mga gamot na pampasigla at pampapayat ang mga Amphetamine, kilala sa ilegal na kalakalan bilang "pep pills" at "speed". Hindi lamang lubhang makapanghihina sa kakayahan mong magmaneho, ngunit maaari ring maging nag-iisang sanhi ng pagkamatay, ang labis na paggamit ng mga ito at nang iba pang mga gamot, tulad ng mga pampakalma o pampaantok ("downers").
- Maaaring magkaroon ng mas malakas na epekto ang pinaghalong alkohol at gamot kaysa kapag ininom ang mga ito nang magkahiwalay. Huwag kailanman paghahaluin ang alkohol at mga gamot.
- Maaaring makuha sa ilegal na pamamaraan ang ilan sa mga pinakamapanganib na uri ng mga gamot. Halimbawa sa mga ito ang LSD, heroin at cocaine. May kapangyarihan ang mga ito na mawalan ka ng malay o pakialam sa iyong kapaligiran. Hindi dapat sumubok magmaneho ng sasakyang de-motor ang sinumang nasasailalim ng impluwensya ng mga gamot na ito.
- Mapanganib ang lahat ng uri ng mga gamot sa ilegal na pamilihan dahil walang paraan upang matiyak ang tapang o pagkapuro ng mga ito.

KABANATA X MGA LIGTAS NA PAMAMARAAN SA PAGMAMANEHO

NORMAL NA PAMAMARAAN SA PAGMAMANEHO

MGA PAG-UUGALI SA PAGMAMANEHO

Nabubuo ang pag-uugali kapag ginagawa mo ang isang bagay nang maraming ulit na nagiging madali na ito, at kusa mong ginagawa ito nang hindi na pinag-iisipan ang paggawa nito.

Nabubuo ang iyong pag-uugali sa pagmamaneho dahil pare-parehong mga kilos ang kinakailangan mong gawin nang paulit-ulit. Ang iyong karaniwang inklinasyon ay padaliin ang mga kilos na ito hanggang maaari. Nangyayari ang pagpapadaling ito nang hindi pinag-iisipan, at ito ang nagiging sanhi ng pagkabuo ng "masamang" pag-uugali sa pagmamaneho.

Sanhi ng "masamang" pag-uugali sa pagmamaneho ang: (1) Katamaran, (2) Pagkamainipin, (3) Kawalang-pansin, (4) Kayabangan, at (5) Kawalang-alam. Karaniwang mga halimbawa ng mga pag-uugaling ito, at kung paano sila nabubuo, ang:

KATAMARAN

- Nang mag-aral kang magmaneho, dapat sanang naturuan ka na ang nararapat na paraan ay pagtingin sa ibang trapiko bago lumipat ng lane, magmaneho palayo ng bangketa o lumabas mula sa sasakyan sa tabing may trapiko. Kinakailangan sa pamamaraang ito ang palagiang pagpihit ng iyong ulo upang tingnan sa iyong likod ang paparating na trapiko bago gumawa ng kahit na anong kilos. Habang humuhusay ka sa pagmamaneho maaaring disinasadyang napapadali mo ang pagtinging ito sa pamamagitan ng pagtingin na lamang sa rearview na salamin at paglaon sa paminsan-minsang pagtingin na lamang.
- Isa pang kaugnay na "masamang" pag-uugali ang minsanan lamang na pagsignal upang ipaalam ang iyong balak bago lumipat ng lane, o magmaneho palayo ng bangketa. Kapag pinabayaan mong mabuo ang pinaghalong dalawang "masasamang" pag-uugaling ito, maaari itong maging sanhi ng iyong unang aksidente.

PAGKAMAINIPIN

- Alam ng lahat na kinakailangan mong huminto nang lubusan sa *isang* stop sign o sa isang pulang ilaw sa lahat ng oras, kahit tuwing liliko ng pakanan, anuman ang lagay ng trapiko. Maaari kang matuksong huminto na lamang nang bahagya ng panggigipit mula sa mga sumusunod na sasakyan at kakulangan ng kasalungat na trapiko. Maaaring lumala ang "masamang" pag-uugaling ito hanggang mamalayan mo na "nagpapabagal" ka na lamang sa mga stop sign.
- Madaling makilala ang isang mainiping drayber. Siya iyong nagmamabilis mula sa isang stop patungo sa susunod na stop, nananahi papasok at palabas ng trapiko, at kapag hindi niya ito magawa, tinututukan niya ang likuran ng ibang mga drayber. Maaaring buo ang kanyang pansin sa kanyang ginagawa ngunit hindi niya nauunawaan na nakagugulo siya sa trapiko at pinalalala niya ang maaaring pagkakasangkot sa isang aksidente. Huwag hayaan ang sarili na mabuo ang mapanganib na "masamang" pag-uugaling ito.

KAKULANG SA PANSIN

- Ang bagong drayber sa daan ay nakaupo nang tuwid, mahigpit ang kapit sa manibela, alam ang kaniyang kinaroroonan, at nakatuon ang pansin sa mga nabubuong problema sa trapiko. Habang nadaragdagan ng karanasan, nagiging malubay siya at isinasandal ang likod, lumuluwag ang kapit sa manibela at maaaring hinahayaan niyang gumala ang pansin. Dahil dito

maaari ring gumala ang kanyang sasakyan. Madaling makilala ang drayber na ito. Nagmamaneho siyang nakalabas ang isang braso sa bintana at nakikipag-usap sa pasahero, kumukumpas ang kabilang kamay at halos hindi pinapansin ang daloy ng trapiko. Kadalasang balisa ang kanyang mga pasahero dahil sa kanyang kakulangan ng kontrol sa kanyang sasakyan. Kapag nag-iisa, nangangarap siya nang gising o tumitingin sa mga bagay sa tabi ng daan. Pinawawalang-halaga ng kanyang kakulangan sa pansin ang kanyang kaligtasan.

KAYABANGAN

- Kung simpleng nagmamadali lang ang mainiping drayber, sinasadya naman ng mayabang na drayber ang pagmamadali. Nakikipag-unahan siya gamit ang kanyang sasakyan. Nagiging karugtong ng kanyang pagkamakasarilyo ang kanyang sasakyan. Kakaunti o wala siyang paggalang sa mga batas-trapiko o sa mga karapatan o karapatan-sa-daan ng ibang mga drayber at naglalakad. Huwag hayaan ang sariling masangkot sa pakikipag-unahan sa isang mayabang na drayber, o maging isa sa kanila. Walang mapapala dito at lubos na malaki ang mawawala.

KAWALANG-ALAM

- Maaaring hindi alam ng isang drayber ang kahulugan ng mga karatula, mga marka sa daan, mga patakaran ng karapatan sa daan at mga pamamaraan ng ligtas na pagmamaneho. Mapapansin mo ang taong itong lumiliko mula sa maling lane, nagmamaneho nang ubod ng bagal dahil nag-aalinlangan siya, nakatigil sa dulo ng rampang papasok sa freeway o tumatawid sa mga marka sa daang ipinagbabawal ang pagtawid. Kadalasan, hindi alam ng ignoranteng drayber na wala siyang alam at maaari niyang isiping pinag-iinitan lamang siya ng lahat ng iba pang mga drayber.

Kung minsan, nasa isang drayber ang pinagsamang mga "masasamang" pag-uugali sa pagmamaneho, at kapag nasangkot sa isang aksidenteng-trapiko, tiyak niyang 'nagkataon' lang ang nangyari sa kanya at hindi ito maiiwasan.

Nakalista sa ilalim ang ilan pang masasamang pag-uugaling kabilang sa isa o higit pa sa limang kategorya ng "masasamang" pag-uugali sa pagmamaneho:

- Ang hindi pagbibigay sa mga naglalakad o iba pang mga sasakyang may karapatan sa daan.
- Minsanan lamang na pagsusuot ng mga safety belt at hindi pagpilit sa mga pasahero niyang magsuot din nito.
- Pag-inom ng isa o higit pang inuming may alkohol bago magmaneho pauwi galing sa trabaho. Kadalasang katuwiran ang "pagpapalipas ng trapiko".
- Pag-atras ng sasakyan nang hindi tinitiyak na walang sagabal sa lugar.
- Hinahayaan ang sariling magambala ng mga pasahero sa kanyang sasakyan.
- Hinahayaan ang sariling malingat ang pansin upang tumingin sa mga mapa, magsindi ng sigarilyo habang nagmamaneho, at iba pa.

Maaari ring bumuo ng "mabubuting" pag-uugali sa pagmamaneho na kasindali ng "masasamang" pag-uugaling nabanggit. Kailangan mo lamang sadyang gawin ang mga nararapat na mga kilos nang paulit-ulit hanggang mabuo ang mabuting pag-uugali. Magiging mas kasiya-siya ang pagbibiyahen para sa iyong sarili at mas maginhawa para sa iyong mga pasahero.

NAGAGAMBALANG PAGMAMANEHO

Maaaring maging sanhi ng malubhang kapinsalaan ang pagkagambala o hindi pagbibigay ng buong pansin sa iyong pagmamaneho. Maaaring mauwi sa masamang pagpapasiya ang anumang bagay na makapag-aalis ng iyong pansin sa pagmamaneho.

Iwasang kumain, uminom, makipag-usap sa cell phone, magsulat, magbasa, manigarilyo, mag-ayos sa sarili, magpalit ng mga CD o istasyon ng radyo, tumingin sa mga tao o bagay sa labas ng iyong sasakyan, maghanap ng mga bagay sa iyong sasakyan, makipag-usap sa mga pasahero, mag-asikaso sa mga bata o alaga, maglalagay ng makeup, mag-aahit, at iba pa. Magplano nang maaga at ayusin ang mga bagay na ito bago ka magsimulang magmaneho. Kung kinakailangan mong magbasa ng mapa o mga direksyon, tumigil sa tabi ng daan sa isang ligtas na lugar. Manatiling nakatigil hanggang handa ka nang ibigay ang iyong buong pansin sa pagmamaneho.

Panatilihin nasa tamang lakas ang iyong stereo o radyo upang marinig mo ang mga bagay-bagay sa labas ng iyong sasakyan. Kapag masyado itong malakas, maaaring hindi mo marinig ang pagsirena, pagbusina, pag-irit ng mga gulong o iba pang mga bagay na magpapakilos sa iyo kapag may emergency o panganib upang makaiwas sa bangaan. Huwag magmamaneho nang may suot na headset o earphone na tumatakip sa magkabilang tainga. Pinahihirap ng mga ito ang pagdinig sa mga businang pang-emergency o mga sirena.

Nakagagambala ang pakikipag-usap sa cell phone dahil mas natutuon ang iyong pansin sa iyong pakikipag-usap kaysa sa iyong pagmamaneho. Iwasan ang paggamit ng iyong telepono o radyong-CD kapag umaandar ang sasakyan. Kahit na may "hands free (walang kamay)" na kagamitan, maaaring makabawas sa iyong pagpansin sa isang mapanganib na kalagayan ang pakikipag-usap sa telepono o paggamit ng radyo. Kung kinakailangan mong makipag-usap sa cell phone, tumigil sa tabi ng daan sa isang ligtas na lugar hanggang matapos mo ang iyong tawag. Maaring makadisturbo ang mga alagang hayop at kailangang hindi nakasakay sa kandungan. Ang carrier ang pinakaligtas na lugar.

DEPENSIBONG PAGMAMANEHO

Ang depensibong pagmamaneho ay isang pamamaraan sa pagmamaneho na kinikilala mo ang mapapanganib na kalagayan sa pagmamaneho at kumikilos ka upang mananggalang laban sa panganib bago pa mangyari ang aksidente. Magagamit ang iyong "depensibong" pagkilos upang makaiwas sa mga sasakyang minamaneho ng mga agresibo, nakagagalit, bastos, pabaya, walang iniintindi, pabigla-bigla, ignorante, at lasing na tao at pati na rin sa mga naglalakad na mayroong ganitong katangian.

Kapag nagpapakita ka ng alinman sa mga katangiang ito, una ka dapat MANGGALANG LABAN SA IYONG SARILI. Pinakamahalagang kaisipan sa depensibong pagmamaneho ang pagkilala sa mga maaaring maging panganib kaugnay sa iba't-ibang kalagayan sa pagmamaneho at iayos ang iyong pagmamaneho upang makaiwas sa mga panganib kapag mangyari ang mga ito.


Upang makaiwas sa mga aksidente, bilang isang depensibong drayber, kinakailangang mong:

1. Manatiling listo, laging pakilusin ang iyong mga mata upang malaman ang mga nabubuong kalagayan ng trapiko sa iyong paligid sa lahat ng oras.
2. Tumingin nang malayo sa harapan ng iyong sasakyan at asahan ang posibilidad na magkaroon ng magkakasunod na pangyayari sa trapiko.
3. Maghanda ng kahaliling plano ng pagkilos kung sakaling magkaroon ng di-inaasahang pangyayari. (Laging gawan ang sarili ng malulusutan.)
4. Laging panatilihin ang nararapat na distansya sa pagsunod.
5. Laging panatilihin ang nararapat na bilis para sa lahat ng mga kalagayan sa highway.


PAGKAMAPAGMASID

Makukuha sa pamamagitan ng pagtingin at PAGKITA ang halos lahat ng mga impormasyong kakailanganin mo upang ligtas na makapagmaneho ng sasakyan. Kinakailangang nalalaman mo at maging alisto ka sa anumang panganib na lalabas. Kinakailangang palagiang nalalaman mo ang mga kalagayan sa paligid ng iyong sasakyan. Kinakailangang bigyan ng dagdag na pansin ang mga kalagayan sa malayong distansya sa harapan ng iyong sasakyan.


ANG BILIS AY NAKABABAWAS NG SAKLAW NG PANINGIN




NAKATIGIL
Saklaw ng Paningin 180 o mahigit



20 M.P.H
Bawas ang Saklaw ng Paningin sa mga 2/3



40 M.P.H
Bawas ang Saklaw ng Paningin sa mga 2/5



60 M.P.H
Bawas ang Saklaw ng Paningin sa mga 1/5

Kinakailangang masakop ang iyong buong pansin ng gawaing PAGKITA. Magbuo ng pag-uugaling pagtingin-tingin na nakatuon ang karamihan ng iyong pansin sa kalagayan sa harapan ngunit sumusulyap-sulyap sa magkabilang tabi, sa salaming rear view, at sa panel ng mga instrumento nang paulit-ulit at may kadalasan. Huwag magpapagambala sa pagtingin sa mga pasahero, paghahanap ng mga bagay sa loob ng sasakyan, pagtingin sa mga babasahin, pagtingin sa mga tanawin o pangangarap nang gising habang nagmamaneho. Marami sa mga pahayag ng mga drayber tungkol sa mga aksidente ang nagsisimula sa "Hindi ko nakita..." Sa maraming pagkakataon, "Nalingat ako" ang ibig sabihin nito.

ANG KALAGAYAN NG DRAYBER

Maaaring makabawas sa iyong kakayahan bilang drayber ang masamang kalagayan ng pangangatawan o pag-iisip. Huwag magmamaneho kapag may sakit, napinsala, nagdaramdam o nasasailalim ng impluwensya ng mga pampalasing. Kapag umiinom ka ng gamot, kinakailangan mong humingi at sundin ang payo ng iyong manggagamot patungkol sa pagmamaneho. Kung talagang kinakailangan mong bumiyahe, humingi ng tulong sa mga kaibigan o kapitbahay, o gumamit ng sasakyang pampubliko.

Kapag may emergency, humingi ng tulong sa pulisya.

KALAGAYAN NG SASAKYAN

Ang Iyong Sasakyan. Kinakailangang ayusin agad ang anumang sira sa sasakyan na maaaring makasasama sa ligtas na pagpapatakbo nito. Kung hindi pa natitingnan sa loob ng isang linggo ang kalagayan ng pampalamig ng makina, langis, tubig ng baterya, kondisyon at tigas ng mga gulong at ng mga ilaw ng sasakyan, kinakailangan mong tingnan ang mga ito o patingnan sa isang gasolinahan bago mo ituloy ang iyong biyahe. Kinakailangang malinis ang lahat ng mga salamin at bintana. **SIGURUHING NAGLALAMAN NG SAPAT NA GASOLINA ANG SASAKYAN UPANG MABUO ANG BIYAHE.**

Hindi Kilalang Sasakyan. Gumugol ng mga ilang minuto upang matutunan mo ang kinalalagyan at paggamit ng mga signal sa pagliko at hazard, mga ilaw sa harapan at beam selector, pamunas at panlinis ng salamin, preno, kambyo at busina. Kinakailangang ayusin ang anumang diperensya bago imaneho ang sasakyan.

PAGAPLANO NG BYAHE

Kapag magmamaneho ka sa di-kilalang lugar, kinakailangan mong magplano ng iyong biyahe.

Kinaroroonan ng Patutunguhan. Kinakailangan mong alamin ang eksaktong kinaroroonan ng iyong biyahe; huwag magsimula na mayroon lamang di-malinaw na palagay ng kinaroroonan ng iyong patutunguhan. Kapag di-kilalang lugar ang iyong patutunguhan, tingnan ang kinaroroonan nito sa mapa bago magsimula.

Plano ng Ruta. Piliin ang pinakaangkop na ruta. Pag-isipan ang mga kondisyon ng trapiko, daan, lagay ng panahon at liwanag (maliwanag o madilim). Iwasan ang mahihirap na kalagayan kung maaari. Magbigay ng sapat na panahon sa pagbiyahe. Kapag may alinlangan na madali mong makakaya ang anumang di-kanais-nais na kalagayan, **IPAGPALIBAN O HUWAG NANG ITULOY ANG BIYAHE.**

BAGO PAANDARING ANG MAKINA

Ang mga lampara ng babala sa kagamitan sa panel ng instrumento ng sasakyan ay dapat na maililawan lahat kapag nakabukas ang ignition switch. Ang isang lampara ng babala na hindi naililawan ay nagpapahiwatig na ang lampara ay hindi gumagana.

PAGKATAPOS PAANDARIN ANG MAKINA

Pagkatapos tingnan ang kompyuter, dapat hindi na nakailaw ang mga warning. Kung nakailaw pa rin ang dilaw na ilaw, warning ito. Ang pulang ilaw ay nagpapahiwatig na may panganib at kailangang agad tingnan.

Kinakailangang mamatay ang ilaw ng preno kapag pinakawalan ang parking brake. Kapag umilaw ito sa pag-apak sa pedal ng preno, may diperensya ang sistema ng preno at hindi maaaring patakbuhin ang sasakyan.

MGA SAFETY BELT



Ang mga safety belt ay mga sinturon ng buhay. Kinakailangang nakasuot ang mga ito sa lahat ng oras kapag nagmamaneho o nakasakay sa isang sasakyan. Ito ang pinakamahahalagang kagamitan para sa pansariling kaligtasan na magagamit:

1. Upang hindi ka tumilapon palabas ng iyong sasakyan.
 - Tumataas ang posibilidad mong mamatay ng makalimang beses kapag napatilapon ka mula sa iyong sasakyan.
2. Upang hindi ka mapinsala sa pagtama sa salamin o iba pang mga bahagi sa loob ng iyong sasakyan.
 - Maaari kang mabuhay sa isang bangaang aabot sa bilis na hanggang 60 milya kada ora (97 km/h) kapag gumamit ng belt para sa kandungan at balikat.
 - Kapag walang belt, maaaring mamatay sa isang banggaan kahit na 12 milya kada ora lamang ang bilis (19 km/h).
3. Upang hindi ka makapinsala sa ibang tao sa loob ng sasakyan kapag tumama ka sa kanila.
 - Sa isang aksidente, maaaring mamatay sa pagkaipit ang mga sanggol at maliliit na bata dahil sa mga pasaherong hindi naka-suot ng belt.
4. Upang hindi ka maitapon mula sa driver's seat, kung saan pwede mong kontrolin ang sasakyan.
 - Kadalasan sa unang salpok, napapatilapon ang drayber palayo sa mga kontrol ng sasakyan at dahil dito nawawalan ng posibilidad na mapamahalaan pa ang sasakyan.

Kinakailangang mahigpit ang kapit ng mga lap belt sa magkabilang balakang at sa mababang bahagi ng iyong tiyan. Hindi dapat masyadong mahigpit ang shoulder belt - upang maaari mong isingit ang iyong kamao sa pagitan ng belt at ng iyong dibdib. Ang lahat ng mga belt sa mga bagong modelong sasakyan ay ginawa upang hayaang makagalaw ang katawan at humihigpit lamang ito sa pagsalpok..

Huwag mong kalilimutan ang iyong mga pasahero. Mayroong mga pasadyang upuan ng mga bata na magagamit para sa mga batang lubos na maliit pa upang magsuot ng mga karaniwang safety belt. Walang taong may sapat na lakas upang kapitan ang kahit na maliit na sanggol sa mga aksidente o biglaang paghinto. **HUWAG KAILANMAN PAYAGANG SUMAKAY ANG ISANG BATA SA KANDUNGAN o NAKATAYO SA UPUAN.**

WALANG MAAARING DAHILAN UPANG HINDI MAGSUOT NG SAFETY BELT. Ang 5 segundong pagsusuot ng seat belt ay maaaring magligtas sa iyo mula sa isang matinding kapansanan.

Pinipigilan Ng Mga Safety Belt ang Pagtama ng Tao. ANO ANG NANGYAYARI SA ISANG BANGGAAN

Walang Belt



0.000 Segundo - Tumama ang Sasakyan sa Barikada

Sa pagsalpok, nagsisimulang makuyumos at bumagal ang sasakyan. Walang magpapabagal sa tao sa loob ng sasakyan kaya patuloy siyang umuusad paharap sa loob ng sasakyan sa bilis na 30 mph.



0.050 Segundo - Nakukuyumos ang Sasakyan

Bumabagal ang sasakyan habang binabawasan ang puwersa ng pagbangga ng pagkuyumos ng harapan. Umuusad pa rin paharap sa bilis na 30 mph ang tao sa loob.



0.100 Segundo - Hihinto ang Sasakyan

0.120 Segundo - Tatama ang Tao sa Loob ng Sasakyan

Sa 1/50 ng isangsegundo matapos huminto ang sasakyan, hahampas ang tao sa dashboard at windshield. Ito ang pagtama ng tao. Sa pagbangga ng sasakyan kinakailangan ng 1/10 ng isang segundo upang huminto, sa pagtama ng tao kinakailangan lamang ng 1/100 ng isang segundo.

Naka-belt



Sa pagsalpok, nagsisimulang makuyumos at bumagal ang sasakyan.



Habang bumabagal ang sasakyan, umuusad paharap ang tao hanggang pigilan ito ng mga seat belt. Pinananatili siya ng mga belt sa kanyang upuan at pinipigilan ng mga ito na tumama ang kanyang ulo at dibdib sa looban ng sasakyan.



Dahil nakakabit sa balangkas ng sasakyan, nalalampasan ng mga naka-belt na pasahero ang banggaan bilang bahagi ng sasakyan. Nagagawa nilang samantalain ang mas marahang paghinto ng sasakyan, habang nakukuyumos ito at binabawasan nito ang lakas. Para sa mga naka-belt walang pagtama ng tao.


PANGALAGAAN ANG IYONG SANGGOL SA LOOB NG SASAKYAN

1. Bago Ipanganak ang Iyong Sanggol



Gamitin ang lap at shoulder belt nang mababa at mahigpit

2. Pagkapanganak ng Iyong Sanggol Nakasakay ang sanggol sa safety seat ng sasakyan



Upan ng Sanggol




Posisyon ng Sanggol O Convertible (Mapapalitan)



Posisyon ng Batang Nagsisimulang Maglakad

3. Gawing Maginhawa Ang Iyong Sanggol



May mga pambinti

Upang mahigpitan ang paningkaw



Bag na bitbitan



Sack sleeper

Huwag gamitin ang mga ito


Huwag bubuhatin ang sanggol sa iyong mga braso



Huwag gamitin ang mga ito



Mga bitbitang pambahay



Mga higaang pambiyahe



Bitbitang Tela

Posisyon ng sanggol sa upuan sa kotse



Nakapatag ang likod - maginhawa ang sanggol



Nakabaliko ang likod - hindi maginhawa ang sanggol



Binilog na mga lampin, mga kumot

4. Mga karaniwang pagkakamali



Nakaharap ang sanggol



Hindi gamit ang paningkaw



Hindi mahigpit ang paningkaw
Hindi masikip ang seat belt



Mali ang lugar ng seat belt
Hindi gamit ang seat belt

Kapag malamig



Huwag balutin ang sanggol sa kumot



Nagiging sanhi ng masamang lapat ng paningkaw



Butasan ang kumot, ilusot ang mga panal



Ikabit ang paningkaw, itiklop ang kumot sa ibabaw


BABALA! Huwag iiwanan ang mga batana walang kasama.

Ipinagbabawal ng batas ng Hawaii na iwanan ng drayber o sinumang nasa hustong gulang na pasahero ang isang batang kukulangin sa siyam na taong gulang sa loob ng sasakyang de-motor nang limang minuto o mahigit. Maaaring maging sanhi ang pag-iwan ng batang walang tagapag-alaga sa loob ng sasakyan ng malungkot na pangyayari, tulad ng pagkakabilad sa lubhang init o pagkapinsala kapag ninakaw ang sasakyan o kapag kumawala o aksidenteng magamit ang ilang kagamitan ng sasakyan, tulad ng emergency brake, power window, at trunk.

PAG-ATRAS NG IYONG SASAKYAN

Isang mapanganib na maniobra ang pag-atras dahil sa limitadong paningin at kinakailangan itong gawin nang may lubhang pag-iingat. Kinakailangan mong gamitin ang mga sumusunod na pamamaraan sa ligtas na pag-atras ng sasakyan:

- Tingnan ang lugar sa likod ng sasakyan bago pumasok.
- Pumihit patalikod at tumingin sa likod; huwag umasa sa salaming rear-view. Napakaliit ang makikita sa salaming rear-view upang magamit sa ganitong layunin.
- Kung hindi mo matanaw ang likuran, makiusap ka sa ibang taong nasa labas ng sasakyan upang gabayan ka.
- Sa simula ng pag-atras, marahang apakan ang preno upang masigurong gumagana ito.
- Palagiang umatras nang may kabagalan.
- Tumingin sa harap ng sasakyan kung may puwang kung sabay kang umaatras at lumiliko.
- Iwasan ang pag-atras sa trapiko. Subukan mong iparada ang sasakyan na papaharap ang iyong direksyon papasok sa trapiko. Palagiang umatras sa lane na pinakamalapit sa gilid ng daan kapag walang trapiko.
- Iwasang umatras nang papatawid o papasok ng isang kalsada hanggang maaari.



TUMINGIN SA LIKOD BAGO MAGMANEHO MULA SA GILID NG BANGKETA. SUMIGNAL. MAGBIGAY

Nasa drayber na lumalabas ng paradahan ang pangunahing pananagutan sa pag-iwas sa banggaan.

Gumamit ng dagdag na pag-iingat kapag umaatras sa mga pamahayan. Kadalasang naglalaro ang mga bata sa likod o sa pagitan ng mga nakaparadang sasakyan.

PAGPASOK SA TRAPIKO

Kadalasang ginagawa ang pagpasok sa trapiko mula sa isang driveway o sa pagkakaparada sa tabi ng daan. Kinakailangan mong gamitin ang mga sumusunod na paraan upang ligtas na makapasok sa trapiko:

Pagpasok mula sa isang Driveway

- Laging huminto bago pumasok sa daan. Kinakailangang gawin ang paghinto bago tawirin ang lugar ng bangketa. Labag sa batas ang hindi paghinto.
- Umabante nang mabagal. Tingnan kung may mga naglalakad o paparating na mga sasakyan.
- Tiyaking walang paparating na mga sasakyan ang lane ng trapiko.
- Hanggang maaari, pumasok sa pinakamalapit na lane sa pagkanaan.
- Kapag nasa loob na kayo ng lane ng trapiko, magpabilis katulad ng ibang trapiko.


Pagpasok mula sa Pagkakaparada sa Tabi ng Daan

- Kapag nakaparada nang parallel, umusad paharap papasok sa pinakamalapit na lane ng trapiko kapag may sapat na agwat mula sa paparating na trapiko.
- Kapag nakaparada nang dayagonal, kinakailangan mo munang umatras papasok sa lane ng trapiko. Mas mapanganib at mahirap ang ganitong maniobra at kinakailangan nito ng dagdag na oras para mabuo.

ROTONDA

Ginawa ang rotunda upang matugunan ang pangangailangan ng lahat ng mga gumagamit ng daan - mga drayber, mga naglalakad, mga naglalakad na may kapansanan, at mga nagbibisikleta. Ang rotunda ay isang pabilog na krosing na iisa ang direksyon kung saan kinakailangang magbigay sa umiikot nang trapiko ang papasok na trapiko. Minamarkahan ang bawat daang papalapit sa rotunda ng isang yield (magbigay daan) sign at maaari ring may mga yield na markang guhit sa kalsada. Mga tip sa pagmamaneho sa rotunda:

- Magpabagal habang papalapit sa rotunda.
- Magbigay daan sa mga naglalakad at nagbibisikleta habang pumapasok at lumalabas ng rotunda.
- Tumingin sa kaliwa para sa trapiko at magbigay daan sa trapiko, kabilang ang mga nagbibisikleta, na nasa loob na ng rotunda.
- Magmaneho sa kanan ng gitnang isla at tumuloy sa pakaliwang direksyon.
- Panatilihing mabagal ang iyong takbo habang nasa loob ng rotunda.
- Gamitin ang iyong signal na pakanan upang lumabas ng rotunda.
- Kapag nalampasan mo ang iyong labasan, ituloy lang ang pag-ikot sa rotunda hanggang marating muli ang iyong labasan.



PAGPILI NG NARARAPAT NA LANE NG TRAPIKO

Isang Lane sa Direksyon ng Biyahe. Wala kang pagpipilian, kinakailangan mong gamitin ang lane na iyon. Sa mga siksikang lugar, kinakailangan mong lubos na magingat upang umiwas sa mga kasalungat na sasakyan o naglalakad.

Dalawang Lane sa Direksyon ng Biyahe. Sa mga maluwag na lugar kapag malaya ang daloy ng trapiko, gamitin ang kanang lane; gamitin ang kaliwang lane upang mag-overtake o kung may mga sasakyang pumapasok mula sa kanan. Sa matinding trapiko o sa mga siksikang lugar gamitin ang kahit aling lane ngunit sumabay sa trapiko. Umusad nang hindi pabago-bago ang bilis. Iwasan ang magpalipat-lipat ng lane (lane hopping).

Tatlo o Mahigit na mga Lane sa Direksyon ng Biyahe. Piliin ang mga lane sa gitna dahil bawas ang mga nagsasalungat na trapiko sa mga ito. Hayaang magamit ang mga lane sa kanan at kaliwa para sa mga sasakyang pumapasok o lumalabas ng daan. Magpanatili ng iisang bilis kasabay ng daloy ng trapiko at bawasan ang magpalipat-lipat ng lane. Gamitin ang kanang lane kapag mas mabagal kaysa ibang trapiko ang iyong takbo.

PAGPAPALIT NG LANE

Hanggang maari, huwag magpalipat-lipat ng lane dahil maaaring makagulo sa ibang trapiko ang ganitong paggalaw.

Kung kinakailangang lumipat ng lane, gamitin ang mga sumusunod na pamamaraan:


- Tingnan ang kalagayan ng highway at trapiko sa harapan, sa mga tabi, at sa likuran. Gamitin ang salaming rear-view at pisikal na tingnan ang mga blind spot (Ipihit ang iyong ulo upang tingnan).
- I-signal ang iyong balak nang maaga. Iniuutos ng batas ang iyong pagsignal nang hindi kukulangin sa 100 talampakan (30m) bago simulan ang paglipat ng lane.

- Kapag may sapat na agwat sa kabilang lane, gumawa ng dahan-dahan at tuloy-tuloy na paggalaw papasok ng kabilang lane. **IWASAN ANG PABIGLAW-BIGLAW PAGGALAW: MAAARING LUMABIS O MAWALAN KA NG PAMAMAHALA SA IYONG SASAKYAN.** Maaaring kinakailangang iwasto ang bilis ng iyong sasakyan upang makaiwas na makasalungat ang trapiko. Pinakamabuting magpabagal nang kaunti at pumuwesto sa likod ng isang sasakyan kaysa magpabilis at sumingit sa harap. Kapag pumuwesto ka sa likod ng isang sasakyan, lagi mong nakikita ang sasakyang ito at bawas ang pagkailang ng drayber nito.
- Huwag ipilit ang iyong sarili sa pagitan ng dalawang sasakyang maliit lamang ang agwat. Isa itong bastos at mapanganib na gawain na nagiging sanhi para sa ibang drayber na bawasan ang agwat ng mga sasakyan para lamang hindi ka mabigyan ng lugar upang makalipat ng lane. Kapag magbigay ka ng sapat na panahon at magsignal nang wasto, magiging mapagbigay ang ibang magagalang na drayber at bibigyan ka ng lugar upang magawa ang paglipat.
- **LAGING MAGBIGAY DAAN SA MGA SASAKYAN SA KABILANG LANE KAPAG LILIPAT NG LANE.** Kapag siksikan ang lilipatang lane, pumasok sa hulihan ng pila, huwag kang pupunta sa may harapan at doon sisiksik. Kung hindi mo magagawa ang paglipat sa napili mong lugar, manatili sa iyong lane hanggang ligtas mong magagawa ang paglipat, kahit na maabala ka pa.
- **HUWAG NA HUWAG LILIPAT NG LANE KAPAG PAPALAPIT O TUMATAWID NG MGA KROSING AT TAWIRAN.**

BILIS NG SASAKYAN

"Excessive speed for conditions (Labis na bilis para sa mga kondisyon)" ang kadalasang nakatala bilang sanhi ng mga aksidente. Madalang na malaman ang sanhi ng labis na bilis ngunit kahit na dulot ito ng pagkalasing, kawalang-pansin, pakikipag-unahan, at iba pa, ito ay nasa direktang kontrol ng drayber. Sa sinamang-palad, maaaring maabot ng karamihan ng mga sasakyan ang labis na bilis sa kakayahan ng drayber, ng daan, at ng mismong sasakyan.

Kinakailangang ibagay ang wasto at ligtas na bilis ng sasakyan sa trapiko, lagay ng panahon, at kalagayan ng daan, at lagi dapat itong nasa loob ng mga nakalagay na limitasyon ng bilis.



Kinakailangan mong gamitin ang mga sumusunod na pamamaraan upang mapanatili ang ligtas na bilis ng sasakyan:

- Sumabay sa trapiko. Hindi magbabanggaan ang mga sasakyang gumagalaw sa iisang direksyon sa iisang bilis. Kapag umusad ka nang mas mabilis kaysa ibang trapiko, lagi kang gumagawa ng dagdag na salungatan sa ibang mga sasakyan. Kung hindi ka makahabol sa trapiko, lumipat ka sa pinakakanan.
- Magpanatili ng ligtas na agwat sa pagsunod. Isa sa pinakakaraniwang uri ng aksidente, ang pagbangga sa sasakyan sa harap ay kadalasang nangyayari dahil sa pagsunod nang masyadong malapit. Upang makasiguro ng sapat na agwat, tandaan kung kailan tumapat ang sasakyan sa harap ng isang puno, poste ng telepono o ibang palatandaan, at saka magbilang sa normal na bilis "sanlibo't isa, sanlibo't dalawa, at tuloy-tuloy pa." Kapag umabot ka sa salitang dalawa bago makarating ang iyong sasakyan sa palatandaan, mayroon kang di kukulangin na dalawang segundong agwat. Hindi ka dapat kukulangin pa rito. Sa pagsunod nang masyadong malapit, mababawasan ang kakayahan mong makita ang kalagayan ng daan at trapiko sa harapan at hindi ka makaiiwas sa problema kapag mangyari ito.
- Magpanatili ng iisang bilis. Malilito ang ibang mga drayber sa iyong binabalak sa papalit-palit na bilis. Magastos at mapanganib ang pabugso-bugsong bilis at malakas na pagpreno.
- Bawasan ang iyong bilis kapag makaranas ka ng masamang lagay ng daan o panahon. Sa bawas na bilis, mas mapapanatili mo ang pamamahala sa iyong sasakyan at magkakaroon ka ng dagdag na panahon upang makaiwas sa mapapanganib na sitwasyon.
- Huwag hahayaang damdamin mo ang magpasiya ng bilis ng iyong sasakyan. Huwag magmadali at baka hindi ka pa makarating.

PAGLIKO AT MGA KURBADA

Ang pagliko ay mga pagpapalit ng direksyon mula sa mga lane ng trapikong ginagawa sa mga krosing o driveway. Ang mga kurbada ay mga pagpapalit ng direksyon ng mga daan o lane ng trapiko. Sa ilang mga pagkakataon nagkakatulad ang mga ligtas na pamamaraan:

- Lumipat nang maaga sa nararapat na lane para sa pagliko. Lumiko mula sa lane ng trapikong pinakamalapit sa direksyon ng pagliko at papasok sa pinakamalapit na magagamit na lane. Kapag wala ka sa nararapat na lane kung kailan mo gustong lumiko, dumiretso na lamang at gawin ang pagliko sa ibang lugar. Huwag ipilit ang sarili sa nararapat na lane o gumawa ng mga pabigla-biglang paglipat ng lane kapag malapit na ang likuan.
- Gawing eksakto ang mga pagliko; huwag gawing napakalawak o napakakidit.
- Magpabagal sa nararapat na bilis bago pumasok sa kurbada o simulan ang pagliko. Magpanatili ng iyong bilis habang nasa kurbada o pagliko. Maaaring maging sanhi ng pagkawala ng kontrol sa iyong sasakyan ang pagpreno o biglaang pagpapalit ng bilis.
- Hanggang maaari, iwasan ang mga pagliko sa kaliwa o pag-U-turn. Mas sumasalungat sa ibang trapiko ang mga paglikong ito at lubos na mas mapaganganib kaysa pagliko sa kanan, at nakasasagabal din sa trapiko.
- Habang naghinintay na kumaliwa sa isang krosing na pula ang ilaw pantrapiko, pagpalit sa berde ng ilaw, pumasok nang mabagal sa krosing; panatiliing nakaturong diretso sa harap ang mga gulong at lumiko kapag wala nang trapiko sa krosing at ligtas nang gawin ito.
- Lubos na mag-ingat sa pagtingin sa mga naglalakad, nagbisikleta at nagmamotorsiklo kapag lumiliko, maaaring natatakpan sila ng ibang mga sasakyan, ng kadiliman o masamang panahon.
- Palaging pahintuin nang husto ang iyong sasakyan bago lumiko sa kanan kapag nakaharap sa pulang signal trapiko.
- Gumamit ng dagdag na pag-iingat sa mga kurbada at sa pagliko kapag masama ang panahon o kapag may graba, buhangin, o putik sa daan.
- Kapag liliko sa kanan sa isang krosing huwag magmamaneho sa loob ng lane ng bisikleta.

PAG-OVERTAKE AT PAGLAMPAS

Mapanganib ang pag-overtake o paglampas sa ibang sasakyan ng mga daang dalawa o tatlo ang lane kung saan kailangan gamitin ang isang lane ng trapikong gumagalaw sa kasalubong na direksyon upang magawa ang paglampas. Maaaring maging sanhi ng harapang banggaan ang mga maling pamamaraan. Gamitin ang mga sumusunod na pamamaraan para sa ligtas na paglampas:

- Lumampas lamang kapag kulang sa ligtas na bilis ang galaw ng sasakyan sa harapan.
- Huwag subukang lampasan ang sasakyan sa harapan dahil lamang naroon ito.
- Huwag subukang lumampas ng mga sasakyan upang makauna lamang nang ilang haba ng sasakyan sa katamtaman o mabigat na trapiko.
- Kapag nakapila ang mga sasakyan, hayaan ang mga nauunang sasakyan na makalampas sa pinakaunang sasakyan bago subukang lumampas.
- Lumampas sa kaliwa maliban kung liliko sa kaliwa ang lalampasan mong sasakyan. Lampasan nang may pag-iingat sa kanan ang mga sasakyang liliko sa kaliwa. **HUWAG MAGMAMANEHO SA KANANG SHOULDER NG DAAN UPANG LAMPASAN ANG SASAKYANG LILIKO SA KALIWA.**
- Sundin ang lahat ng mga karatula at marka sa lane ng trapikong naghihigpit o nagbabawal sa paglampas.
- Hayaang may sapat na distansyang pagsunod sa pagitan ng iyong sasakyan at sasakyang nais mong lampasan upang mamasdan mo kung may kasalubong o kasalungat na trapiko.
- Tumingin sa harap upang makita kung walang kasalubong o kasalungat na trapiko, pagkatapos **SUMIGNAL** na balak mong lumipat sa kaliwa.
- Pisikal na tingnan sa likuran upang makita na walang mga sasakyang sumusubok lumampas sa iyong sasakyan.
- Bumusina upang malaman ng drayber sa iyong harap na lalampas ka.
- Magpabilis hanggang sa bilis ng paglampas sa lane na tinatakbuhan mo. Pagkatapos, lumipat sa kaliwa at simulan ang paglampas.
- Kapag may lumabas na kasalungat bago mabuo ang paglampas, magpreno nang malakas at bumalik sa lane sa likod ng nilalampasan sa sasakyan. Huwag subukang magpabilis upang mabuo ang paglampas. Mas madaling mapabagal ang sasakyan sa pamamagitan ng pagpreno kaysa mapabilis ito sa paggamit ng dagdag na lakas.
- Bumalik sa nararapat na lane kapag nakikita mo na ang nilampasang sasakyan sa salaming rear view.


Sa mga daang may dalawa o mahigit na mga lane para sa trapikong gumagalaw sa iisang direksyon, huwag lilipat sa lane para sa kasalubong na trapiko kapag susubok lumampas. Maaari mong lampasan ang isang sasakyan sa magkabilang panig sa pamamagitan ng mga nararapat na pamamaraan sa paglipat ng lane. Maging lubos na maingat sa paglampas sa kanan dahil lalapitan mo ang lalampasang sasakyan sa blind spot ng drayber.



SA LAHAT NG PAGKAKATAON HUWAG SUSUBOK NA LAMPASAN ANG IBANG SASAKYAN KAPAG PAPALAPIT O TUMATAWID SA LOOB NG KROSING O TAWIRAN.

PAGLAMPAS SA MGA NAKAPARADANG SASAKYAN

Mag-ingat kapag lalampas sa mga sasakyang nakaparada sa tabi ng daan. Tinatakan ng mga sasakyang ito ang mga maaaring salungatan sa iba pang mga sasakyan, bisikleta at mga naglalakad. Maging listo sa posibilidad na biglang umusad sa iyong lane ng trapiko ang isang nakaparadang sasakyan o maaaring bumukas ang isang pinto sa dinaraan ng iyong sasakyan.



Maghanap sa mga palatandaang ito:

- Pagkilos sa loob ng sasakyan o sa paligid nito.
- Mga nakasinding ilaw ng preno, ilaw ng pag-atras o ilaw ng signal.
- Usok o singaw mula sa tambutso.
- Pagpihit ng mga harapang gulong.

Kapag papalapit sa isang sasakyang kahihinto lamang sa pagparada, asahang bubuksan ng drayber nito ang pinto habang papalapit ka.

PAGHINTO SA TRAPIKO

Mapanganib, kabastusan, walang pakundangan at ilegal ang paghinto nang hindi kinakailangan sa isang lane ng trapiko. Kung magsasakay o magbababa ng pasahero o kagamitan, o makikipag-usap sa ibang mga drayber o sa mga naglalakad, kailangang huminto sa mga itinalagang mga paradahan, kargahan o ibang lugar sa labas ng lane ng trapiko.

Hindi maaaring ihinto ang iyong sasakyan sa loob ng krosing o tawiran. **HUWAG IPAPASOK ANG IYONG SASAKYAN SA LOOB NG ISANG KROSING O TAWIRAN MALIBAN KUNG MAY LUGAR PARA SA IYONG SASAKYAN SA KABILANG DULO NG KROSING O TAWIRAN.**

PAGGAMIT NG PRENO

Ang preno ay mga kagamitang ginagamit upang pahintuin at panatiliing nakahinto ang isang sasakyan. Pinapahinto ng preno ang isang sasakyan sa pamamagitan ng pagpalit ng puwersa ng pagkilos ng sasakyan sa init at inaaksaya ito. Sa tuwing ginagamit mo ang preno inaaksaya mo ang perang ibinayad sa gas at pinupudpod nito ang preno at mga gulong. Sa maingat na paggamit ng preno malaki ang maaaring matipid sa gas at pera sa pagpapalit ng gas, preno at mga gulong. Iwasan ang pabugso-bugsong pagpapabilis na sinusundan ng malakas na pagpreno.

Ang malakas na pagpreno ay nagiging sanhi ng pagdulas ng isa o mahigit pang mga gulong sa daan. Kapag patuloy ang pagdulas ng mga gulong, lalo na ang mga gulong sa harap, mawawala ang kontrol mo sa sasakyan. Kapag may panganib na mabangga mo ang ibang sasakyan, isang tao o bagay, huwag lang basta apakan nang malakas ang preno at hayaang dumulas ang mga gulong; halos siguradong tatamaan

mo ang bagay na sinusubukan mong iwasan. Sa halip, mabilis na apakan at pakawalan ang preno at IPIHIT ang sasakyan patungo sa maluwag na lugar. Pumihit palabas ng daan kung kinakailangan ngunit iwasang makatama ng mga tao, puno, poste at malalaking bagay o estruktura.

Iwasang magpreno habang lumiliko; magpabagal bago lumiko. Gamitin nang may pag-iingat ang preno kapag may tubig, yelo, niyebe, nagyelong hamog, buhangin o graba sa ibabaw ng daan.

Palaging subukan ang preno matapos magmaneho sa tubig. Kapag bawas ang paggana ng preno, apakan ang preno nang marahan makailang beses hanggang manumbalik ang wastong paggana ng preno.

Iwasang ipatong ang paa sa pedal ng preno habang nagmamaneho. Nagiging sanhi ito ng pagsindi ng ilaw ng preno at binibigyan nito ng maling signal ang mga sumusunod na drayber. Magiging sanhi ito ng bahagiang gamit ng preno sa maraming mga sasakyan at magdudulot ng labis na pagkapudpod ng preno.

Kapag sumindi ang warning lamp ng preno sa panel ng mga instrumento sa pag-apak sa preno, mayroong bahagiang pagkasira ang sistema ng preno at kinakailangang ipaayos agad ito.

Palaging simulang pabagalin ang iyong sasakyan sa oras na makita mo sa harap na kakailanganing mong magpreno. Gawing marahan at tuloy-tuloy ang paggamit ng preno. Kapag hihinto sa trapiko, huminto nang sapat ang layo sa likod ng sasakyan sa harap kung saan nakikita mo ang pagkalapat sa daan ng mga gulong nito sa likod. Magbibigay ito ng sapat na puwang sa palibot ng sasakyan upang makaikot kung hindi ito maaaring magpatuloy.

Iwasan ang matagalang paggamit ng preno dahil pinapainit nito ang preno na nagiging sanhi ng bawas na epekto nito. Kadalasan, maiiwasan ang matagalang paggamit ng preno sa pamamagitan ng paglipat sa mas mababang kambiyo at pabayaang makinang tumulong sa pagpapabagal sa sasakyan.

PAGBABA NG KAMBIYO

Ang "Pagbaba ng Kambiyo" ay isang paraan ng pagpili ng mas mababang kambiyo sa transmisyon habang tumatakbo ang sasakyan. Ang pamamaraang ito ay magagamit sa parehong manwal at otomatikong transmisyon. Dalawa ang layunin ng paggamit ng pagbaba ng kambiyo: (1) Upang makakuha ng mas malakas na pagpreno mula sa makina kapag nagpapabagal o kapag nagpapanatili ng bilis sa pababang daan; at (2) upang makakuha ng dagdag na lakas kapag umaarangkada at nagpapabilis.

1. Ang pagbaba ng kambiyo ay ang tamang paraan kung ginagamit upang makakuha ng karagdagang lakas sa pagpreno mula sa makina habang pababa sa isang matarik na daan. Kailangang gawin ang pagbaba ng kambiyo bago magdowngrade dahil mas mahirap ang pagbaba ng kambiyo kung mabilis ang pagpapatakbo.

Manwal na Transmisyon. "Sinkronisado" ang transmisyon ng lahat ng makabagong sasakyang pampasahero, kaya maaaring piliin ang kahit na anong kambiyong pampaabante kapag inaapakan ang pedal ng clutch habang tumatakbo ang sasakyan. Simpleng paraan ng pagbaba ng kambiyo ang pag-apak sa pedal ng clutch, paglipat ng kambiyo sa mas mababang baytang, at DAHAN-DAHANG pagbitaw sa pedal ng clutch.

Sa mga manwal na transmisyong hindi sinkronisado, mas mahirap ang pamamaraan dahil kinakailangang pagtugmain ang bilis ng makina para sa mas mababang kambiyo sa bilis ng pagtakbo ng sasakyan bago magawa ang paglipat. Minsan tinatawag na "double clutch" ang pamamaraang ito at hindi dapat subukan nang walang naunang pagsasanay at karanasan.

Mga Otomatikong Transmisyon. Sa karamihan ng mga otomatikong transmisyon, magagawa ang pagbaba ng kambiyo mula sa "drive" patungo sa susunod na mababang

baytang sa simpleng paglipat ng selector sa mas mababang baytang. Sa matataas na bilis (60+ milya kada hora) (97+ km/h) hindi magbababa ng kambiyong ang karamihan ng mga otomatikong transmisyong. Sa ganitong pagkakataon kinakailangang bawasan ang bilis ng sasakyan upang hayaan ang otomatikong transmisyong na magbaba ng kambiyong.

HINDI IPINAPAYO ang kaugaliang pagbababa ng kambiyong bilang karaniwang gawain dahil sanhi into ng biglaang pagbagal ng sasakyan na walang babalang (stop lamp) signal sa mga sumusunod na drayber. Dapat lamang gawin ang pagbaba ng kambiyong upang bawasan ang bilis bilang dagdag na tulong sa pagpreno.

2. Magagawa ang pagbaba ng kambiyong upang dagdag sa pag-arangkada sa mga manwal na transmisyong sa paraang tulad ng nauna nang nabanggit ngunit pagkatapos gawin ang paglipat, dadagdagan ang bilis ng makina upang makuha ang ninanais na pag-arangkada.

Sa karaniwang mga bilis sa highway, otomatikong magbababa ng kambiyong ang lahat ng otomatikong transmisyong ng mga pampasaherong sasakyan kapag sinagad ang pag-apak sa pedal ng pampa-arangkada. **BABALA: MAAARING MAKABABA SA KAKAYAHAN NG SASAKYAN UPANG UMARANGKADA ANG PAGBABA NG KAMBIYO HABANG MABILIS ANG TAKBO.** Sa pag-abuso ng pamamaraan ng pagbababa ng kambiyong, sasailalim ang makina at transmisyong sa malaking pahirap at maaaring maging sanhi ng mahal na pagpapaaayos.


Maaaring magamit nang wasto ang pagbaba ng kambiyong bilang paraang pang-emergency upang mapabagal ang sasakyan sa mga pagkakataong may bahagian o buong pagkasira ng preno.

Gumamit ng dagdag na pag-iingat sa pagbaba ng kambiyong dahil ang hindi magkakapantay na mga puwersang nabubuo ay maaaring maging sanhi ng problema sa pamamahala ng sasakyan sa madulas na kalsada.

PAGPAPARADA

Palaging iparada ang iyong sasakyan sa lugar na walang trapiko at kung saan madali itong makita ng mga papalapit na sasakyan Iwasan ang mga lugar na tago, tulad ng pagkalampas lamang ng isang kurbada o tuktok ng isang burol.


PAGPARADA SA ISANG BUROL



Tiyaking hindi gugulong ang iyong sasakyan papasok ng trapiko kapag bumitaw ang mga preno kapag nakaparada sa isang burol. Palaging gamitin ang hand brake. Ilipat sa posisyong PARK kung mayroon ka nito. Kung wala, ilipat sa reverse (paatras) o sa mababang kambiyong. Palaging ipihit ang mga gulong sa harap patungo sa bangketa. Pinatataas nito ang kakailanganing puwersa upang pagulungin nang malaya ang sasakyan. Ibig sabihin, kinakailangang sumampa ang lahat ng apat na gulong sa bangketa bago ito makawala.

Pumarada ka man ng paakyat o pababa ng burol, ipihit ang mga gulong pakanan. Titiyakin nitong gugulong palayo ng trapiko ang sasakyan kung may bagay na maging sanhi ng malayang paggulong nito.

NAKA-ANGGULONG PAGPARADA



PAGPARADA NG PARALLEL



HAKBANG 1:

Sumignal, tumigil katapat ng sasakyan sa harap nang mga 18 pulgada ang agwat dito, magkapantay ang mga bumper.



HAKBANG 2:

Umatras nang mabagal, ipihit ang manibela sa pinakakanan hanggang nasa anggulong 45 degree ang sasakyan kumpara sa kalsada. Agad na ituwid ang mga gulong sa harap at umatras nang dahan-dahan.



HAKBANG 3:

Kapag tumapat ang harapang bumper sa hulihang bumper ng kabilang sasakyan, agad ipihit ang mga gulong sa pinakakaliwa. Umatras nang mabagal patungo sa sasakyan sa iyong likuran nang hindi didikit.



HAKBANG 4:

Ipihit ang manibela sa pinakakanan at mabagal na umabante. Igitna ang sasakyan sa lugar.

Hindi dapat lalapit pa sa dalawang talampakan ang layo ng mga harap at likurang bumper ng mga sasakyan kapag nakaparada maliban kung nakamarka ito sa daan.

MGA PAGHIHIGPIT SA PAGPARADA

Kung saan hindi malinaw na nakatalaga ang pagparada nang naka-anggulo, kinakailangang iparada ang sasakyan nang kahilera ng bangketa, nakaturo sa direksyon ng trapiko. Kapag naka parallel na parada, ang mga gulong na malapit sa bangketa ay kailangang hindi hihigit sa 12 pulgada (30 cm) ang layo sa bangketa, o buong nasa loob ng nakamarkang paradahan.

MGA SIGNAL NG PAGLIKO, PAGHINTO AT HAZARD

Mga Elektronikong Signal. Karaniwang kagamitan na sa mga sasakyan sa mahigit 50 taon ang mga elektronikong signal ng paghinto, at nilagyan na ng mga elektronikong signal ng pagliko, paghinto at hazard (4 na direksyong kumikislap) ang karamihan ng mga sasakyang ginawa mula pa nang mga unang taon ng 1950. Mula pa noong 1968 lahat ng mga sasakyan ay nilagyan na ng elektronikong signal ng pagliko, paghinto, at hazard warning (apat na direksyong kumikislap). Karamihan ng mga sasakyang ginagamit ngayon ay dati nang kumpleto sa mga elektronikong signal.

Kalamangan ng-mga Elektronikong Signal

- Maaaring gamitin agad sa loob ng nakasarang sasakyan.
- Madaling makita sa dilim o sa masamang panahon.
- Nakikita mula sa lahat ng anggulo maliban sa mismong tabi ng sumisignal na sasakyan.
- Madalang na mali ang pagkaintindi o maipagkamali sa iba pang gawain.
- Nagagamit ng drayber ang dalawang kamay upang imaneho ang sasakyan habang sumisignal.

Kahinaan ng-mga Elektronikong Signal

- Kabiguang itigil ang paggamit ng signal ng pagliko.
- Kabiguan ng signal na gumana nang wasto.

Ang pagkabigo sa pag-cancel ay kadalasang dahil sa pagliko o pagpapalit ng lane na masyadong maliit upang hindi gumana ang mekanismo ng sariling pagtigil, at ang kabiguan ng drayber na tingnan ang ilaw sa instrument panel. Madaling makikita ng drayber ang maling paggamit ng signal ng pagliko sa pamamagitan ng pagtingin sa ilaw nito. Anumang hindi normal na paggana ng ilaw ay palatandaan ng maling pagtakbo ng sistema ng pagsignal.

Mga Signal ng Kamay. Patuloy na tinatanggap ang mga signal ng kamay na maaring gamitin ng drayber upang ipaalam ang kanyang balak sa iba pang mga gumagamit ng highway. Ang kaalaman ng wastong signal ng kamay ay kinakailangan kung masira ang mga elektronikong signal.

Kalamangan--mga Signal ng Kamay

- Kadalasang hindi nasisira.

Kahinaan--mga Signal ng Kamay

- Mahirap maipagkaiba sa mga kilos ng kamay at braso na hindi layunin ng drayber na maging mga signal.
- Mahirap makita sa dilim at masamang panahon.
- Hindi madaling makita ng mga drayber na nasa kanang tabi ng sumisignal na sasakyan.
- Kinakailangang buksan ang bintana ng drayber.
- Kinakailangang isang kamay lang ng drayber ang magagamit sa pagmamaneho kapag sumisignal.

MGA SIGNAL NG HAZARD

Layunin ng mga signal ng hazard (4-direksyong kumikislap) ang bigyang babala ang ibang mga drayber na ang isang sasakyan ay nasa mapanganib na kinalalagyan sa daan. HINDI DATAP GAMITIN ANG SIGNAL NA ITO KAPAG TUMATAKBO ANG SASAKYAN. Makikita ang paggamit ng signal na ito sa pamamagitan ng pagkislap-kislap ng lahat ng signal ng pagliko. Walang itanalagang signal ng kamay para sa layuning ito.

MGA SIGNAL NG PAGHINTO

Otomatikong gumagana ang mga elektronikong ilaw ng paghinto kapag ginamit ang preno. Sa gabi, kinakailangang makita ang pagsindi ng mga ilaw ng paghinto kapag lumigon ka sa likuran ng sasakyan habang inaapakan ang pedal ng preno. Maaaring gumamit ng signal ng kamay ang drayber upang ipaalam ang pagpreno o pagpapabagal ng sasakyan.

PAGGAMIT NG MGA SIGNAL SA PAGLIKO

Ginagamit ang mga signal ng pagliko upang ipaalam ang iyong binabalak sa iba pang mga gumagamit ng highway. Sa paggamit ng signal *hindi ka binibigyan ng karapatang* gawin ang binabalak mong kilos. Ikaw lamang ang may pananagutan sa paggawa ng kilos nang ligtas at sa paraang hindi nakagagambala sa iba pang mga gumagamit ng highway.

Ipinag-uutos ng mga patakarang pantrapiko na gamitin ang signal ng pagliko nang hindi kukulangin sa 100 talampakan (30 metro) bago gawin ang bawat pagliko o paglipat ng lane. Palagiang sumignal ng sapat na panahon upang makita ng ibang mga gumagamit ng highway ang signal at maunawaan ang iyong binabalak.

Kapag kinakailangan mong magpapabagal ng sasakyan bago mo magawa ang binabalak na pagliko o paglipat ng lane, mahalagang simulan mo ang pag-signal bago ka magpapabagal ng iyong sasakyan. Mapapaalaman nito ang ibang mga drayber sa posibilidad na maaari mong bawasan ang bilis ng sasakyan.

Mga karaniwang pagkakamali sa pag-signal ang:

- Kabiguang sumignal ng binabalak na pagliko habang nakatigil sa may krosing hanggang magpalit ang signal-trapiko.
- Kabiguang sumignal, kulang na pag-signal, o pag-signal matapos nang masimulan ang pagliko o pagpalit ng lane. (Kadalasang sinasabayan ng pabigla-biglang pagliko o pagpalit ng lane o pagpupumilit na sumingit sa nakapilang mga sasakyan.)
- Kabiguang sumignal ng balak na pagliko sa kanan.
- Kabiguang sumignal kapag nasa loob ng lane na kinakailangan mong lumiko.
- Kabiguang sumignal kapag walang nakikitang makapapansin sa pag-signal.

Madalas na pagkakamali ng drayber ang kabiguang gumamit ng wastong signal ng pagliko. Nagpapakita ang kabiguang sumignal nang wasto ng kawalang-alam ng drayber, kayabangan o pag-aalinlangan, at nagpapakita ng kakulangan ng konsiderasyon at paggalang sa iba. Maaari rin nitong ipakita na hindi alam ng drayber kung ano ang susunod niyang gagawin kaya't di niya maipalam sa iba ang kanyang binabalak.

TATLONG MAHALAGANG PATAKARAN TUNGKOL SA MGA SIGNAL NG PAGLIKO:

- SUMIGNAL TUWING BALAK MONG LUMIKO O LUMIPAT NG LANE.
- MAGSIMULANG SUMIGNAL NANG MAAGA BAGO PA SA BINABALAK MONG PAGLIKO O PAGLIPAT NG LANE UPANG MAY PANAHON ANG IBANG MAKITA AT MAUNAWAAN ANG BINABALAK MONG GAWIN.
- IPINAPAKITA LAMANG NG PAG-SIGNAL ANG IYONG BALAK, HINDI ITO NAGBIBIGAY SA IYO NG KARAPATANG GAWIN ANG PAGKILOS.

Ang wastong paggamit ng signal ng pagliko ay isang magandang kaugalian sa pagmamaneho na madali lang matutunan.

MAGKAHALONG TRAPIKO

Kapag nagmamaneho, kinakailangan mong makibahagi sa daan kasama ang mga drayber ng lahat ng laki ng mga sasakyan, mga trak, bus, pampasaherong kotse, motorsiklo, bisikleta at mga naglalakad. Mas nakapagbibigay ng higit na proteksyon sa mga pasahero ang malalaking sasakyan at mas madaling makita ang mga ito ngunit mas mahirap itong imaneho ng kanyang drayber. Nagbibigay ng bawas na proteksyon sa mga pasahero ang maliit na sasakyan at mas mahirap itong makita ngunit mas maliksi ito at mas madaling imaneho. Kapag nagmamaneho kinakailangan mong makilala ang mga kakayahan at limitasyon ng ibang mga sasakyan at ganoon din ang sa iyo.

Bilang isang drayber kinakailangan mong maging lubos na maingat sa pagtingin-tingin sa mas maliliit na sasakyan, lalo na ang mga motorsiklo at bisikleta, at siguruhing nakikita ka ng mga drayber ng mas malalaking sasakyan tulad ng trak at bus.

Bigyan ang mga nagmomotorsiklo, nagbibisikleta at mga naglalakad ng malaking agwat sa daan at gumamit ng dagdag na pag-iingat sa pagtingin-tingin sa mga ito kapag liliko o magpapalit ng mga lane. **MAY KARAPATAN ANG ISANG NAGMOMOTORSIKLO SA PAGGAMIT NG BUONG LAPAD NG KANYANG LANE NG TRAPIKO.**

MGA NATATANGING PAMAMARAAN NG PAGMAMANEHO

PAGMAMANEHO SA MASAMANG PANAHO

Hindi nararanasan ng Hawaii ang mga iba't-ibang uri ng panahon tulad ng sa maraming ibang mga lugar. Dito, ang ulan na may kasamang ulap sa mga daan at sa matataas na lugar, at paminsan-minsan ang pabugso-bugsong hangin ang mga pangunahing sanhi ng mga problema sa panahon na may kaugnayan sa pagmamaneho.

Ulan. Nagiging sanhi ng dalawang pangunahing problema sa pagmamaneho ang ulan; binabawasan nito ang pananaw ng drayber at iniiba nito ang kalagayan ng ibabaw ng daan.



Hudyat ng panganib ang mga unang patak ng ulan para sa isang dependsibong drayber. Sa ganitong pagkakataon pinakamadulas ang mga daan dahil hindi pa nahugasan ang langis na pumatak mula sa mga dumadaang sasakyan. Parang nagmamaneho sa yelo ang pagmamaneho sa daang natatakpan ng langis at tubig. Kinakailangan mong magbawas ng bilis, gumamit ng dagdag na pag-iingat, at magbigay ng hindi kukulangin sa doble kaysa normal na distansya ng pagsunod.

Mapapatungan ng tubig ang ibabaw ng daan sanhi ng matagalan o malakas na pag-ulan. Sa bilis na aabot hanggang 35 milya kada ora (56 km/h), pupunasan ng mga gulong na may magandang pang-highway na tread ang ibabaw ng kalsada tulad ng paglinis ng wiper sa windshield. Habang nadaragdagan ang bilis, hindi maalis ang tubig nang kasing bilis ng nararapat at dumudulas ang mga gulong sa nakapatong na tubig na tulad ng isang surfboard. "Hydroplaning" ang tawag dito.

Maaaring magsimula sa 35 milya kada ora (56 km/h) ang bahagiang hydroplaning. Mas lumalala ang hydroplaning sa dagdag na bilis at sa dami ng tubig sa highway. Sa 55 milya kada ora (89 km/h) sa malakas na ulan, maaaring mawala ang paglapat ng mga gulong sa kalsada. Kapag nangyari ito, hindi ka maaaring makapagpreno, makapag-arangkada o lumiko, **WALA KA NANG KONTROL SA IYONG SASAKYAN.**

Upang mapigilan ang hydroplaning, kinakailangan mong:

- Tiyaking maganda pa ang lalim ng tread sa mga gulong ng sasakyan. Magha-hydroplane kahit sa mabababang bilis ang mga pudpod o kalbong mga gulong.
- Tiyaking nahanginan sa tamang tigas ang mga gulong ng sasakyan. Nagha-hydroplane kahit sa mabababang bilis ang mga gulong na kulang sa hangin.
- Bawasan ang bilis ng sasakyan. Mas madalas mangyari ang hydroplaning sa mas matataas na bilis.

Kadalasang nababasa ang mga preno matapos magmaneho sa malalim na tubig o matagalang pagmamaneho sa malakas na ulan. Maaari itong humila sa isang panig o sa kabila, o maaaring hindi man lang ito kumapit. Bawasan ang bilis at apakan nang marahan ang pedal ng preno hanggang muling gumana nang wasto ang iyong preno.

Binabawasan ng ulan ang kakayahan mong makakita nang malinaw. Maaaring labis ang lakas ng ulan na hindi ka makakita nang malinaw kahit gumagamit ka pa ng mga wiper ng windshield. Kapag binabawasan ng malakas na ulan ang iyong pananaw, bawasan ang iyong bilis, gamitin ang iyong mga head lamp (sa low beam) upang makita ka ng iba. Kapag labis ang lakas ng ulan na hindi ka makakita nang malinaw, magmaneho patungo sa shoulder ng daan o iba pang maluwag na lugar at huminto hanggang humina ang ulan.

Umiwas na magmaneho sa mga lugar na may baha, maaaring magipit ka. Huwag magmaneho sa lugar na hihigit sa isang talampakan ang baha at mabilis ang agos. Aanudin ng tubig ang iyong sasakyan palabas ng daan.

Fog (Ulap). Hindi halos nagkakaroon ng fog sa mabababang lugar sa Hawaii. Maaaring makatagpo ang fog sa mga daan sa matataas na lugar kung saan nagtatagpo ang mabababang ulap at ibabaw ng daan. Lubhang mapanganib ang pira-pirasong mga ulap dahil maaaring biglang makatagpo mo ang mga ito nang hindi nalalaman ang kanilang kinaroroonan.

Pinakamabuting umiwas sa pagmamaneho sa loob ng fog ngunit kung kinakailangan, dapat mong:*

- Bawasan nang husto ang bilis at gamitin ang mga head lamp sa low beam. Huwag gamitin ang high beam dahil makababawas sa iyong kakayahang makakakita ang pagtalbog ng ilaw lalo na sa gabi, at makababawas ang ilaw sa kakayahan ng kasalubong na drayber na makakita.
- Maging handa sa biglaang paghinto.
- Kapag hindi ka makakita nang hihigit pa sa dalawang haba ng sasakyan (40 talampakan o 12 metro), lumabas ka ng kalsada at huminto. Gamitin ang signal ng hazard.

Pagmamaneho sa Taglamig. Nagdudulot ang taglamig ng karagdagang mga panganib na hindi matatagpuan sa Hawaii. Kapag binabalak mong magmaneho sa ibang mga lugar sa taglamig, makatutulong ang mga sumusunod na mungkahi. Maliban kung mayroon ka nang karanasan, pinakamabuting umiwas sa pagmamaneho sa ilalim ng mga kalagayang ito.

- Gamitan ng mga gulong na may snowtread ang iyong sasakyan.
- Pakiramdaman ang daan. Magsimulang mabagal. Subukan nang marahan ang preno habang tumatakbo ang sasakyan.
- Panatilihing walang niyebe, yelo at nagyelong hamog ang mga bintana ng sasakyan.
- Magpanatili ng ligtas na agwat mula sa sasakyan sa harap. Magtingin-tingin sa ibang mga sasakyan na nagkakaproblema sa madulas na daan.
- Magmaneho nang bawas ang bilis. Hanggang maaari, magmaneho sa malilinis at tuyong bahagi ng daan.


*Magagamit din ang mga pag-iingat na ito kapag bawas ang paningin sa anumang kadahilanan; malakas na ulan, usok, ulap, malakas na niyebe, at iba pa.

- Tumingin-tingin para sa mapapanganib na lugar. Maaaring mag-ipon ang yelo sa ibabaw o ilalim ng mga tulay kahit na wala ito sa iba pang bahagi ng daan. Mas mabagal ang pagkatunaw ng niyebe at yelo sa mga lugar na malilim. Magtingin-tingin ng makikintab na lugar sa daan, maaaring may yelo ang mga ito.
- Gamitin ang mga preno nang may lubos na pag-iingat at paunti-unti kung kinakailangan mong huminto sa ibabaw ng nasiksik na niyebe o yelo. Kapag naipit ang mga gulong, mawawalan ka ng kontrol sa iyong sasakyan. Pumihit patungo sa maluwig na lugar kapag mukhang maaaring magkabangga.

Pagmamaneho sa Bukang-liwayway at Takipsilim. Kapag magmamaneho tungo sa papataas o papalubog na araw, gumamit ng panakip-araw o salaming pang-araw. Siguruhing lubos na malinis ang windshield at mga bintana ng sasakyan upang mabawasan ang pagkasilaw at mapabuti ang paningin.

Sa maigsing panahon bago tumaaas at matapos lumubog ang araw, may kakulangan sa ilaw upang makita nang malinaw ang mga bagay-bagay. Mas malala pa ito kapag maulap ang langit. Sa oras na ito ng araw, kinakailangan mong gamitin ang mga head lamp sa low beam upang makita ka ng iba. Maging listo para sa mga bagay at mga naglalakad na hindi naiilawan.

Pagmamaneho sa Gabi. Walang sinuman ang nakakakita sa gabi na kasing linaw ng sa umaga. Dagdag pa, nakapipigil sa pagkakaroon ng pinakamahusay na paningin sa gabi ang pagkakabilad ng isang drayber sa halinhinang liwanag at dilim.



Kinakailangan mong gawin ang mga sumusunod na pag-iingat upang masiguro ang kaligtasan kapag nagmamaneho sa gabi:

- Pangalagaan ang iyong mga mata laban sa maliliwanag na ilaw sa loob ng ilang oras bago ka magmamaneho.
- Tiyaking lubhang malilinis ang windshield at mga bintana, sa loob at sa labas.
- Tiyaking gumagana ang lahat ng mga ilaw ng sasakyan.
- Bawasan ang iyong bilis upang maaari kang makatigil sa loob ng distansyang nakikita mo sa harapan.
- Huwag gamitin ang high beam ng iyong head lamp kapag pasalubong o sumusunod sa ibang mga sasakyan.
- Kapag lubhang maliwanag ang mga ilaw ng kasalubong na sasakyan, pakislapin ang iyong high beam ng minsan at ibaling ang tingin sa kanang gilid ng daan at gamitin ang mga marka sa lane o mga reflector bilang gabay.
- Alalahaning ibig sabihin ng mga pulang marka sa lane na mali ang direksyon ng lane na dinaraan mo.

PAGMAMANEHO SA FREEWAY

Ang mga freeway ay ligtas na mabilisang daanan. Ligat at mainam ang mga ito dahil walang matatarik na burol o mga biglaang kurbada upang bawasan ang layo ng paningin, walang mga stop sign, walang mga signal ng trapiko, walang mga krosing ng riles, at walang mga pasukan at labasan maliban sa mga pinag-isipang lugar. Naiiba ang pagmamaneho sa isang freeway kaysa sa ibang mga highway. Sa pagsunod sa mga sumusunod na natatanging pamamaraan at patakaran, magiging mas ligtas ang pagbibiyahe mo sa freeway.

PLANUHIN ANG IYONG BYAHE




Gumamit ng Mapa

- Planuhin nang tiyak ang pagpasok at paglabas mo ng freeway.
- Tiyaking may sapat na gasolina, langis, tubig at matinong mga gulong ang iyong sasakyan. Nasa labas ng freeway ang mga gasolinahan.
- **MAAARING MAGING SANHI NG NAPAKAMAPANIB NA KALAGAYAN ANG MASIRAAN SA LOOB NG FREEWAY.**


PAGPASOK SA FREEWAY

- Sundin ang mga karatulang nagtuturo sa iyo patungo sa wastong pasukan sa freeway.
- Obserbahan ang trapiko sa pasukan lane. Kapag siksikan ito, magpabagal o tumigil nang malapit sa pasukan (tingnan ang guhit). **HUWAG UUSAD NANG MABAGAL PATUNGO SA DULO NG LANE NG PASUKAN AT TSAKA HIHINTO.** Napakahirap at mapanganib ang sumubok pumasok sa trapiko sa freeway kapag nakahinto sa dulo ng pasukan lane.
- Kapag maluwag ang pasukan lane, gamitin ang signal ng pagliko upang ipaalam na sasanib ka sa lane ng trapiko sa freeway, at pagkatapos ay bilisan ang iyong sasakyan upang tumumbas sa bilis ng trapiko sa freeway.
- Tingnan kung may mga paparating na mga sasakyan sa malapit na lane ng freeway. Kung wala, pumasok sa malapit na lane ng freeway at panatilihin ang iyong bilis. Kapag may paparating na mga sasakyan, bagalan nang bahagya ang iyong sasakyan at pumasok sa likuran ng paparating na sasakyan.



PAGMAMANEHO SA FREEWAY

- Pansining mabuti ang lahat ng mga karatula
- Kinakailangang gamitin ng tumutuloy-tuloy na trapiko ang kaliwa o gitnang mga lane at tumakbo sa bilis o malapit sa nakasaad na speed limit.
- Ginagamit ang kanang lane ng mga sasakyang hindi makahabol sa mga tumutuloy-tuloy na trapiko.
- Hanggang maaari, kinakailangang iwanang bukas ang kanang lane para sa mga trapikong pumapasok at lumalabas ng freeway.
- Kapag nasa kanang lane ka, magbigay ng lugar para sa mga pumapasok na mga sasakyan.
- Iwasan ang paglipat-lipat ng lane.
- Sumignal nang maaga ng anumang binabalak na paglipat ng lane.
- Gamitin ang iyong salaming rear-view.
- Lumingon sa likuran bago lumipat ng lane.




- HUWAG KAILANMAN HIHINTO SA FREEWAY MALIBAN KUNG LUBHANG DI-MAIIWASAN.
- Huwag magpapabagal nang hindi kinakailangan.
- Huwag susunod nang masyadong malapit. Karaniwan ang mga nababanggang likuran sa mga freeway at kadalasang kinasasangkutan ito ng ilang mga sasakyan.
- Huwag tatawirin ang gitnang pambahagi ng freeway; huwag iikot nang pabalik sa freeway; huwag aatras sa freeway.
- Kapag kinakailangan mong tumuloy sa kabilang direksyon sa anumang kadahilanan, tumuloy sa susunod na labasan, lumabasng freeway at pumasok muli sa kabilang direksyon.

MGA EMERGENCY NA PAGHINTO

- Subukan mong lumabas ng freeway sa susunod na labasan kung maaari.
- Kung kinakailangan mong huminto, hanggang maaari magmaneho sa labas ng daan na pinakamalayo sa trapiko.
- Huwag tumayo o maglakad sa freeway.
- Huwag hihinto upang tumulong sa ibang nagagambalang mga drayber ngunit ipagbigay-alam ang pangyayari sa mga kinauukulan.

PAGLABAS NG FREEWAY

- Tingnan ang mga karatula ng paglabas upang makapamili ka ng nararapat na labasan.
- Gamitin ang iyong signal ng pagliko upang ipaalam ang balak mong paglabas.
- Pumasok sa lane ng labasan.
- Panatilihin ang iyong bilis hanggang makapasok sa rampa ng labasan, at magpabagal nang marahan pagkatapos.
- Kapag nakalampas ka sa lugar kung saan balak mong lumabas, HUWAG HIHINTO, HUWAG AATRAS! Tumuloy sa susunod na labasan.




MGA PAMAMARAAN NG PAGMAMANEHO NANG MAY EMERGENCY

Malinaw na hindi maaaring makapagbigay ng iisang pamamaraan sa lahat ng uri ng pagmamaneho nang may emergency. Masasakop ng mga sumusunod na mga talata ang ilan sa mga karaniwang pamamaraan sa pagmamaneho nang may emergency. Kinabibilangan ng mga pangunahing sanhi ng lahat ng emergency sa pagmamaneho ang paggamit ng preno, pagpipihit, at lakas ng makina. Tandaan ang mahahalagang puntong ito:

- Subukang huwag matakot.
- Iwasan ang malakas na pag-apak sa preno at pagpapadulas ng mga gulong. Hindi mo maaaring makontrol ang sasakyan habang dumudulas ang mga gulong.
- Otomatikong ginagawa ito ng antilock na preno para sa iyo. Subukang pumihit sa lugar na bawas ang panganib. Gawin ang malakas na pagpreno na hindi dudulas ang mga gulong. Kapag may dumulas na gulong, pakawalan ang preno at muling apakan kapag tumigil na sa pagdulas ang sasakyan.
- Isuot ang iyong safety belt upang mapanatili kang nasa posisyon upang makontrol ang iyong sasakyan.
- Patuloy mong subukang makontrol ang iyong sasakyan kahit matapos itong tumama sa ibang bagay.

PAGSABOG NG GULONG

Isang biglaang pagsingaw ng hangin ang pagsabog ng gulong na nagiging sanhi ng paglupsak nito, at maaaring maging sanhi ng kawalan ng kontrol sa iyong sasakyan. Kadalasang sanhi ng mga pagsabog ng gulong ang maling pag-aalaga at pagpapanatili ng gulong. Suriin ang presyon ng hangin at kondisyon ng gulong bawat buwan.



Kapag nakaranas ka ng pagsabog ng gulong sa iyong sasakyan:

- HUWAG AAPAKAN ANG PRENO. Maaaring maging sanhi ito ng kawalan ng kontrol sa iyong sasakyan.
- Hawakan nang mahigpit ang manibela at ipihit ito upang manatili sa iyong lane ng trapiko. (Maaaring magkaroon ng malakas na paghila sa kanan o kaliwa, o maaaring mauna ang paghila sa isang direksyon at pagkatapos ay sa kabila.)
- Marahang bawasan ang bilis nang hindi gumagamit ng preno hanggang napakabagal na ng iyong pagtakbo, at pagkatapos
- Marahang apakan ang preno at magmaneho palabas ng daan patungo sa isang ligtas na lugar. (Maaari kang makapagmaneho ng ilang distansya sa sumabog na gulong nang napakabagal nang hindi masisira ang rim ng gulong.)

PAGKATANGGAL NG GULONG

Isa itong madalang na emergency ngunit kung sakaling mangyari, gamitin ang mga pamamaraan na tulad ng sa pagsabog ng gulong. Malamang magkaroon ng isang lubusan o bahagiang pagpalya ng preno kapag natanggal ang isang gulong. Kapag nahinto, hindi mo na maaaring igo ang sasakyan, kinakailangan itong hatakin.

PAGPALYA NG PRENO

Malamang hindi mangyari ang lubusang pagpalya ng preno sa mga makabagong sasakyang pampasahero. Ginawa ang sistema ng preno upang maging posible ang paggamit ng preno kahit bahagian lamang. Magiging sanhi ng bahagiang pagpalya ang bawas na kakayahan sa pagpreno at makikita ito sa nagbababalang ilaw sa instrument panel.

Kapag tuluyang pumalya ang iyong preno:

- Bombahin ang pedal ng preno nang mabilis; pagkatapos
- Lumipat sa mas mababang kambyo.
- Maghanap ng matatakasang ruta (isang kalsada sa tabi o isang patag at maluwag na lugar). Gamitin ang mga ilaw at busina upang magbigay babala sa iba.
- Marahang gamitin ang parking brake at ihinto ang iyong sasakyan. (Huwag gamitin ang parking brake nang biglaan o gamitan ng malakas na puwersa at baka mawalan ka ng kontrol sa iyong sasakyan.)

PAGPALYA NG PAGPIPIHIT

Napakadalang ng lubusang pagpalya ng pagpipihit at hindi halos ito nangyayari sa sasakyang maayos ang alaga. Kapag mayroong power steering ang iyong sasakyan, maaaring magkaroon ng bahagiang kawalan ng kontrol sa pagpipihit. Sa ganitong pagkakataon, kinakailangan mong gumamit ng dagdag na trabaho sa manibela upang makontrol ang direksyon ng sasakyan.

HUWAG SUSUKO, GUMAMIT NG ANUMANG KINAKAILANGANG PUWERSA SA MANIBELA UPANG MAKONTROL ANG IYONG SASAKYAN.

Kapag tuluyang pumalya ang pagpipihit:

- Marahang bawasan ang bilis.
- Gamitin ang preno kung kinakailangan upang makaiwas tumama sa anumang bagay, at subukang huminto nang marahan hanggang maaari.

MGA GULONG NA NASA LABAS NG DAAN

Kapag lumampas sa gilid ng daan ang iyong sasakyan, maaaring mapigilan ng graba, lupa o ng gilid ng kalsada ang marahang pagbalik ng sasakyan sa may palitadang daan. Kung mangyari ito:

- HUWAG SUBUKANG IPILIT PABALIK SA DAAN ANG SASAKYAN SA PAMAMAGITAN NG BIGLAANG PAGKABIG SA MANIBELA.
- Patuloy na magmaneho nang nasa labas ng daan ang mga gulong at bawasan ang bilis.
- Marahang gamitin ang preno.
- Kapag nasa ligtas nang bilis, ipihit ang manibela upang makabalik sa daan. Maging handa sa paggamit ng mga biglaang pagsasaayos upang manatili sa iyong lane ng trapiko.



PAGLAMPAS SA NASA PANGANIB NA SASAKYAN

Kapag may sasakyang sumusubok kang lampasan ngunit hindi nito mabuo dahil sa kasalubong na trapiko, makatutulong kang makaiwas sa bangaan sa pamamagitan ng:

- Pagpipihit ng iyong sasakyan sa pinakakanang magagawa mo nang ligtas, kahit na mapunta ka sa shoulder kung maaari.
- Kapag itinutuloy ng sasakyan ang pagtangka nitong lumampas, magpabagal upang makasingit ang kanyang sasakyan sa lane sa iyong harapan.
- Kapag mukhang nagpapabagal ang lumalampas na sasakyan upang subukang makabalik sa lane sa iyong likuran, bilisan ang iyong sasakyan upang hayaang makabalik ito sa iyong likuran. (Sa parehong pagkakataon, tiyakin ang mga binabalak ng drayber ng lumalampas na sasakyan bago mo baguhin ang bilis ng iyong sasakyan.)

KASALUBONG NA SASAKAYAN SA IYONG LANE

Kapag nakita mong may pasalubong na sasakyan sa iyong lane ng trapiko:

- Pakislapin ang iyong mga ilaw at gamitin ang busina.
- Agarang pabagalin ang iyong sasakyan at pumihit sa kanan papalabas ng lane patungo sa anumang maaaring maluwag na lugar. HUWAG PAPASOK SA LANE NG KASALUBONG NA TRAPIKO.
- Magmaneho sa labas ng kalsada kung kinakailangan. Umiwas sa matitibay na bagay o mga naglalakad.

NAIPIT NA PEDAL NG GAS

Kapag naipit ang pedal ng gas ng iyong sasakyan, magpapatuloy ang iyong sasakyan sa kanyang bilis o aarangkada ito kahit alisin mo ang iyong paa sa pedal. Kadalasang nangyayari ito agad pagkatapos apakan nang todo ang pedal. Nagiging sanhi ito ng patuloy na pag-arangkada ng sasakyan. Sa anumang pagkakataon kinakailangan mong:


- Pitikin nang malakas ang pedal gamit ang iyong paa.
- Patayin ang makina. (Mag-ingat na ipihit ang susi nang sapat lamang upang mamatay ang makina at hindi gagana ang lock ng manibela. Mangangailangan ng dagdag na trabaho sa paggamit ng mga kagamitang ito ang mga sasakyang may power steering.)
- Gamitin ang preno.
- Lumabas ng kalsada patungo sa ligtas na lugar.

PAGPALYA NG PAGPIPIHIT

Kadalasang nangyayari ito kasabay ng pagpalya ng makina o pagkatanggal ng belt na nagpapatakbo ng power unit. Sa anumang pagkakataon kakailanganin ng dagdag na trabaho upang mapanatili ang kontrol sa pagpipihit.

- Bawasan ang bilis.
- Magmaneho patungo sa ligtas na lugar at huminto.

MGA PAGDULAS



Ang biglaang pagpapalit ng direksyon o bilis ang sanhi ng karamihan ng mga pagdulas. Ang labis na bilis para sa kasalukuyang lagay ng daan at trapiko ang pinakamadalas na sanhi. Kailangan ng dagdag na pag-iingat kapag magmamaneho sa basa, madulas, o mga kalsadang natatakpan ng graba.

Kapag nagsimulang dumulas ang iyong sasakyan, mahalagang gawan ng agarang pagsasaayos na kilos bago ka pa mawalan ng kontrol. Maliban kung nakaranas ka na ng pagdulas sa isang sasakyan, waring hindi natural ang mga wastong kilos ng pagsasaayos. Mahalagang tandaan na kapag makaranas ka ng pagdulas o problema sa pagkontrol, kinakailangan mong ihinto o bawasan kung anuman ang iyong ginagawa nang magsimula ang problema. Upang makawala ka sa pagkadulas:

- Iwasan ang paggamit ng preno. Kapag nagsimula ang pagdulas matapos apakan ang preno, pakawalan ang preno.
- Pakawalan ang pedal ng gas. Maaaring tumigil agad ang pagdulas kapag ginawa ito.
- Ipihit ang manibela sa direksyon ng pagdulas ng gulong sa likod. Ipihit nang mahigpit ang manibela ngunit huwag gawing bigla at malakihan ang kilos. Kapag dumudulas sa kanan, ipihit ang manibela sa kanan. Ipihit sa kaliwa kung dumudulas nang pakaliwa. Sa paghinto ng pagdulas, ipihit ang manibela sa diretsong posisyon.
- Maaaring maging sanhi ng pagdulas sa kabilang direksyon ang labis na pagkontra. Muling pumihit nang marahan sa direksyon ng pagdulas. Ulitin ang mga pamamaraang ito hanggang mabawi mo ang kontrol sa sasakyan.

SUNOG


Maaaring magkaroon ng sunog sa anumang bahagi ngsasakyang may sumisinding materyales. Kadalasang sanhi ng sunog ang pag-overheat ng makina, pagkakaroon ng electrical short, pagtulo ng gas, o pagtulo ng langis. Kinakailangang imbestigahan agad ang anumang amoy ng nasusunog. Kapag magkaroon ng sunog o pinaghihinalaang sunog sa sasakyan:

- Magmaneho patungo sa ligtas na lugar na walang trapiko at huminto.
- Patayin ang makina at lahat ng iba pang elektrikal na switch.
- Ilabas lahat ng mga pasahero at ilayo sa sasakyan at sa daanan. Maaaring mabilis na mapuno ng mga nakalalasang usok ang sasakyan.
- Kapag maliit ang apoy, gumamit ng pamatay-apoy (fire extinguisher), lupa, buhangin o isang kumot upang takpan ang apoy. **HUWAG GUMAMIT NG TUBIG SA MGA SUNOG NA GAWA NG GASOLINA, LANGIS O KURYENTE.**
- Kapag nagkaroon ng malaking sunog sanhi ng gasolina o langis, maaaring hindi mo ito masugpo. Huwag subukan. Humingi ng tulong.

PAGTIRIK O PAGPALYA NG MAKINA

Sa kabutihang palad, hindi mapanganib ang karamihan ng pagtirik ng mga sasakyan ngunit maaaring maging sanhi ito ng mapanganib na kalagayan. Kadalasan tumitirik ang sasakyan sa mapanganib na lagay kaugnay ng ibang trapiko.

- Kapag maaari, ilipat ang sasakyan sa isang ligtas na lugar.
- Ilayo ang mga pasahero sa trapiko. Kapag hindi mailipat ang sasakyan mula sa isang mapanganib na kinalalagayan ngunit mayroong isang ligtas na lugar na mapupuntahan ng mga pasahero, ilipat ang mga pasahero sa ligtas na lugar.
- Sa lahat ng iba pang pagkakataon, kinakailangang manatili ang mga pasahero sa loob ng sasakyan.
- Gamitin ang ilaw ng hazard, mga flare, mga reflector na pambabala, at flashlight ayon sa pangangailangan. Kailangang palagiang mayroon ng mga kagamitang ito sa loob ng iyong sasakyan.
- Maging maingat sa mga taong nais magbigay-tulong. Manatiling nakakandado sa loob ng sasakyan hanggang natitiyak mo ang layunin ng taong ito. Kapag may pag-aalinlangan, makiusap na pasabihan ang pulisya.
- Ipaalam ang pangangailan mo ng tulong sa pamamagitan ng pagtaas ng hood ng iyong sasakyan. Magtali ng puting tela sa antena ng radyo o sa hawakan ng pinto o gumamit ng karatulang ginawa para sa layuning ito kung mayroon.
- Kung kinakailangan mong iwanan ang iyong sasakyan, ikandado itong mabuti at balikan agad kung maaari.
- Kung maglalakad ka sa highway, maglakad ng paharap sa trapiko at malayo sa kalsada. Huwag maglalakad sa mga freeway; manatili sa iyong sasakyan hanggang dumating ang tulong.



KABANATA XI

MGA TRAK, TRAILER, BUS AT MOTORSIKLO

Kapag nagmamaneho ka sa mga daan at highway, kinakailangan mong makipagbigayan sa daan sa mga sasakyang mas malaki kaysa karaniwang pampasaherong sasakyan at magagaang trak. Ang pagpapatakbo ng mga trak na ito, mga traktor-semitrailer, trailer ng trak at bus ay nangangailangan ng natatanging kahusayan sa pagmamaneho, pagkamaasikaso at konsiderasyon sa iba pang mga gumagamit ng highway. Upang matiyak ang iyong kaligtasan, kinakailangan mo, at ng iba pang mga gumagamit ng highway, na malaman ang mga limitasyon ng mga sasakyang ito.

MGA DRAYBER NG MALALAKING SASAKYAN

Mga Lisensya ng Drayber

Kinakailangan ng mga drayber ng malalaking sasakyan ng may bisang lisensya ng drayber para sa uri ng sasakyang kanilang minamaneho. Maaaring mahanap ang mga impormasyon tungkol sa lahat ng uri ng mga lisensya ng drayber sa Kabanata I, Paglilisensya ng mga Drayber.

Mga Propesyonal na Drayber

Marami, kung hindi man karamihan, ng mga drayber ng malalaking sasakyan ang kumikita ng kanilang kabuhayan sa pagpapatakbo ng mga sasakyang ito; ito ang kanilang hanapbuhay. Dahil mas maraming oras silang ginugugol sa pagmamaneho kaysa ibang mga drayber, sila dapat ang mga pinakamahusay, pinakamarunong at pinakabihasang mga drayber sa mga highway. Kinakailangang maipakita nila ang marka ng tunay na propesyonal sa pamamagitan ng pagiging halimbawa ng wasto at ligtas na pagmamaneho. Nahahantad din sila sa mga panganib ng pagmamaneho sa mas mahabang panahon kaysa mga karaniwang drayber.


Mga Pananagutan ng mga Drayber

Dahil sa kanilang laki at bigat, maaaring maging sanhi ng malubhang pagkasira at pinsala ang mga sasakyang ito kapag nasangkot sa aksidente. Kinakailangang palagiang nalalaman ng mga drayber ng mga sasakyang ito ang mga limitasyon at natatagong lakas ng kanilang mga sasakyan at kilalanin ang kanilang pananagutan upang bigyan ng nararapat na konsiderasyon ang iba pang mga gumagamit ng highway at gayundin sa kanilang mga pasahero at kargada.

MGA LIMITASYON NG MALALAKING SASAKYAN

Bisibilidad

Karaniwang nagbibigay ng mas mabuting bisibilidad sa harapan ang malalaking sasakyan kaysa ibang sasakyan dahil nakatataas ang posisyon ng drayber nito kaysa iba. Ngunit lubhang limitado ang bisibilidad ng mga ito sa mga tagiliran at likuran, makikita lamang ang ibang trapiko sa pamamagitan ng mga salamin, at hindi nakikita ng drayber ang lugar malapit sa likuran ng sasakyan.



- Kinakailangang magbigay ng puwang ang mga drayber ng malalaking sasakyan dahil sa dagdag na lapad at haba ng kanilang mga sasakyan kapag lumiliko, nagpapalit ng lane o umaatras.

- Kinakailangang bigyan ng ibang mga drayber at gumagamit ng highway ng karagdanang puwang ang drayber ng malaking sasakyan upang ligtas na makapagmaniobra ito.

Puwang ng Pagmamaniobra

Kinakailangan ng malalaking sasakyan ng karagdagang puwang sa pagliko.

- Kinakailangan ng lubos na pag-iingat ng mga drayber ng malalaking sasakyan kapag lumiliko o umaatras upang tiyaking magagawa ang pagkilos na ito nang hindi nakasagabal sa iba pang mga gumagamit ng highway.
- Kapag malapit sa malalaking sasakyan, kinakailangang manatili ang mga drayber ng ibang sasakyan at iba pang mga gumagamit ng highway sa lugar na makikita sila ng drayber ng malaking sasakyan at hindi natatakpan ang kanilang pananaw sa iba pang trapiko.

Distansya ng Paghinto

Kinakailangan ng mas mahabang distansya ng paghinto ang malalaking sasakyan kaysa ibang mga sasakyan.

- Kinakailangang magbigay ng puwang ang mga drayber ng malalaking sasakyan para sa karagdagang distansyang kailangan upang huminto.
- Kapag lilipat ng lane o sa mga krosing kinakailangang magbigay ng puwang ang ibang mga drayber at gumagamit ng highway para sa karagdagang distansya ng paghintong kakailanganin ng malalaking sasakyan.

Pag-arangkada at Kaliksihan

Napakabal umarangkada ng malalaking sasakyan at hindi ng mga ito kayang magmaniobra nang kasimbilis ng ibang mga sasakyan.

- Kinakailangang magbigay ng puwang ang mga drayber ng malalaking sasakyan para sa malayang pagkilos ng ibang mga sasakyan kapag nasa trapiko at umiwas na mabarahan ang ilang mga lane ng trapiko
- Kinakailangang nalalaman ng mga drayber na ang malalaking sasakyan ay maaaring tumakbo nang mas mabagal sa nakatakdang speed limit at mag-ingat sa paglapit o paglampas dito.

Pagkontrol ng Bilis sa Pababa

Nagiging sanhi ng pagkawalang-bisa ng preno ang patuloy na paggamit nito sa mga daang pababa. Dagdag ang panganib ng ganitong kalagayan sa malalaking sasakyan.

- Ang mga drayber ng malalaking sasakyan ay kailangang lumipat sa tamang mababang kambiyong bago magmaneho pababa sa isang matarik na daan upang mabawasan ang posibilidad ng pag-overheat ng mga preno.
- Kinakailangang listo ang mga drayber ng ibang mga sasakyan sa mga lumalampas na malalaking sasakyan; umalis sa kanilang daraanan.

Slipstream

Ang malalaking sasakyang tumatakbo nang napakabilis ay nagiging sanhi ng mga pagbugso ng hanging may sapat na lakas upang maiba ang direksyon ng maliliit na mga sasakyan. Kinakailangang maging handa ang mga drayber ng maliliit na sasakyan sa pag-ayos ng kanilang pagmamaneho kapag papalapit o lalampas sa malalaking sasakyang mabilis ang takbo.

MAPAPANGANIB NA MATERIALES

Sa maraming pagkakataon, nagkakarga ang malalaking trak ng mga materyales na mapanganib sa mga tao o ari-arian. Maaaring sumasabog, sumisiklab, radyoaktibo, nakalalason, at iba pa, ang mga materyales na ito. Ang mga drayber ng mga sasakyang ito ay may pananagutang tiyakin na wasto ang pagka-impake at pagkamarka ng mga materyales na ito, at markado ang sasakyan upang maipaalam ang uri ng materyal na karga upang makapagbigay ng wastong proteksyon kapag nagkaroon ng aksidente.

MGA KAGAMITANG PANG-EMERGENCY

Kinakailangan ng karamihan ng malalaking sasakyan na magdala ng mga kagamitang pang-emergency tulad ng mga fire extinguisher, flare, reflector, first aid kit, at iba pa. Dapat nalalaman ng mga drayber ng mga sasakyang ito ang mga kinakailangang kagamitan, at paano at kailan gagamitin ang mga ito.

PAGHATAK NG MGA TRAILER

Maraming drayber ng mga pampasaherong sasakyan at maliliit na trak ang humahatak ng iba't ibang uri ng mga trailer gamit ang kanilang sasakyan. Malalaman mong natutulad din ang mga limitasyon ng malalaking sasakyan sa mga hinahatak na trailer, lalo na ang malalaking trailer.

Mga Salaming Rear-View

Kapag sapat ang laki ng iyong trailer upang matakpan ang iyong paningin sa likuran sa pamamagitan ng iyong salaming rear-view sa loob ng sasakyan, kinakailangan mong magkaroon ng mga salaming rear-view na wasto ang laki sa magkabilang tabi sa labas ng iyong sasakyan.

Preno


Preno Kapag tumitimbang ang iyong may kargang trailer nang higit sa kalahati ng timbang ng humihilang sasakyan o 3,000 libra o mahigit, kinakailangang may sariling preno at breakaway protection ang trailer.

Mga Pasahero

Hindi mo maaaring payagang sumakay sa mga trailer ang mga pasahero. Bawal ang pagsakay sa loob ng mga bahay na trailer.

Mga Safety Chains

Kinakailangang may mga safety chain ang iyong trailer. Kinakailangang nakakabit ang mga safety chain sa balangkas ng humihilang sasakyan at sa trailer, at hindi nakakabit sa anumang bahagi ng kabitan ng trailer.




Mga Kabitan ng Trailer

Tiyaking may wastong kabitan ang iyong sasakyan para sa laki at uri ng trailer na hinihila. Kinakailangan ng mga naiibang kabitan ang malalaking trailer. Huwag aasa sa mga kabitan sa bumper para sa kahit na anong trailer.

Karga ng Trailer

Tiyaking wasto ang pagkakabalanse ng karga ng trailer. Mga 10% hanggang 15% ng karga ng trailer ang dapat nasa kabitan ng trailer ng sasakyan. Kapag labis ang bigat, mahihirapan ka sa pagpipihit ng sasakyan. Kapag napakagaan ng timbang, papalo-palo ang trailer. Huwag kargahan ng labis ang trailer.



Tiyaking nakapirmisa lugar ang karga.

Mga Kagamitan

Tiyaking mayroon ang trailer ng:


- Wastong pagkakakabit at pagkakalangis na mga gulong, at natatakpan ng tapalodo o ng mga mud guard.
- Maayos na mga gulong na wasto ang pagkakahangin.
- Mga signal para sa likuran, sa paghint, sa pagliko , plaka, at kung kinakailangan, mga ilaw sa gilid at mga reflectors.

MGA MOTORISTA AT NAGMOMOTORSIKLO SA TRAPIKO



PAKIKIPAGBIGAYAN SA DAAN SA MGA MOTORSIKLO

Sa kasalukuyang panahon, mga kaibigan, kaanak, at mga kapitbahay ang mga nagmomotorsiklo, ngunit hindi pa rin nasasanay ang mga drayber ng kotse sa mga motorsiklo sa trapiko. Kaakit-akit sa ibang mga tao ang pagbibiyaha sa pamamagitan ng motorsiklo; matipid sa gas at maliit at nakatutuwang sakyan ang mga ito. Sa kabilang dako, mas madaling masaktan ang mga nagmomotorsiklo kapag nasangkot ito sa isang aksidente. Ipinapakita ng mga pananaliksik na ang pagsingit ng drayber ng kotse sa harapan ng nagmomotorsiklo ay sanhi ng mahigit sa dalawa sa bawat tatlong aksidente ng kotse at motorsiklo. Kinakailangang magkasama ang mga motorsiklo at kotse sa trapiko nang hindi makapipinsala sa isa't-isa. Upang magawa ito, kinakailangang mas maunawaan natin ang tungkol sa mga motorsiklo, at ang dahilan ng mga nagmomotorsiklo sa ilan sa mga gawain nila.




Nagpapakita ng makitid na hugis ang mga motorsiklo at kadalasang mas maigsi ang haba kaysa sa kotse. Dahil sa liit ng motorsiklo maaaring magmukhang mas malayo ito at bumibiyahe nang mas mabagal kaysa tunay nitong bilis. Dahil mahirap matantiya ang layo at bilis ng motorsiklo, kinakailangan ng mga drayber ng kotse na tingnan ito ng makalawa at makatatlong beses. Pinahihirap din ng kaliitan nito ang makita sa trapiko kumpara sa kotse. Sinasamantala ng ibang motorsiklo ang kaliitan at kadaliang imaniobra nito. Maaari ang mga itong sumingit sa pagitan ng mga sasakyan at ilagay ang sarili sa mga lugar kung saan hindi sila makikita ng mga drayber. Maging listo sa mga motorsiklong sumusulpot nang hindi inaasahan.



TIYAKING NAKIKITA MO ANG MOTORSIKLO AT ALAM MO ANG BILIS NITO BAGO MAGSIMULANG LUMIKO O PUMASOK SA ISANG KROSING.


POSISYON SA LANE



Dahil sa liit ng motorsiklo, mag-iiba ang posisyon nito sa lane habang nagpapalit ang kondisyon ng trapiko. Ipoposisyon ng nagmomotorsiklo ang sarili sa lane upang makakita at makita ng iba. Kadalasan, tatakbo ito sa kaliwang bahagi ng lane ng trapiko upang magkaroon ng mas magandang pananaw ng kalagayan ng trapiko at daan. Ginagawa rin nitong mas madaling makita ang motorsiklo ng ibang trapiko.

Ngunit habang nagpapalit ang kondisyon ng trapiko at daan, maaaring lumipat ang nagmomotorsiklo. Maaaring lumipat ito sa gitna ng lane o kahit sa kanang tabi upang umiwas sa trapiko o upang makita ng ibang mga nasa daan.

Hindi iniisip ng karamihan ng mga drayber ang kakayahan ng kanilang mga sasakyan na kayanin ang maliliit na panganib sa




daan tulad ng mga lubak at riles ng tren. Maaaring maging malalaking problema para sa motorsiklo ang maliliit na problema para sa mga sasakyang apat ang gulong. Lilipat ng posisyon sa lane ang siklista upang lumayo sa mga maaaring maging panganib. Minsan, biglaan ang paggilid-gilid na mga pagkilos na ito. Kinakailangang listo ang mga motorista sa mga biglang pagpapalit sa posisyon at direksyong ito, at itugma ang pagmamaneho. Igalang ang lugar ng motorsiklo at ang posisyon nito sa trapiko. Pinahihintulutan ang mga motorsiklo na gamitin ang buong lapad ng lane upang makapagmaniobra. Umiwas na tumabi sa nagmomotorsiklo sa iisang lane. Pinipigilan nito ang kakayahan ng nagmomotorsiklong umiwas sa mapapanganib sa kalagayan.

KROSING




Ang mga krosing ang mga lugar na pinakamaaaring magkaroon ng bangaan ang mga kotse at motorsiklo. Tulad ng nabanggit, resulta ito ng HINDI PAGKAKITA ng drayber ng kotse sa motorsiklo at pagliko nito sa dinaraan ng motorsiklo. Maaari ring maging problema ang maling pagkaintindi sa mga binabalak ng nagmomotorsiklo. Lilipat sa isang tabi ng lane ang siklista upang paghandaan ang mga paparating na kondisyon ng trapiko. Lilipat ang siklistang ito sa isang tabi ng lane upang maghanda sa pagliko o maaaring upang lumayo sa isang panganib na hindi nakikita ng ibang mga motorista. Huwag ipagpalagay ang binabalak ng siklista hanggang walang dudang naumpisahan na ang maniobra nito, tulad ng pagliko sa krosing o sa driveway. Hindi rin otomatikong namamatay ang mga signal ng pagliko sa isang motorsiklo at nakakalimutan minsan ng mga siklistang patayin ito matapos mabuo ang pagliko. Tiyaking nalalaman mo ang gagawin ng siklista bago ka lumipat sa dinaraan ng motorsiklo.

DISTANSYA NG PAGSUNOD



Kapag nagmamaneho sa likod ng isang motorsiklo, magbigay ng 2 segundong distansya ng pagsunod. Binibigyan nito ang siklista ng sapat na puwang upang magmaniobra o huminto kapag may emergency. Dahil sa pagkadelikado nito at sa hirap ng mga motoristang matantiya ang bilis at layo ng motorsiklo, kinakailangang dagdagan ang agwat sa pagitan ng dalawang sasakyan upang maiwasan ang biglaang pagpreno. Mas malamang parehong makagawa ng mga maling pagpapasiya ang mga nagmomotorsiklo at drayber kung kulang ang distansya sa paghinto o kakayahang makita at magkaroon ng reaksiyon sa mga kondisyon. Nauuwi ito sa mga aksidente. Mas malaki ang pagkakataong masaktan ang nagmomotorsiklo kapag napilitan itong umiwas sa mga hadlang sa kanyang harapan, at sa drayber na sumusunod nang masyadong malapit.

PAGLAMPAS AT KAPAG NILALAMPASAN



Magkatulad ang mga patakaran ng paglampas ng ibang mga sasakyan at ng mga motorsiklo. Kinakailangang panatilihin ng isang motoristang nilalampasan ng isang motorsiklo ang kanyang posisyon sa lane at ang bilis ng takbo. Hayaan ang siklistang mabuo ang paglampas at makapagpuwesto nang wasto sa lane sa lalong madaling panahon. Kapag lalampas sa isang motorsiklo, bigyan ng isang buong lane ang motorsiklo. Huwag mag-umpisa sa parehong lane tulad ng motorsiklo. Maaaring maging sanhi ang agarang pagbalik sa dating lane ng puwersahang paglihis ng motorsiklo pakanan sa trapiko o palabas ng daan.

LISENSYA NG NAGMOMOTORSIKLO

Naiiba ang pagpapatakbo ng motorsiklo sa kotse; nangangailangan ito ng naiibang kaalaman at kakayahan. Makahulugan lamang na kailanganin ang pagbibigay ng lisensya para sa nagmomotorsiklo. Karamihan sa mga estado ngayon ay mayroong magkahiwalay na mga eksamen para sa kaalaman at kahusayan na kailangang makumpleto bago makapagpatakbo ng motorsiklo. Ang pagpasa sa parehong eksamen ang nagbibigay ng lisensya sa nagmomotorsiklo upang makapagpatakbo nito. Kinakailangan din ang magkatulad na patakaran sa pagpaparehistro at pagpapaseguro ng motorsiklo at kotse.

Nangangahulugan ang lahat ng ito na tunay na katambal ang mga motorsiklo sa pinaghalong trapiko at kinakailangang bigyan ng katumbas na paggalang. Magbantay para sa mga hindi inaasahan at bigyan sila ng bahagi ng daan; maaaring ang kapitbahay mo ang nagmomotorsiklo.

KABANATA XII

KALIGTASAN NG MGA NAGLALAKAD

BUOD NG MGA KATOTOHANAN

- Sa Hawaii, mga naglalakad ang 20% ng lahat ng namamatay sa trapiko.
- Hindi mga drayber ang karamihan sa mga namatay.
- Halos kalahati ng mga namatay ay kulang sa edad na 15 at labis sa 65.
- Nangyayari ang halos 90% ng mga nakamamatay na aksidente sa loob ng kalsada; labis sa 50% habang tumatawid sa kalsada.
- Labis lamang nang kaunti sa 10% ng mga namamatay ang nangyayari sa labas ng kalsada.

Matapos masuri ang buod na ito, malinaw na teritoryo ng sasakyang de motor ang kalsada. Walang pisikal na pananggalang laban sa sasakyang de-motor ang isang naglalakad na pumapasok sa kalsada. Ang kanyang kaligtasan ay buong iniaasa sa pagkalisto at pagkilos ng sarili at ng drayber.

Ipinapakita rin ng buod na kadalasang nangyayari ang aksidente sa mga nakababata at nakatatanda. Mabibilis ang mga bata at malinaw ang mga paningin ngunit hindi sila sanay sa trapiko at kulang ang kanilang pagtantiya sa panganib at mapagpinsalang lakas ng sasakyang de-motor. Kadalasang pinahihina ang mga nakatatanda ng malabong paningin, mabagal na reaksiyon, kawalan ng kakayahang kumilos nang mabilis at mas madali silang masaktan o mamatay.

Upang mabawasan o maalis ang pagkakataong makasama ka sa mga estatistika ng aksidente sa mga naglalakad sa Hawaii, gawin ang mga sumusunod na patakaran kapag NAGMAMANEHO at kapag NAGLALAKAD:

Ang Iyong Pananagutan Bilang Isang DRAYBER

- Magpabagal at maghandang huminto kapag nakakita ka ng mga taong naglalakad o tumatawid sa kalsada at kapag namasdan mong may mga batang malapit sa kalsada. Bumusina, kung kinakailangan, upang magbigay babala sa sinumang naglalakad sa kalsada. (Ipinag-uutos ng batas)
- Huminto para sa lahat ng mga bulag na nasa kalsada (makikilala sa pamamagitan ng puting baston at asong tagagabay) anuman ang lagay ng signal o trapiko.
- Huwag magmamaneho patawid ng isang lugar ng kaligtasan para sa mga naglalakad. (Ipinagbabawal ng batas)
- Huwag lalampas sa isang sasakyang nakatigil upang patawirin sa kalsada ang naglalakad. (Ipinagbabawal ng batas)
- Maging lubos na maingat sa mga batang malapit sa mga paaralan, parke, palaruan, at pamahayan. Huminto sa paghudyat ng sinumang nagbabantay sa tawiran ng paaralan.
- Mag-ingat sa mga naglalakad kapag lumiliko sa mga krosing at kapag papasok o lalabas ng mga driveway. (Ipinag-uutos ng batas)
- Magtingin ng mga papalapit na sasakyan bago ka, at ang iyong mga pasahero, bumaba ng sasakyan. Hanggang maaari, lumabas ng iyong sasakyan sa tabing malayo sa trapiko.

Ang Iyong Pananagutan Bilang Isang Naglalakad

- Tumawid lamang sa mga tawiran. Bawal ang jaywalking.
- Sundin lahat ng mga batas at signal trapiko. (Ipinag-uutos ng batas)
- Magtingin-tingin ng mga sasakyan sa lahat ng oras kapag naglalakad sa kalsada. Huwag ipalagay na sinisiguro ng mga guhit sa daan at ng mga signal trapiko ang iyong kaligtasan.
- Huwag magsimulang tumawid ng kalsada sa berdeng ilaw na matagal nang nakasindi. Hintayin ang susunod na berdeng signal.

- Huwag pumasok sa kalsada o tawiran kapag may papalapit na mga sasakyan. Maaaring hindi sila makahinto. (Ipinagbabawal ng batas)
- Magtingin ng mga lumilikong sasakyan bago tumawid ng kalsada.
- Huwag tumakbo sa tabi o patawid ng kalsada.
- Maglakad sa kaliwang tabi ng kalsada pasalubong sa trapiko.
- Huwag maglakad o tumayo sa dinaraanang bahagi ng kalsada upang manghingi sa anumang kadahilanan o upang magbantay ng isang sasakyan o paradahan. (Ipinagbabawal ng batas)
- Magsuot ng matitingkad na kulay na damit kapag naglalakad sa loob o sa tabi ng kalsada.
- Huwag maglakad sa loob o malapit sa daan kapag nasa ilalim ng impluwensya ng alkohol o mga gamot.
- Tiyaking hindi naglalaro ang iyong mga anak sa kalsada.

PAGHINTO PARA SA SCHOOL BUS

Kapag may nakatigil na school bus sa highway habang halinhinang kumikislap ang pulang signal na ilaw, ang drayber ng alinmang sasakyang de-motor sa parehong highway at lane na kinaroroonan ng school bus at lahat ng iba pang mga lane na katabi, ay kailangang ihinto ang sasakyan bago makarating sa school bus at hindi maaaring tumuloy hanggang kumilos muli ang school bus o patayin ang kumikislap na pulang ilaw na signal nito. Ang hindi pagsunod sa batas na ito (291C-95, HRS) ay maaaring magmulta ng \$1,000.



Ngunit hindi kinakailangang huminto ang mga sasakyang tumatakbo sa kabilang direksyon sa isang pinaghating highway. Ang isang pinaghating highway ay dalawang kalsadang pinaghihiwalay ng kapisang lupa o puwang na hindi para daanan ng sasakyan.

Kinakailangang listo ang mga motoristang bumibiyahen sa oras na bumibiyahen ang mga school bus. Ang pagkakaroon ng mga mag-aaral na naghihintay sa tabi ng kalsada ang hudyat na mayroong school bus sa lugar. Dagdag pa rito, maaaring may mga naghihintay na mag-aaral na biglang tatawid sa harap trapiko.

KABANATA XIII MGA BISIKLETA

MGA MOTORISTA

Habang mas nagiging siksikan ang ating mga daan at highway, nadadagdagan ang kahalagahan ng pakikipagbigayan ng daan sa mga nagbibisikleta. Ang bisikleta ay itinuturing na legal na sasakyan, at dahil dito mayroong mga karapatan at pananagutan ang mga ito tulad din ng ibang sasakyan. Ngunit kinakailangan ng mga motorista ng karagdagang kalistuhan para sa mga nagbibisikleta dahil kadalasan, hindi sila madaling makita kumpara sa ibang mga sasakyan. Dagdag pa, maaaring hindi matantiya ang takbo ng mga ito, o wala silang kaalaman o husay na magbisikleta sa trapiko. Makakikita ka ng malawak na pagkakaiba sa husay ng pagsakay sa mga nagbibisikleta. Kinakailangang maging listo ang mga drayber sa mga sumusunod:

- Pagliko ng mga nagbibisikleta sa lane ng biyahe. Kahit na kinakailangan ng mga nagbibisikleta na dumaan sa kanang tabi ng kalsada hanggang maaari, may mga pagkakataon na kailangan nilang lumipat sa lane ng sasakyan. Kabilang sa mga ito ang paghahanda upang lumiko sa kaliwa, paglampas sa ibang mga bisikleta o pag-iwas sa mga balakid sa may gilid ng daan. Ang mga bisikleta ay legal na maaaring dumaan sa kaliwang tabi ng daang one-way.
- Mga nagbibisikletang tumatakbo nang maling direksyon. Kahit na ilegal ang pagbisikleta nang kasalungat ng trapiko, maraming mga baguhang nagbibisikleta ang gumagawa nito paminsan-minsan. Nagiging sanhi ang pag-uugaling ito ng 25% ng lahat ng mga pagbanga ng kotse sa bisikleta. Kinakailangang listo ang mga drayber sa pag-uugaling ito lalo na kapag lumiliko.
- Mag-ingat sa paglampas sa bisikleta. Kinakailangan ng mga motoristang magpanatili ng hindi kukulangin sa tatlong talampakang agwat sa pagitan ng bisikleta at ng kanilang sasakyan hanggang ligtas nilang malampasan ito. Maaari ring tumatakbo nang mas mabilis sa iyong inisip ang nagbibisikleta. Nangyayari ang malaking bilang ng mga bangaan kapag nilalampasan ng mga motorista ang mga nagbibisikleta at biglang babagal at kakanan nang hindi nag-iiwan ng sapat na agwat para sa nagbibisikleta.
- Manataling nasa labas ng mga lane ng bisikleta kapag kakanan sa isang krosing. Magtinging-tingin at magbigay sa mga nagbibisikleta kapag tatawid ng lane ng bisikleta. Kung kinakailangan mong gumawa ng biglaang pagkakanan, mas mabuting huwag mong lampasan ang nagbibisikleta. Sanayin ang sariling magtingin sa mga lumalampas na nagbibisikleta tuwing kakanan ka kahit na mukhang walang nagbibisikleta sa paligid.
- Tumingin-tingin bago buksan ang pinto ng iyong sasakyan. Labag sa batas-trapiko ang pagbubukas ng pinto ng sasakyan nang biglaan na maaaring maging sanhi ng panganib sa dumadaloy na trapiko, kabilang ang mga nagbibisikleta.
- Pakitunguhan ang mga nagbibisikleta nang may aloha. Sa bawat isang bisikleta sa daan, bawas ng isang sasakyan sa daan, bawas ang polusyon at maaaring may dagdag na isang paradahan sa iyong patutunguhan.

MGA NAGBIBISIKLETA


Tulad din ng mga motorista, ang mga nagbibisikleta ay kinakailangang sumunod sa lahat ng mga karatulang pantrapiko, signal, at iba pang mga patakarang pantrapiko. Ito ang batas, ngunit malaki rin ang nagagawa nito upang makakuha ng respeto ang mga nagbibisikleta at maipakita na nararapat silang nasa daan. Dagdag pa, kinakailangang alam ng mga nagbibisikleta ang mga sumusunod:

Mga Patakarang sa Trapiko

• Palaging magbisikleta nang kasabay ng trapiko, kahit na malapit lang ang tatakbuhan mo. Hindi tumitingin ang mga motorista sa mabibilis na nagbibisikleta mula sa "maling" direksyon. Kapag kakanan, karaniwang abala ang mga motorista at mga nagbibisikleta sa pagtingin sa trapikong nanggagaling sa kaliwa na nakakalimutan nilang tumingin sa mga naglalakad mula sa kanan.



- Kapag bumibiyahe nang mas mabagal kaysa normal na bilis ng trapiko, magbisikleta nang pinakamalapit sa kanang gilid hanggang maaari. Sa mga daang one-way, legal ang pagbisikleta sa kaliwang gilid.
- Maaaring lumipat sa daanan ng trapiko ang mga nagbibisikleta kapag liliko sa kaliwa, umiiwas sa mga sagabal sa kalsada, tumatakbo nang kasimbilis ng trapiko o kung masyadong makitid ang daan upang ligtas na magkatabi ang bisikleta at sasakyang de-motor sa iisang lane.
- Sa kalsada, kinakailangang tumakbo ang mga nagbibisikleta sa iisang hanay. Maaari silang magbisikleta nang magkatabi sa isang lane ng bisikleta kung sapat ang lapad nito upang hindi makasagabal sa trapiko.
- Sundin lahat ng mga karatula at signal na pantrapiko. Sasailalim sa kaparusahang tulad din ng sa mga drayber ang mga nagbibisikletang mahuhuling lumalabag sa mga batas trapiko.
- Sundin ang mga marka sa lane. Umalis sa right-turn-only (pakanan lamang) na lane kung didiretso ka.
- Kung magbibisikleta ka sa gabi kinakailangang mayroon kang headlight at reflector sa likod. Ipinapayo ang pagkakaroon ng ilaw sa likod at reflector sa pedal, at kasuotang maliwanag ang kulay.
- Huwag magsakay ng pasahero maliban kung ginawa ang bisikleta para dito.
- Hindi pinapayagan ang mga bisikletang tumakbo sa mga sidewalk ng mga distritong pangkalakalan. Sa ibang mga lugar, maaaring tumakbo ang mga nagbibisikleta sa mga bangketa sa bilis na 10 MPH o mas mabagal, at kung laging magbibigay ng karapatan sa daan sa mga naglalakad.



Mga Payong Pangkaligtasan

- Magsuot ng helmet ng bisikleta tuwing magbibiyahe. Bagamat hindi ipinag-uutos ng batas ang pagsuot ng helmet, maganda itong ideya. Hindi kinakailangang mabilis o malayuan ang iyong pagtakbo upang ipagsapalaran ang malubhang pinsala sa ulo.
- Gawing madaling mabatid ang kilos. Huwag gagawa ng kahit na anong makagugulat sa mga drayber, tulad ng pagsingit-singit sa mga nakaparadang sasakyan o trapiko.
- Lumingon sa likuran, at tiyaking walang sasakyan, bago kumaliwa o lumipat sa daanan ng trapiko. Ipaalam din sa mga motorista ang iyong ginagawa sa pamamagitan ng mga signal ng kamay upang lumiko at huminto.
- Huwag magbibisikleta nang masyadong malapit sa mga nakaparadang sasakyan. Mag-iwan ng hindi kukulangang sa 3 talampakan upang sa biglaang pagbukas ng pinto ng isang drayber, hindi ka matatamaan. Maging listo rin sa mga sasakyang pumapasok sa daan.
- Huwag magsuot ng mga headphone kapag nagbibisikleta. Kinakailangan mong marinig ang trapiko sa iyong paligid at maging listo sa mga nangyayari. Kabilang dito ang pagmasid-masid sa daan para sa mga lubak, biyak na kalsada, at madudulas na daan.
- Tiyaking ligtas ang iyong bisikleta. Bago magbiyahe, tiyaking gumagana ang preno, masikip ang upuan at handlebar, at wasto ang hangin at maganda ang kondisyon ng mga gulong.
- Tiyaking nakikita ka. Magsuot ng damit na matitingkad ang kulay kapag nabibisikleta. Huwag ipalagay na nakikita ka ng mga drayber, kahit na nagkatingingan kayo sa mata. Kumuha ng tugon mula sa drayber upang masigurado mong nakikita ka.
- Piliin ang pinakamagandang paraan upang lumiko sa kaliwa. Ang mga bihasang nagbibisikleta ay kakaliwa gaya ng mga sasakyang de-motor: sumignal, pumuwesto sa gitna ng lane ng pagkaliwa kapag ligtas nang gawin ito, at lumiko. Maaaring piliin ng iba ang pagtawid nang katulad ng isang naglalakad: tumungo sa tawiran, ilakad ang bisikleta patawid ng krosing, at ipagpatuloy ang pagbiyahe mula roon.
- Huwag lalampas sa mga sasakyan sa kanan. Maaaring hindi kayo inaaasahan o makita ng mga drayber kapag nilampasan mo sila sa kanan. Kapag nakahinto sa trapiko, mas ligtas at magalang ang manatili sa inyong lugar sa pila.

**PANGKALAHATANG
MGA TANONG SA
TEST NG PAG-
MAMANEHO**

PANGKALAHATANG MGA TANONG SA TEST

Ref. Pg.

- 15** 1. Kapag kukuha ka ng road test para sa lisensya ng drayber:
 1. Kinakailangan mong magdala ng sasakyan.
 2. Kinakailangang nasa ligtas at tumatakbong kondisyon ang iyong sasakyan at wala itong diperensyang pangkaligtasan.
 3. Kinakailangang may kasama kang lisensyadong drayber sa lugar ng test.
 4. Lahat ng nasa itaas.

- 16** 2. Kapag nagpalit ka ng address, kinakailangan mong pasabihan ang County Examiner of drivers:
 1. Sa pamamagitan ng pagsulat, sa loob ng 30 araw.
 2. Sa pamamagitan ng pagsulat, sa loob ng 10 araw.
 3. Sa pamamagitan ng pagharap, sa loob ng 10 araw.
 4. Sa pamamagitan ng telepono, sa loob ng 30 araw.

- 16** 3. Kapag nagpalit ka ng pangalan, kinakailangan mong pasabihan ang County Examiner of drivers sa pamamagitan ng pagharap na may dalang katibayan ng pagpapalit sa loob ng:
 1. 60 araw.
 2. 20 araw.
 3. 10 araw.
 4. 30 araw.

- 17** 4. Kapag nagmamaneho sa alinmang daang pampubliko o highway kinakailangan mong:
 1. Ipakita ang iyong lisensya ng drayber kapag hiningi.
 2. Dalhin ang iyong lisensya.
 3. Mayroong may bisang lisensya ng drayber.
 4. Lahat ng nasa itaas.

- 15** 5. Kapag napaso ang iyong lisensya ng drayber, maaari kang:
 1. Magmaneho sa panahon ng palugit na 90 araw.
 2. Magmaneho basta't may kasamang lisensyadong drayber.
 3. Hindi ka maaaring magmaneho ngunit maaari kang magpapanibago ng iyong lisensya ng drayber sa loob ng isang taon matapos ng pagkapaso gamit ang mga normal na hakbang ng pagpapanibago ng lisensya.
 4. Magmaneho papunta at pabalik sa trabaho lamang.

- 19** 6. Kinakailangang gumagana at nasa tamang kaayusan ang lahat ng head lamp sa iyong sasakyan:
 1. Kapag nagmamaneho sa trapiko ng siyudad.
 2. Sa lahat ng oras.
 3. Kapag nagmamaneho sa mga freeway.
 4. Kapag papalapit sa ibang mga sasakyan.

- 18** 7. Alin sa mga sumusunod na kagamitan ang maaari mong ipakabit sa iyong pribadong sasakyan?
 1. Isang pulang ilaw na makikita mula sa harap, o isang asul na ilaw na nakikita mula sa labas ng sasakyan.
 2. Isang kampanilya, pito sa tambutso o sirena.
 3. Isang cut-out o by-pass para sa tambutso kung sa mga daan sa bukid lamang gagamitin.
 4. Wala sa mga nasa itaas.

8. Isang kopya ng inspection certificate ng sasakyan ang:
 1. Kinakailangang nakatabi sa loob ng sasakyan.
 2. Nakatabi kasama ng iyong State income tax return.
 3. Nakatabi sa isang ligtas na lugar sa loob ng iyong tahanan
 4. Ipadadala sa iyo ng County Department of Finance.

9. Ang mekanikal na kondisyon ng sasakyan ay pananagutan:
 1. Ng legal na may-ari ng sasakyan.
 2. Ng mekaniko sa talyer.
 3. Ng drayber at ng nakarehistrong may-ari ng sasakyan.
 4. Ng kumpanya ng insurance.

10. Mapanganib ang may singaw sa sistema ng tambutso ng iyong sasakyang dahil maaaring maging sanhi ito ng:
 1. Pagkawala ng pandinig.
 2. Polusyon.
 3. Pagkalason mula sa carbon monoxide.
 4. Masamang pagtakbo ng makina.

11. Mga ahensyang may pananagutan sa *Pagrerehistro* ng Sasakyan at Paglilisenya ang:
 1. Mga County Police Department.
 2. Mga County Department of Public Works.
 3. Estado ng hawaii department ng transportasyon.
 4. Iba't-ibang ahensya ng county.

12. Bilang nakarehistrong may-ari ng isang sasakyan, kapag nagpalit ka ng iyong address na naiiba sa address sa registration certificate:
 1. Kinakailangan mong pasabihan ang County Department of Finance kapag nagpanibago ka ng lisensya.
 2. Kinakailangan mong pasabihan ang County Department of Finance sa loob ng 30 araw matapos ng pagpapalit.
 3. Kinakailangan mo lamang gawin ang pagpapalit kapag ibebenta o ipagpapalit ang sasakyan.
 4. Wala kang kailangang gawin.

13. Pinakamahalagang bagay sa anumang kalagayan ng pagmamaneho:
 1. Ang sasakyan.
 2. Ang kapaligiran (ang highway at trapiko).
 3. Ang drayber (ikaw)
 4. Ang oras.

14. Pinagalitan ka ng iyong boss bago mag-uwian. Hindi ka umiimik, ngunit sa iyong palagay hindi siya makatarungan at galit ka! Pagdating mo sa iyong sasakyan, kinakailangan mong:
 1. Patugtugin ang radyo nang malakas upang hindi mo ito maisip.
 2. Magmaneho nang mabilis sa interstate upang makapaglabas ng sama ng loob.
 3. Magpalipas ng ilang minuto upang magpalamig bago magmaneho pauwi.
 4. Dumaan sa iyong paboritong bar at uminom ng ilan bago magmaneho pauwi.

15. Bilang isang drayber, maaari kang hamunin ng ibang mga drayber upang ipakita ang iyong kakayahan sa pagmamaneho at ang kakayahan ng iyong sasakyan sa highway. Kinakailangan mong:
1. Paglaban sa pagnanasang magpakita at makipagpagalingan.
 2. Pagtanggì sa lahat ng mga hamon upang patunayan ang kakayahan mo at ng iyong sasakyan.
 3. Piliin lamang ang mga paghamong alam mong ligtas mong mapapanalunan.
 4. Ang 1 at 2 sa itaas.

16. Upang makasigurong hindi magiging sanhi ng hindi ligtas na pagmamaneho ang iyong pisikal na kalagayan:
1. Ipanatili ang pisikal na kalusugan at magkaroon ng regular na pagpapa-eksamen.
 2. Pag-alam sa epekto ng mga gamot sa kakayahan sa pagmamaneho.
 3. Alamin ang mga epekto ng anumang gamot sa kakayahan mong magmamaneho.
 4. Lahat ng nasa itaas.


17. Inutusan ka ng pulis na nagta-trapik na tumawid sa isang pulang ilaw, ano ang gagawin mo?
1. Huminto, at tumuloy
 2. Hintayin ang berdeng ilaw.
 3. Tumuloy tulad ng ipinag-uutos.
 4. Lumiko sa kanan.

18. Alin sa mga sumusunod ang pinakamalaking impluwensya sa iyong mga kilos kapag nagmamaneho?
1. Ang iyong tangkad.
 2. Ang iyong edad.
 3. Ang iyong saloobin.
 4. Ang bilis ng iyong reaksiyon.

19. Ang mga karatulang pantrapiko at mga marka sa daan ay kinakailangang:
1. Palaging sundin.
 2. Gamitin lamang bilang gabay.
 3. Sundin lamang kapag may ibang trapiko.
 4. Sundin lamang kapag mayroong pulis.


20. Nagmamaneho ka sa isang makitid na daan at may makakasalubong kang sasakyan. Kinakailangan mong:
1. Lumabas ng daan at huminto.
 2. Magbigay ng hindi kukulangin sa kalahati ng madaraanang bahagi ng daan.
 3. Patabihin ang kabilang sasakyan dahil nauna ka roon.
 4. Buksan ang iyong mga headlight upang matiyak na makikita ka ng kasalubong na sasakyan.

21. Nilalampasan mo ang isang sasakyan nang makita mo ang karatulang nasa larawan. Kinakailangan mong:
1. Magpabilis at tapusin ang paglampas sa pinakamaagap mong kakayanin.
 2. Lumampas sa kanan.
 3. Bumalik at gawin na lamang ang paglampas pagkaraan ng krosing kapag ligtas na ito.
 4. Manatiling katabi ng sasakyan hanggang makalampas ng krosing.




22. Nakasunod ka sa mabagal na sasakyang nasa larawan sa isang dalawang lane na daan. Maaarin kang:

1. Huwag lampasan ang sasakyan.
2. Lumampas sa kaliwa kung walang kasalubong na trapiko.
3. Lumampas sa kanan gamit ang nakapalitadang shoulder.
4. Wala sa mga nasa itaas.



23. Nagmamaneho ka sa kalsadang markado para sa one-way na trapiko. Maaari mong lampasan ang sasakyang nasa larawan:

1. Sa kaliwa lamang.
2. Sa kanan lamang.
3. Sa kanan man o sa kaliwa.
4. Kinakailangang gamitin lagi ang pinakamaliwang lane sa paglampas.



24. Kapag liliko o magpapalit ng lane kinakailangan mong:

1. Palagiang sumignal ng iyong binabalak kahit na walang nakikitang trapiko.
2. Sumignal lamang kapag may trapiko.
3. Sumignal lamang kapag sa gabi nagmamaneho.
4. Sumignal lamang kapag nagmamaneho sa trapiko sa gabi.

25. Papalapit ka sa krosing ng riles at kumikislap-kislap ang mga signal sa krosing. Kinakailangan mong:

1. Huminto at tingnan-tingnan ang tren.
2. Magpabagal at tingnan-tingnan a ng tren.
3. Hanapin a ng tren, at magpabilis pagkatapos.
4. Gayahin ang ginagawa ng kasalubong na sasakyan.

26. Hindi mo maaaring imaneho ang iyong sasakyan nang mas mabilis pa sa:

1. Nakalagay na speed limit.
2. Bilis na mahigit pa sa makatuwiran at angkop.
3. Bilis na ligtas para sa kasalukuyang kalagayan.
4. Lahat ng nasa itaas.

27. Kapag iniwan mong walang tao ang iyong sasakyan, kinakailangan mong:

1. Patayin ang makina.
2. I-kandado ang susian at alisin ang susi.
3. Gamitin ang prenong pamparada.
4. Lahat ng nasa itaas.

28. Nagmamaneho ka sa daan at may narinig kang sirena sa iyong likuran. Kinakailangan mong:

1. Huminto.
2. Lumihis sa kanan at huminto.
3. Magpabilis at umalis sa daraanan.
4. Magpabagal.


29. Nagmamaneho ka sa daan at mayroong sasakyang pang-emergency na sumisirena at may kumikislap-kislap na ilaw sa mismong likuran mo. Nasa loob ka ng siksikang trapiko at hindi maka-alis sa daraan nito. Kinakailangan mong:
1. Huminto.
 2. Gamitin ang iyong busina.
 3. Piliting sumingit sa katabing lane.
 4. Manatiling umuusad nang mabagal hanggang makalihis ka sa daraan.

30. Maaari mong lampasan ang isang sasakyan:
1. Sa isang kurbada o burol dahil maliit ang pagkakataong may kasalubong na sasakyan.
 2. Sa gilid na daan ng highway.
 3. Kapag mayroong buong dilaw na guhitsa iyong lane.
 4. Wala sa mga nasa itaas.

31. Maaari mong lampasan ang isang school bus mula sa harap o likod nito sa isang hindi pinaghiwalay na daan:
1. Hindi kailanman.
 2. Kapag kumikislap-kislap ang mga pulang ilaw sa school bus.
 3. Kapag hindi kumikislap ang mga pulang ilaw ng school bus.
 4. Kahit kailan, basta't mabagal ka lang.


32. Walang mga karatulang pantrapiko ang isang krosing. Dumating ka rito kasabay ng isa pang sasakyan. Kinakailangan mong:
1. Magpabilis at tawirin ang krosing.
 2. Magpabagal at magbigay-daan sa sasakyang nasa kanan.
 3. Magmaneho papasok ng krosing at pahintuin ang kabilang sasakyan.
 4. Gamitin ang iyong busina at magmaneho patawid ng krosing.

33. Papalapit ka sa krosing na ito. Kinakailangan mong:



1. Huminto.
2. Magpabagal, huminto kung kinakailangan at magbigay sa ibang sasakyang tumatawid ng krosing.
3. Bilisan at tawirin ang krosing.
4. Tumuloy lamang dahil para sa ibang sasakyan ang karatulang iyon.

34. Papalapit ka sa krosing na ito. Kinakailangan mong:



1. Magpabagal at magtingin-tingin ng ibang sasakyan.
2. Huminto nang lubusan at hayaang tumawid ng krosing ang lahat ng ibang trapiko.
3. Huminto lamang kapag may ibang paparating na sasakyan.
4. Huminto lamang kapag liliko sa kaliwa.

- 32**
&
40
35. Papalapit ka sa isang krosing at berde ang ilaw. May mga naglalakad na tumatawid kahit pula ang ilaw. Kinakailangan mong:
1. Gamitin ang iyong busina.
 2. Bilisan at lampasan sa kanilang harap ang mga naglalakad.
 3. Huminto upang ligtas na makatawid ang mga naglalakad.
 4. Magmaneho nang malapit at takutin ang mga naglalakad upang mag-isip-isip sila sa susunod na tatawid at pula ang ilaw.
- 32**
36. Kapag magmamaneho papasok ng daan mula sa alinmang driveway:
1. Kinakailangan mong magmaneho nang mabagal upang makaiwas ang mga paparating na sasakyan at ang mga naglalakad.
 2. Kinakailangan mong bumusina upang magbigay sa iyo ang mga paparating na mga sasakyan at mga naglalakad.
 3. Kinakailangan mong huminto at tumuloy lamang kapag walang mga naglalakad o paparating na mga sasakyan.
 4. Hindi kailangang pansinin ang mga naglalakad kung wala namang bangketa.
- 32**
37. Ikaw at isa pang sasakyang ang papalapit sa isang krosing na walang mga karatulang pantrapiko o signal. Aling sasakyan ang may karapatan sa daan?
1. Ang sasakyan sa kaliwa.
 2. Ang sasakyan sa kanan.
 3. Ang mas mabilis na sasakyan.
 4. Ang sasakyang unang makapasok sa krosing.
- 32**
38. Kapag kakaliwa sa isang krosing o sa isang driveway:
1. Kinakailangan mong mag-iwan ng puwang sa iyong kanan upang makalampas sa iyo ang ibang mga sasakyan.
 2. Kinakailangan mong magbigay-daan sa mga kasalubong na sasakyan.
 3. Hindi ka maaaring tumawid sa alinmang buong linyang dilaw.
 4. Hindi mo maaaring harangan ang mga sasakyang paparating galing sa likod.
- 44**
39. Nakahinto ka sa likod ng ibang mga sasakyang naghihitay sa isang stop sign. Kapag walang sagabal sa krosing:
1. Maaari kang tumuloy papasok ng krosing nang hindi na humihinto ulit.
 2. Kinakailangan mong muling huminto sa stop sign o stop line.
 3. Maaari mong tawirin ang krosing nang hindi humihinto kung wala namang ibang trapiko.
 4. Maaari mong sundan ang sasakyan sa harap nang hindi na humihintong muli.
- 29**
40. Nagmamaneho ka sa pinaghating highway na may ilang mga lane nang may makita o marinig kang signal ng paparating na sasakyang pang-emergency. Kinakailangan mong:
1. Huwag pansinin ang signal kung may iba pang mga lane na magagamit ang sasakyang pang-emergency.
 2. Huminto agad kung maaari.
 3. Magpabagal, ilihis ang iyong sasakyan upang magbigay ng malinaw na daraanan para sa sasakyang pang-emergency at huminto pagkatapos.
 4. Magpabilis upang mabigyan ng malinaw na daraanan ang sasakyang pang-emergency.

29

41. May isang sasakyang gumagamit ng mga signal na pang-emergency ang papalapit mula sa kasalubong na direksyon sa isang daan na may dalawang lane o highway. Kinakailangan mong:
1. Huminto agad kung maaari.
 2. Magpabagal, lumihis sa pinakakanaan hanggang maaari at huminto.
 3. Huwag pansinin ang sasakyang pang-emergency dahil galing naman ito sa kabilang direksyon.
 4. Wala sa mga nasa itaas.

29

42. Sa isang daang dalawa ang lane, ang iyong sasakyan ay sinusundan ng isang trak ng bumberong hindi gumagamit ng mga signal na pang-emergency. Kinakailangan mong:
1. Magpatuloy sa pagmamaneho nang normal.
 2. Huminto agad kung maaari.
 3. Magpabilis at umalis sa daraanan.
 4. Magpabagal, lumihis sa pinakakanaan hanggang maaari at huminto.

33

43. May mga karatula at marka sa highway na *kinakailangan* mong sundin ang ipinag-uutos. Ang tawag sa mga karatulang ito ay:
- | | |
|---------------------------------|--------------------------------|
| 1. Mga Karatulang Pampatakaran. | 3. Mga Karatulang Nagpapaalam. |
| 2. Mga Karatulang Nagbababala. | 4. Mga Karatulang Gumagabay. |

33

44. Naglalaman ang ilang mga karatula at marka sa highway ng impormasyon tungkol sa mapapanganib na kalagayan. Ang tawag sa mga karatulang ito ay:
- | | |
|---------------------------------|--------------------------------|
| 1. Mga Karatulang Pampatakaran. | 3. Mga Karatulang Nagpapaalam. |
| 2. Mga Karatulang Nagbababala. | 4. Mga Karatulang Gumagabay. |

33

45. Lumiliko ka sa isang daang dalawa ang lane na hinahati ng isang putol-putol na linyang dilaw. Alam mo agad na:
- | | |
|-----------------------------|---|
| 1. Nasa two-way na daan ka. | 3. Ginagawa ang kalsada. |
| 2. Nasa one-way na daan ka. | 4. Kinakailangan mong manatili sa kaliwa ng putol-putol na linyang dilaw. |

33


46. Nagmamaneho ka sa isang highway na hinahati ng dalawang buong linyang dilaw. Alam mong:
1. Maaari mo lamang tawirin ang mga linyang ito upang kumaliwa papasok o galing sa isang eskinita, pribadong daan o driveway.
 2. Maaari mong tawirin ang mga linyang ito upang lampasan ang ibang mga sasakyan kapag walang kasalubong na trapiko.
 3. Hindi mo maaaring tawirin ang mga linyang ito kahit kailan.
 4. Maaari mo lamang tawirin ang mga linyang ito kapag gagawa ng U-turn.

26

&

33

47. Nagmamaneho ka at nasimula mo nang lampasan ang kabilang sasakyan. Kinakailangan mong:
1. Bilisan at lumampas agad kung maaari.
 2. Apakan nang malakas ang preno.
 3. Magpabagal at pumasok sa kanang lane sa likod ng kabilang sasakyan.
 4. Manatili sa kaliwang lane hanggang makalampas sa krosing.



34

48. Nagmamaneho ka sa isang pinaghatang highway na apat ang lane. Kinakailangang malaman mo na:
1. Mga puting linya ang nagbubukod sa mga lane ng trapikong gumagalaw sa iisang direksyon.
 2. Mga puting linya ang nagbubukod sa mga lane ng trapikong gumagalaw sa magkabilang direksyon.
 3. Mga dilaw linya ang nagbubukod sa mga lane ng trapikong gumagalaw sa iisang direksyon.
 4. Wala sa mga nasa itaas.


34

49. Nagmamaneho ka sa isang pinaghatang highway na apat ang lane. Minamarkahan ang mga lane ng trapiko ng isang buong linyang puti. Kinakailangang malaman mo na:
1. Hindi maaaring tawirin ang buong puting linya.
 2. Maaaring tawirin ang buong puting linya kahit kailan.
 3. Maaari kang tumawid sa buong puting linya sa mga di-pangkaraniwang kalagayan lamang at kung sakali man kinakailangan ng lubos na pag-iingat.
 4. Pinaghihiwalay ng mga buong puting linya ang trapikong gumagalaw sa magkasalubong na direksyon.



35


50. Nagmamaneho ka sa highway na apat ang lane. Kinakailangang nalalaman mong ang dobleng buong linyang puti ay:
1. Hindi maaaring tawirin.
 2. Maaaring tawirin lamang nang may lubos na pag-iingat.
 3. Ginagamit upang paghiwalayin ang trapikong gumagalaw sa magkabilang direksyon.
 4. Hindi ginagamit sa mga highway.



35

51. Ang mga edgeline ay buong ___ o ___ mga linya sa may gilid ng mga kalsadang ginagamit bilang gabay sa pangkaligtasan upang mamarkahan ang hangganan ng dinadaanang kalsada.

1. Dilaw; puti.
2. Pula; puti.
3. Orange; puti.
4. Berde; puti.



36


52. Ang mga stop line ay mga buong puting linyang nakapinta sa kalaparan ng mga lane ng trapiko _ at ___ nagpapakita ng eksaktong lugar kung saan hihinto.
1. Mga kurbada, mga burol.
 2. Mga Simbahan, mga paaralan.
 3. Mga krosing, mga tawiran ng mga naglalakad.
 4. Mga pasukan sa freeway, mga istasyon ng bumbero.

36

53. Ang mga crosswalk line (linyang ng tawiran) ay dalawang puting linyang nakapinta sa kalaparan ng mga lane ng trapiko. Bilang drayber kinakailangang nalalaman mong:
1. Mas may karapatan sa daan ang mga sasakyang de-motor kaysa mga naglalakad sa mga crosswalk na ito.
 2. Kapag nasa loob ng mga crosswalk na ito ang mga naglalakad, sila ang mas may karapatan sa daan kaysa mga sasakyang de-motor.
 3. Walang may karapatan sa daan sa loob ng crosswalk.
 4. Pananagutan ng mga naglalakad ang umalis sa dinaraanang ng lahat ng trapiko.

36

54. Nagmamaneho ka sa kalsadang may ilang mga lane. Binubuo ang lane sa gitna ng mga pinaghalong mga buo at putol-putol na dilaw na linyang katulad ng ipinapakita sa larawan. Bilang isang drayber, kinakailangang nalalaman mo:
1. Ginagamit lamang sa paglampas ang markadong lane na ito.
 2. Ginagamit lamang sa pagkaliwa ang markadong linyang ito ng trapikong bumibiyahe sa magkabilang direksyon.
 3. Isang lugar ng pangkaligtasan ng mga naglalakad ang markadong lane na ito.
 4. Ginagamit lamang ng mga trapiko ng trak at bus ang markadong lane na ito.



37

55. Mga Obstruction marking (Marka ng hadlang) ang buong puti o dilaw na mga linyang nakapinta sa mga lane ng trapiko na gumagabay sa iyo sa pagdaan sa paligid ng mga hadlang sa daan. Bilang isang drayber kinakailangang nalalaman mong:
1. Maaari kang dumaan sa magkabilang tabi ng mga puting obstruction marking.
 2. Maaari kang dumaan sa magkabilang tabi ng mga dilaw na obstruction marking.
 3. Ang 1 at 2 sa itaas.
 4. Wala sa mga nasa itaas.

37

56. Ibig sabihin ng mga nakapintang marka sa larawan na:
1. Maaaring dumiretso o kumanan ang mga sasakyan sa magkabilang lane.
 2. Kinakailangang dumiretso ang mga sasakyan sa kaliwang lane, at maaaring dumiretso o kumanan ang mga sasakyan sa kanang lane.
 3. Nagbibigay payo lamang ang mga marka.
 4. Maaaring dumiretso o kumaliwa ang mga sasakyan sa kaliwang lane at kinakailangang kumanan ang mga sasakyan sa kanang lane.



57. Ibig sabihin ng pulang ilaw na signal-trapiko na:
1. Huminto sa stop line.
 2. Kapag walang linyang hintuan, huminto bago pumasok sa anumang tawiran.
 3. Kapag walang lingyang hintuan o tawiran, huminto bago pumasok sa krosing.
 4. Lahat ng nasa itaas.

58. Ang isang nakahintong sasakyang nakaharap sa isang bilog na pulang ilaw-trapiko ay maaari, kung hindi pinagbabawalan ng isang karatulang pantrapiko, na:
1. Kumanan matapos magbigay-daan sa ibang trapiko at mga naglalakad.
 2. Ilegal ang kumanan kapag pula ang ilaw.
 3. Kumanan kahit kailan.
 4. Kumanan lamang matapos bumusina.

59. Maaaring kumaliwa kapag hindi pinagbabawalan ng isang karatulang pantrapiko ang isang sasakyang nakahinto sa harap ng isang bilog na pulang ilaw-trapiko:
1. Kapag walang ibang trapiko o mga naglalakad.
 2. Hindi kailanman.
 3. Mga pagkanaan kapag pula ang ilaw lamang ang pinapayagan sa Hawaii.
 4. Matapos magbigay daan sa mga naglalakad at trapiko, kapag liliko mula sa isang one-way na daan papasok sa isa pang one-way na daan.

60. Ibig sabihin ng nakapirming bilog na dilaw na ilaw sa isang signal-trapiko na:
1. Kinakailangan mong bilisan upang maunahan ang pulang ilaw.
 2. Malapit nang lumabas ang pulang ilaw matapos nito.
 3. Kinakailangan mong iwasang pumasok pa sa krosing kung maaari.
 4. Ang 2 at 3 sa itaas.

61. Ibig sabihin ng bilog na berdeng ilaw-trapiko na:
1. Palagian kang may karapatan sa daan.
 2. Maaari kang dumiretso o lumiko, maliban kung may mga karatulang nagbabawal sa pagliko.
 3. Kinakailangan nang umalis sa iyong daraanan ang trapiko at mga naglalakad na nasa loob na ng krosing.
 4. Ang 2 at 3 sa itaas.

62. Ginagamit minsan ang mga nakailaw na arrow upang pamahalaanan ang mga pagliko mula sa isang partikular na lane. Ang pulang arrow ay:
1. Hindi ginagamit bilang signal-trapiko.
 2. Katumbas ng isang bilog na pulang ilaw para sa itinuturong lane ng trapiko.
 3. Nangangahulugang maaari kang tumuloy sa direksyong itinuturo ng arrow.
 4. Nangangahulugang kinakailangang huminto ang trapikong itinuturo ng arrow.

63. Ginagamit minsan ang mga nakailaw na arrow upang pamahalaanan ang mga pagliko mula sa isang partikular na lane. Ang dilaw na arrow ay:
1. Hindi ginagamit bilang signal-trapiko.
 2. Katumbas ng isang bilog na dilaw na ilaw para sa itinituturong lane ng trapiko.
 3. Nangangahulugang maaari kang tumuloy sa direksyong itinituturo ng arrow.
 4. Nagbababala sa trapikong malapit nang lumabas ang berdeng arrow.

64. Ginagamit minsan ang mga nakailaw na arrow upang pamahalaanan ang mga pagliko mula sa isang partikular na lane. Ang berdeng arrow ay:
1. Ginagamit lamang sa mga one-way na daan.
 2. Katumbas ng isang bilog na berdeng ilaw, ngunit maaari ka lamang tumuloy sa direksyong itinituturo ng arrow.
 3. Nangangahulugang maaari ka lamang tumuloy kapag ang berdeng arrow ay may kasamang berdeng ilaw.
 4. Itinituturo ang daan papuntang airport.

65. Magkatulad ang ibig sabihin ng isang pulang kumikislap-kislap na signal at:
- | | |
|--------------------------|---------------------------------|
| 1. Pulang ilaw. | 3. Karatula ng pagbibigay daan. |
| 2. Karatula ng paghinto. | 4. Karatula ng pag-iingat. |

66. Papalapit ka sa isang kumikislap-kislap na pulang signal sa krosing na ito. Kinakailangan mong:
1. Huminto nang lubusan. Tingnan ang trapiko at tumuloy kapag ligtas.
 2. Magpabagal at magbigay-daan.
 3. Huminto lamang kapag liliko sa kaliwa.
 4. Maghanda sa paghinto.



67. Ibig sabihin ng dilaw na kumikislap-kislap na signal sa larawan na:
1. Magtatapos na ang kalsada.
 2. Kinakailangan mong huminto.
 3. Maaari kang tumuloy nang may pag-iingat.
 4. Kinakailangan mong huminto para sa kasalungat na trapiko.



68. Ibig sabihin ng isang nakailaw na pulang "X" sa ibabaw ng isang lane ng trapiko na:
1. Maaari mong gamitin ang lane na iyon.
 2. *Hindi* mo maaaring gamitin ang lane na iyon.
 3. Para sa kasalubong na trapiko ang lane na iyon.
 4. Ang 2 at 3 sa itaas.

69. Ibig sabihin ng isang nakailaw na berdeng arrow sa ibabaw ng isang lane ng trapiko na:
1. Maaari mong gamitin ang lane na iyon.
 2. *Hindi* mo maaaring gamitin ang lane na iyon.
 3. Para sa kasalubong na trapiko ang lane na iyon.
 4. Ang 2 at 3 sa itaas.

70. Ibig sabihin ng dilaw na "X" sa ibabaw ng isang lane ng trapiko na:
1. Kinakailangan mong umalis sa lane na iyon dahil gagamitin na iyon ng kasalubong na trapiko.
 2. Maaari mong gamitin ang lane na iyon.
 3. Para sa pagliko sa kaliwa ang lane na iyon.
 4. Maaari mong gamitin ang lane na iyon nang may pag-iingat.

71. Binubuo ang mga signal para sa mga naglalakad ng mga naka-ilaw na mga salitang "WALK" at DON'T WALK" at ng mga simbolo ng taong naglalakad at nakataas palad. Ibig sabihin ng isang naka-pirming "DON'T WALK" o nakataas na palad na:
1. Ibig sabihin ng nakapirming signal na hindi maaaring pumasok ang mga naglalakad sa daan patungo sa signal.
 2. Maaaring magpatuloy patungo sa pinakamalapit na bangketa, islang pantrapiko o lugar ng kaligtasan ang mga naglalakad na nasa loob na ng krosing kaharap ng signal.
 3. Kinakailangang tumakbo sa pinakamalapit na bangketa ang mga naglalakad na nasa loob na ng krosing kaharap ng signal.
 4. Ang 1 at 2 sa itaas.

72. Isa itong karatula ng "reduced speed ahead". Bilang isang drayber, kinakailangang nalalaman mo:



1. Na kinakailangan mong panatilihin ang iyong bilis hanggang makarating ka sa mas mabagal na speed zone.
2. Na kinakailangan mo nang magsimulang magbawas ng bilis ng iyong sasakyan.
3. Na mapanganib ang magpabagal dahil maiipon ang trapiko.
4. Na nariyan lang ang karatulang yan para sa mga mababagal na drayber.

73. Habang nagmamaneho may nadatnan kang karatulang nagsasabing, "reduced speed 35 MPH." Bilang isang drayber, kinakailangang nalalaman mo:
1. Na sa karatulang ito nagsisimula ang bagong 35 MPH speed zone.
 2. Na nagsisimula sa susunod na "speed limit" na karatula ang bagong 35 MPH speed zone.
 3. Na marami ka pang oras para magpabagal bago sa speed zone.
 4. Na inilagay ang karatulang iyon upang guluhin ang mga "mahuhusay" na drayber.

74. Isa itong "do not pass" na karatula. Bilang isang drayber, kinakailangang nalalaman mo:



1. Hindi mo maaaring lampasan ang ibang sasakyan sa mga lugar na nakalagay ang mga karatulang ito.
2. Na maaari mong lampasan ang isang mabagal na sasakyan kung mabilis mong magagawa ito.
3. Na maaaring lumampas dito kapag "kabisado mo ang dadaanan."
4. Na maaaring lumampas dito sa gabi kapag nakikita mo ang mga headlight ng kasalubong na trapiko.

46



46



46



48



47



47



47



47



47



75. Ibig sabihin ng karatulang ito na:

1. Bawal mag U-turn.
2. Maaaring mag-U turn.
3. Paliko-liko ang daan.
4. May biglang liko pakaliwa.

76. Ibig sabihin ng karatulang ito na:

1. Bawal kumanan.
2. Maaaring kumanan.
3. Huminto bago kumanan.
4. May biglaang kurbadang nalalapit.

77. Ibig sabihin ng karatulang ito na:

1. Huminto.
2. Bawal pumasok.
3. Mga krosing ng riles.
4. Magbigay daan.

78. Ibig sabihin ng karatulang ito na:

1. Signal ng lane.
2. Sarado ang lane para sa trapiko.
3. May nalalapit na krosing ng riles.
4. Nalalapit Na Signal-Trapiko.

79. Ibig sabihin ng karatulang ito na:

1. One-way ang trapiko.
2. May nalalapit na pinaghating highway.
3. Two-way ang trapiko.
4. Manatili sa kaliwa.

80. Ibig sabihin ng karatulang ito na:

1. One-way ang trapiko.
2. Nagtatapos ang Pinaghating Highway.
3. Two-way ang trapiko.
4. Manatili sa kanan.

81. Ibig sabihin ng karatulang ito na:

1. Mga trak lang ang maaaring dumaan.
2. May mga trak na papasok ng highway.
3. Burol.
4. Mga trak ang may karapatan sa daan.

82. Ibig sabihin ng karatulang ito na:

1. Madulas kapag basa.
2. Mag-ingat sa mga lasing na drayber.
3. May mapanganib na kurbada.
4. May nalalapit na lubak sa daan.

83. Ibig sabihin ng karatulang ito na:

1. May paaralan.
2. Tawiran ng paaralan.
3. Tawiran ng mga naglalakad.
4. May mga gumagawa ng daan.

Ref. Pg.

47



84. Ibig sabihin ng karatulang ito na:
1. May makitid na tulay.
 2. Nagtatapos Ang Lane O Kikitid Ang Daan.
 3. Lugar ng paggawa.
 4. Pasukan ng freeway.

48



85. Ibig sabihin ng karatulang ito na:
1. May aklatan.
 2. Tawiran ng paaralan.
 3. Tawiran ng mga naglalakad.
 4. May mga bata sa daan.

48



86. Ibig sabihin ng karatulang ito na:
1. Lugar na paaralan.
 2. Tawiran ng aklatan.
 3. Tawiran Ng Mga Naglalakad.
 4. May mga bata sa daan.

55

87. Ang mga taong nagmamaneho sa ilalim ng impluwensya ng nakalalasing na alak ay:
1. Problema ng bawat isang drayber, umiinom man o hindi.
 2. Problema lang ng mga umiinom.
 3. Hindi problema sa Hawaii.
 4. Problema lang ng pulisya.

55

88. Ang pag-inom nang kaunti pagkatapos ng trabaho bago magmaneho pauwi ay:
1. Mabuti dahil naiiwasan mo ang trapiko.
 2. Mabuti dahil nakatutulong itong maglabas ng tensyon ng araw at ginagawa ka nitong mas ligtas na drayber.
 3. Dapat iwasan dahil ginagawa ka nitong mapanganib na drayber.
 4. Hindi nakasasama kaninuman.

55

89. Maaapektuhan ka ng alkohol:
1. Nang mas mabilis kung katapos lang kumain.
 2. Nang mas mabilis kung walang laman ang tiyan.
 3. Nang pare-pareho lang kahit kailan.
 4. Kapag uminom ka lang ng labis sa dalawa.

55

90. Kapag nakapasok na sa iyong dugo ang alkohol, mababawasan mo ang epekto nito sa pamamagitan ng:
1. Pagligo ng malamig na tubig.
 2. Pag-inom ng kapeng walang gatas.
 3. Ang 1 at 2 sa itaas.
 4. Wala kang magagawa upang mabawasan ang epekto nito.

56

91. Pinahinto ka ng isang pulis, kinasuhan ka ng pagmamaneho habang nasa impluwensya ng alkohol at sinabihan kang kinakailangan mong kumuha ng pagsusuri upang malaman ang dami ng alkohol sa iyong dugo. Ikaw bilang isang drayber ay:
1. Hindi kinakailangang kumuha ng pagsusuri kung mapapatunayan mong hindi ka uminom.
 2. Kinakailangang kumuha ng pagsusuri o may panganib na mawalan ka ng lisensya ng drayber.
 3. Hindi kinakailangang kumuha ng pagsusuri kung wala ka namang nilabag na batas-trapiko.
 4. Wala kang kailangang gawin.

92. Kinasuhan ka ng pagmamaneho habang nasa ilalim ng impluwensya ng alkohol, at tumanggi kang kumuha ng kinakailangang pagsusuri para sa alkohol sa dugo. Maaari kang mawalan ng lisensya ng drayber sa loob ng labindalawang buwan:
1. Kapag nahatulan ka lamang ng pagmamaneho habang nasa ilalim ng impluwensya ng alkohol.
 2. Kapag nahatulan ka lamang ng paglabag ng isang batas-trapiko.
 3. Dahil tumanggi kang kumuha ng pagsusuri.
 4. Hindi ka mawawalan ng lisensya.

93. Maaari kang uminom ng alkohol sa loob ng sasakyan sa pampublikong highway:
1. Basta't hindi ka nagmamaneho.
 2. Kapag nakasakay ka lamang sa likod na upuan.
 3. Kapag nakasakay ka lamang sa likod ng pick-up na trak.
 4. Labag sa batas ang pag-inom ng alkohol sa pampublikong highway.

94. Maaaring makasagabal ang mga gamot sa kakayahan ng isang taong magmamaneho nang ligtas:
1. Kapag inireseta lamang ng doktor ang mga gamot.
 2. Kapag inom lamang habang nagmamaneho.
 3. Kapag nagmamaneho lamang sa gabi.
 4. At mahalagang itanong mo sa iyong doktor ang anumang epekto ng mga niresetang gamot sa iyong kakayahang magmamaneho.

95. Ang pag-inom ng alkohol habang umiinom ng mga gamot ay maaaring:
1. Makapagpahina ng epekto kaysa kapag inom nang magkahiwalay at laging ligtas ito.
 2. Makapagpapalakas ng epekto kaysa kapag inom nang magkahiwalay.
 3. Makapagpagaling ng iyong karamdaman.
 4. Makapagpahusay ng iyong abilidad sa pagmamaneho.

96. Ang epekto ng alkohol sa iyong biglaang pagkilos at pagpapasiya ay:
1. Bawas kapag beer lamang ang iyong inom.
 2. Bawas kapag wine lamang ang iyong inom.
 3. Dagdag kapag whiskey o matapang na alak ang iyong inom.
 4. Depende sa dami ng alkohol sa iyong dugo.


97. Kapag nagmamaneho ng isang sasakyan, ang pagpihit ng ulo at pagtingin bago lumipat ng lane, magmamaneho palayo ng bangketa o paglabas mula sa iyong sasakyan sa trapiko ay:
1. Isang hindi mabuting pag-uugali sa pagmamaneho.
 2. Isang mabuting pag-uugali sa pagmamaneho.
 3. Hindi kinakailangan.
 4. Hindi kinakailangan kung gagamitin mo ang salaming rear-view.

98. Kapag nagmamaneho, ang *hindi* pag-pihit ng ulo upang tumingin sa trapiko bago magpalit ng lane, magmamaneho palayo ng bangketa o paglabas ng iyong sasakyan sa trapiko ay:
1. Ayos lang kapag ginamit mo naman ang salaming rear-view.
 2. Isang hindi mabuting pag-uugali sa pagmamaneho.
 3. Kadalasang mga sanhi ng aksidente sa trapiko.
 4. Ang 2 at 3 sa itaas.

99. Kapag nagmamamaneho, ang pagsignal ng iyong binabalak bago lumiko, magpalit ng lane o magmaneho palayo ng bangketa ay:
1. Kinakailangan lamang kapag may ibang trapiko.
 2. Magandang pag-uugali sa pagmamaneho at ipinag-uutos ng batas.
 3. Kinakailangan lamang habang ginagawa ang pagmaniobra, hindi bago gawin.
 4. Hindi kinakailangan kung mabagal gagawin ang pagmaniobra.

100. Nagmamamaneho ka sa isang pinaghating highway na may apat na lane, dalawang sasakyan ang nagmamamaneho nang magkatabi sa iyong harap at nagmamadali ka. Kinakailangan mong:
1. Magmaneho nang malapit sa likod ng sasakyan sa kaliwang lane at pakislapin ang iyong headlight.
 2. Magmaneho nang malapit sa likod ng sasakyan sa kanang lane.
 3. Magmaneho sa kahit aling lane na may dalawang segundong agwat sa likod ng sasakyan sa harap.
 4. Magmaneho malapit sa likod ng mga sasakyan sa harap at madalas na magpalipat-lipat ng lane.

101. Papalapit ka sa krosing na ito, at balak mong kumanan sa krosing na ito. Mayroong sasakyang malapit sa likuran mo. Kinakailangan mong:
1. Sumignal, magpabagal, kumanan.
 2. Sumignal, huminto nang lubusan, at kumanan kapag walang mga naglalakad at sasakyan sa loob ng krosing.
 3. Sumignal, huminto nang lubusan, maghintay ng berdeng ilaw, kumanan.
 4. Magpabagal, kumanan.



102. Kapag nagmamamaneho sa siksikang trapiko, kinakailangan mong:
1. Magmaneho malapit sa sasakyan sa harap upang hindi makasingit ang ibang sasakyan.
 2. Magmaneho nang malapit sa sasakyan sa harap habang naghahandang huminto nang biglaan.
 3. Ang 1 at 2 sa itaas.
 4. Magpanatili ng dalawang segundong agwat sa likod ng sasakyan sa harap.

103. Nagmamamaneho ka sa likod ng ibang sasakyan. Napansin mo na nagmamamaneho iyong kabilang drayber gamit ang iisang kamay habang nakikipag-usap sa kanyang pasahero. Ikaw bilang isang drayber:
1. Alam mong kinakailangan mong bigyan ang sasakyan sa harap ng dagdag na agwat.
 2. Alam mong binabawasan ng drayber sa harap ang kanyang puwang ng kaligtasan dahil sa kanyang pagwawalang-bahala bilang drayber.
 3. Alam mong dapat mong iwasan ang masamang pag-uugaling ito.
 4. Lahat ng nasa itaas.

- 57**
&
58
104. Ang drayber na walang iniintindi ay isang drayber na:
 1. Nangangarap nang gising o nagmamasid sa mga bagay sa labas ng kalsada habang nagmamaneho.
 2. Nakikipag-usap nang nakatingin sa pasahero habang nagmamaneho.
 3. Nakatuon lahat ng pansin sa sasakyan sa harap lamang.
 4. Lahat ng nasa itaas.
- 58**
105. Ang mayabang na drayber ay:
 1. Sinasadyang magmadali, nakikipag-unahan sa ibang trapiko.
 2. Nagpapakita ng kakaunti o walang paggalang sa mga batas trapiko, o sa karapatan sa daan ng iba.
 3. Dapat mong iwasan kapag nagmamaneho.
 4. Lahat ng nasa itaas.
- 59**
106. Isang pamamaraan ng pagmamaneho ang dependsibong pagmamaneho kung saan ikaw bilang isang drayber ay:
 1. Kumikilala sa mapapanganib na situwasyon sa pagmamaneho at kumikilos upang makaiwas sa aksidente.
 2. Nanananggalang laban sa masasamang drayber sa pamamagitan ng pangunguna sa kanila sa trapiko.
 3. Nanananggalang laban sa mga aksidente sa pamamagitan ng pagsunod nang malapit sa sasakyang sa harap.
 4. Nanananggalang laban sa mga aksidente sa pamamagitan ng pagmamaneho ng sapat ang bilis upang mauna sa naninikip na trapiko.
- 59**
107. Upang magamit ang dependsibong pagmamaneho kinakailangan mong:
 1. Alamin ang nabubuonng kalagayan ng trapiko sa iyong paligid.
 2. Tumingin nang malayo sa harap ng iyong sasakyan at magpanatili ng nararapat na distansya ng pagsunod.
 3. Maghanda ng kahaliling plano ng pagkilos. (Laging gawan ang sarili ng malulusutan.)
 4. Lahat ng nasa itaas.
- 59**
108. Makukuha mo ang mga kinakailangang impormasyon upang makapagmaneho nang ligtas sa pamamagitan ng:
 1. Pagtingin.
 2. Pakikipag-usap sa sarili.
 3. Pagsunod sa ibang trapiko.
 4. Pagbukas sa radyo.
- 59**
109. Ang pagpapabilis ng iyong sasakyan ay:
 1. Nakadadagdag sa saklaw ng iyong paningin.
 2. Nakababawas sa saklaw ng iyong paningin.
 3. Nakadadaling makita ang kasalungat na trapiko.
 4. Walang epekto sa saklaw ng iyong paningin.
- 60**
110. Bilang isang drayber ang kalagayan ng iyong katawan at pag-iisip ay:
 1. Hindi mahalaga.
 2. Lubhang mahahalagang bahagi ng kaligtasan kapag nagmamaneho.
 3. Walang epekto sa kakayahan mong magmaneho.
 4. Ang 1 at 3 sa itaas.


- 60** 111. Nakapansin ka ng depekto na maaaring makaapekto sa ligtas na pagtakbo ng iyong sasakyan. Kinakailangan mong:
1. Ayusin ang depekto agad kung maaari.
 2. Ipaayos ang depekto kapag kaya mong nang bayaran ito.
 3. Imaneho ang sasakyan nang mas mabagal.
 4. Hindi magsakay ng mga pasahero hanggang maayos ang depekto.
- 60** 112. Hiniram mo ang sasakyan ng kaibigan mo. Hindi mo pa ito naimamaneho kahit kailan. Kinakailangan mong:
1. Imaneho na agad, pare-pareho lang lahat ng sasakyan.
 2. Huwag ipakita sa iyong kaibigan na hindi mo kabisado ang kanyang sasakyan.
 3. Balewalain ang mga nakikitang mga depekto upang hindi mapahiya ang kaibigan mo.
 4. Magbigay ng ilang minuto upang malaman mo ang pagpapatakbo nito at ang kinalalagyan ng lahat ng mga kagamitan ng sasakyan.
- 60** 113. Kapag magmamaneho ka sa di-kilalang lugar:
1. Maaari mong asahan ang mga karatula sa daan upang malaman ang iyong daraanan.
 2. Kinakailangan mong magplano ng iyong biyahe.
 3. Kinakailangan mo lamang malaman ang malawak na kinaroroonan ng iyong patutunguhan.
 4. Kinakailangang piliin mong lagi ang pinakadirektang ruta.
- 60** 114. Mayroong mga warning lamp (nagbababalang ilaw) sa instrument panel ang mga makabagong sasakyan. Alin sa mga sumusunod ang wasto:
1. Bago paandarin ang makina kinakailangang nakasindi lahat ng mga lamp sa unang pagpihit ng susi ng ignisyon.
 2. Wala dapat suminding ilaw hanggang umaandar na ang makina.
 3. *Hindi* dapat sumindi ang mga ilaw maliban kung mayroong sir.
 4. Sisindi lamang ang mga ilaw kung nakabukas ang headlamp.
- 61** 115. Mayroong mga brake warning lamp ang mga makabagong sasakyan. Ang ilaw na ito ay:
1. Kinakailangang sumindi kapag pinakawalan ang parking brake.
 2. Hindi dapat sumindi kapag inapakan ang pedal ng preno.
 3. Hindi dapat sumindi kahit kailan.
 4. Nagpapakitang gumagana ang mga ilaw ng preno.
- 61** 116. Ang mga safety belt ay mga sinturon ng buhay. Sila ay:
1. Kinakailangang nakasuot ang mga ito sa lahat ng oras kapag nagmamaneho o nakasakay sa isang sasakyan.
 2. Kinakailangan lamang isuot kapag nagmamaneho nang mabilis.
 3. Kinakailangang isuot nang maluwa.
 4. Kinakailangang isuot lamang kapag.
- 61** 117. Kinakailangang isaayos ang seat belt upang ito ay:
1. Maluwag.
 2. Nakakabit nang mahigpit sa magkabilang balakang at mababang bahagi ng tiyan.
 3. Nakatago sa ilalim ng upuan.
 4. Makapigil sa paggana ng buzzer o ilaw ng seat belt.

- 61** 118. Kapag sumasakay ng sasakyan ang maliliit na bata:
1. Maaari silang mahawakan nang ligtas ng isang malakas na nakatatanda.
 2. Magiging ligtas sila kung nakatayo sa sahig sa harap o sa likod ng sasakyan.
 3. Hindi sila masasaktan sa aksidente dahil maliit lamang sila.
 4. Hindi sila dapat papayagang sumakay nang nakatayo sa upuan.
- 64** 119. Huli ka na sa trabaho at nagmamadali. Bago ka umatras sa daan:
1. Gamitin ang iyong busina.
 2. Magtingin-tingin kung may mga bata o ibang mga bagay sa paligid ng iyong sasakyan.
 3. Palaging paandarin nang malakas ang iyong makina upang umalis sa daraanan ang iyong mga alaga.
 4. Tingnan ang trapiko bago sumakay ng sasakyan.
- 64** 120. Nagmamaneho ka nang paharap palabas ng iyong driveway:
1. Kinakailangan mong huminto nang lubusan bago tumawid sa may bangketa.
 2. Kinakailangan mong magpabagal bago tawirin ang bangketa.
 3. Mas may karapatan ka sa daan kaysa sa mga naglalakad sa may bangketa.
 4. Kapag ginamit mo ang iyong busina, maaari mo nang tawirin ang bangketa nang hindi humihinto.
- 65** 121. Nagmamaneho ka sa isang highway na mahigit sa isa ang lane at nais mong lumipat ng lane. Kinakailangan *mong* magsignal ng iyong binabalak:
1. Kapag halos lilipat ka na ng lane.
 2. Kapag lumilipat ka na ng lane.
 3. Nang hindi kukulangan sa 50 talampakan bago simulang lumipat ng lane.
 4. Nang hindi kukulangan sa 100 talampakan bago simulang lumipat ng lane.
- 65 & 66** 122. Nagmamaneho ka sa highway na apat ang lane. May isang mabagal na sasakyan sa iyong lane. Katamtaman ang trapiko. Bago lumipat ng lane kinakailangan mong:
1. Sumignal ng iyong binabalak nang hindi kukulangan sa 100 talampakan.
 2. Tiyaking walang sasakyan sa iyong blindspot.
 3. Tiyaking may sapat na agwat sa trapiko upang magawa ang paglipat. (Huwag lalabagin ang dalawang segundong agwat ng ibang trapiko)
 4. Lahat ng nasa itaas.
- 67** 123. Nakalista bilang sanhi ng maraming aksidente sa trapiko ang pagsunod ng masyadong malapit. Upang maiwasan ang ganitong uri ng aksidente, ang nararapat na agwat sa pagsunod ay:
1. Sapat lang na lapit upang walang makasingit sa iyong harapan.
 2. Mahahanap sa pamamagitan ng pag-agwat ng iyong sasakyan nang hindi kukulangan sa 2 segundo sa likod ng sasakyan sa harap.
 3. 100 talampakan.
 4. 75 talampakan.
- 75** 124. Nagmamaneho ka at nagsimulang umulan. Kinakailangan mong:
1. Magmaneho nang mabilis kaysa ibang trapiko.
 2. Magmaneho nang hindi kukulangan sa speed limit.
 3. Magpabagal at ibagay sa lagay ng panahon.
 4. Magmaneho nang malapit sa likod ng sasakyan sa harap.

125. Kapag nagmamaneho sa mga biglaang kurbada at matatarik na burol ng mga daan sa bundok, kinakailangan mong:
1. Laging bigyan ang kasalubong na sasakyan ng hindi kukulangin sa kalahati ng nakapalitadang kalsada.
 2. Gumamit ng mababang kambiyong upang makontrol ang bilis habang bumababa sa matatarik na burol.
 3. Manatiling malapit sa kanang gilid ng daan.
 4. Lahat ng nasa itaas.

126. Kapag papalapit ka sa sasakyang katitigil lang sa pagparada, kinakailangan mong:
1. Ipagpalagay na buksan ng drayber ang pinto habang papalapit ka.
 2. Magpabilis
 3. Apakan nang malakas ang preno.
 4. Ipagpalagay na hihintayin ng drayber na makalampas ka bago niya buksan ang kanyang pinto.

127. Nakahinto ka sa isang krosing at nakahinto ang trapiko sa iyong harapan. Berde ang ilaw mo. Kinakailangan mong:
1. Magmaneho papasok ng krosing hanggang kung saan maaari.
 2. Maghintay hanggang mayroong lugar para sa iyong buong sasakyan sa kabilang panig ng krosing bago tumuloy.
 3. Gamitin ang iyong busina.
 4. Pumasok nang bahagya papasok ng krosing.



128. Ipinag-uutos ng mga patakarang pantrapiko na gamitin ang signal ng pagliko nang hindi kukulangin sa talampakan bago gawin ang bawat pagliko o paglipat ng lane.
1. 50 talampakan.
 2. 75 talampakan.
 3. 100 talampakan.
 4. 25 talampakan.

129. Layunin ng mga signal ng hazard (4-direksyong kumikislap) ang bigyang babala ang ibang mga drayber na ang isang sasakyan ay nasa mapanganib na kinalalagyan sa daan. Kinakailangang gamitin ang signal kapag:
1. Nagmamaneho palusot ng isang tunnel.
 2. Nagmamaneho ng mabigat na trak o bus paakyat ng burol.
 3. Gumagawa ng emergency na pag-aayos ng sasakyan sa shoulder ng daan.
 4. Ang 2 at 3 sa itaas.

130. Kapag sumisignal upang lumiko o magpalit ng lane, kinakailangan mong:
1. Sumignal *lamang* habang lumiliko o lumilipat na ng lane.
 2. Sumignal *tuwing* balak mong lumiko o lumipat ng lane.
 3. Tandaan na matapos mong sumignal ng 100 talampakan na may *karapatan* kang gawin ang pagliko o paglipat ng lane.
 4. Wasto lahat ng nasa itaas.

131. Kapag lumalampas sa isang motorsiklo kinakailangan mong:
1. Ibigay sa nagmomotorsiklo ang kanang bahagi ng kanyang lane ng trapiko.
 2. Ibigay sa nagmomotorsiklo ang buong lane ng trapiko na parang kotse rin ang kanyang sasakyan.
 3. Bumaling sa kaliwa na sapat lang ang layo upang hindi matamaan ang nagmomotorsiklo.
 4. Huwag ipaalam sa nagmomotorsiklo na lalampasan mo siya.

132. Pumapasok sa daan ang malalaking sasakyan mula sa maputik na lugar. Bilang drayber, kinakailangan mong:
1. Magpabagal habang papalapit sa rotunda.
 2. Magbigay ng hindi kukulangin sa dobleng distansya ng pagsunod sa likod ng ibang mga sasakyan.
 3. Malaman na magiging ubod nang dulas ang lugar dahil sa ulan.
 4. Lahat ng nasa itaas.


133. Nangyayari ang hydroplaning kapag nakalutang ang mga gulong ng sasakyan sa tubig na nasa kalsada kapag malakas ang ulan. Upang mapigilan ang hydroplaning, kinakailangan mong:
1. Tiyaking maganda pa ang lalim ng tread sa mga gulong ng sasakyan.
 2. Tiyaking nahanginan sa tamang tigas ang mga gulong ng sasakyan.
 3. Bawasan ang bilis kapag nagmamaneho sa ulan.
 4. Wasto lahat ng nasa itaas.

134. Nagmamaneho ka sa gabi at may kasalubong kang sasakyan. Ang mga head lamp mo ay:
1. Kinakailangang naka-high beam.
 2. Kinakailangang naka-low beam.
 3. Kinakailangang nakapatay, gamitin ang iyong parking light.
 4. Maaaring naka-high o naka-low beam.

135. Nagmamaneho ka sa rampang papasok ng freeway. Kinakailangan mong:
1. Magmaneho sa dulo ng rampang papasok, huminto, tingnan kung may paparating na trapiko, sumignal at pumasok sa malapit na lane.
 2. Huminto, tumingin kung may mga sasakyan sa malapit na lane, magpabilis sa papasok na rampa, sumignal at pumasok sa malapit na lane.
 3. Tumingin kung may mga sasakyan sa malapit na lane, itugma ang bilis sa mga paparating na sasakyan, sumignal at pumasok sa malapit na lane.
 4. Laging huminto bago pumasok sa freeway.

136. Nais mong lumabas ng freeway sa labasang ito. Ang exit speed na nakalagay sa karatula ay ang bilis na kinakailangan mong:
1. Magpabagal bago lumabas ng freeway.
 2. Magpabagal habang nasa loob ng labasang rampa ng freeway.
 3. Hindi ka maaaring mas mabagal pa sa bilis na ito sa labasang rampa.
 4. Hindi ka maaaring mas mabilis pa sa bilis na ito kahit nasaan ka pa sa labasang rampa.

137. Nais mong lumabas ng freeway ngunit nalampasan mo ang iyong labasang rampa. Kinakailangan mong:
1. Umatras sa shoulder upang makapasok sa iyong labasang rampa.
 2. Pumihit sa shoulder at magmaneho sa shoulder patungo sa iyong labasan.
 3. Tawirin ang damuhan patungo sa iyong labasan.
 4. Tumuloy sa susunod na labasan.



138. Nagmamaneho ka at pumutok ang iyong gulong. Kinakailangan mong:
1. Apakan nang malakas ang preno.
 2. Hawakan nang mahigpit ang iyong manibela at ipihit upang huminto sa shoulder ng daan.
 3. Ipagpatuloy ang pagmamaneho.
 4. Gamitin ang ilaw ng hazard.

139. Habang nagmamaneho, dumulas ang iyong gulong palabas nang gilid ng daan. Kinakailangan mong:
1. Kabigin ang manibela upang piliting makabalik ang sasakyan sa daan.
 2. Magpabilis at paunti-unting pumihit pabalik ng daan.
 3. Apakan nang malakas ang preno at huminto.
 4. Magpabagal sa pamamagitan ng marahang pagpreno, kapag nasa ligtas nang bilis ipihit ang manibela pabalik ng daan.

140. Nagmamaneho ka sa daang maraming sasakyan at dumikit nang nakababa ang iyong pedal ng gas. Kinakailangan mong:
1. Gamitin ang iyong busina.
 2. Apakan nang malakas ang preno.
 3. Gamitin ang iyong ilaw ng hazard.
 4. Patayin ang makina, habang nag-iingat na hindi gumana ang mekanismo ng pagkandado ng manibela.

141. Nagmamaneho ka at biglang hindi gumana ang iyong power steering. Kinakailangan mong:
1. Bumusina at patayin ang makina.
 2. Gamitin ang ilaw ng hazard at maghanda sa pagbangga.
 3. Magsikap sa pagpipihit, bawasan ang bilis, magmaneho patungo sa ligtas na lugar at huminto.
 4. Apakan nang malakas ang preno.

142. Kapag nagmamaneho ka, kinakailangan mong bigyan ng dagdag na agwat ang mabibigat
1. na trak at bus dahil:
 2. Nakahihinto sa mas maikling distansya ang mga trak kaysa mga kotse.
 3. Kinakailangan ng mga trak ng mas dagdag na lugar upang makapagmaniobra kaysa kotse.
 4. Kinakailangan ng mga trak ng mas dagdag na distansya upang makahinto kaysa mga kotse.
 5. Ang 2 at 3 sa itaas.

- 85** 143. Nais mong magmaneho ng mabigat na trak sa Hawaii. Kinakailangan mong:
1. Hindi ka kukulangin sa 21 taong gulang ang edad.
 2. Magkaroon ka ng may bisang lisensya ng drayber para sa kategorya ng sasakyang nais mong imaneho.
 3. Wala kang natatanging kwalipikasyon.
 4. Imaneho mo ang trak sa mga ruta ng trak lamang.
- 85** 144. Kapag nagmamaneho ka ng mabigat na trak o bus sa highway, Ikaw ay:
1. May dagdag na pananagutan sa pagbibigay ng nararapat na konsiderasyon sa ibang mga gumagamit ng highway.
 2. Mas malaki at magagamit mo ang dagdag na laking ito upang makalamang sa trapiko.
 3. Makaasang aalis sa dinaraan mo ang maliliit na sasakyan.
 4. May pananagutan lamang sa iyong trak at sa kargada nito.
- 85** 145. Kapag nagmamaneho sa mismong likod ng isang mabigat na trak o bus, kinakailangan ng dagdag na pag-iingat dahil:
1. Maaaring hindi ka makita ng drayber ng trak o bus.
 2. Natatakpan ng trak o bus ang paningin mo sa harap.
 3. Ang 1 at 2 sa itaas.
 4. Wala sa mga nasa itaas.
- 86** 146. Kapag nagpapalit ng lane o sa mga krosing kapag malapit sa mabibigat na trak kinakailangan magbigay ng dagdag na agwat ang ibang mga drayber at gumagamit ng highway para sa:
1. Dagdag na distansya ng paghintong kinakailangan ng malalaking sasakyan.
 2. Bawas na distansyang kinakailangan sa paghinto ng malalaking sasakyan.
 3. Dagdag na ingay na ginagawa ng malalaking sasakyan.
 4. Dagdag na bilis ng malalaking sasakyan.
- 86** 147. Nagmamaneho ka paakyat ng burol at papalapit sa isang mabigat na trak sa kanyang likod. Kinakailangang nalalaman mong:
1. Maaaring tumatakbo ang trak nang mas mabagal sa nakalagay na speed limit.
 2. Maaaring hindi mo malampasan nang ligtas ang trak.
 3. Maaaring hindi mo legal na malampasan ang trak.
 4. Wasto lahat ng nasa itaas.
- 86** 148. Nagmamaneho ka pababa ng isang burol at napansin mong may papalapit na mabigat na sasakyan sa iyong likod. Kinakailangan mong:
1. Huwag pansinin dahil palagi namang mabilis ang mabibigat na sasakyan pababa ng mga burol.
 2. Malaman na ikaw ang may karapatan sa daan at pananagutan ng drayber ng trak na hindi ka niya matatamaan.
 3. Malaman na maaaring kinakailangan mong umalis sa dinaraan ng mabigat na sasakyan.
 4. Magmaneho sa kanang bahagi ng daan at magpabagal.
- 86** 149. Kapag lalampas sa isang mabigat na sasakyan, kinakailangang maghanda ang drayber ng isang maliit na sasakyan sa:
1. Malakas na ingay.
 2. Labis na polusyon.
 3. Mga bugso ng hangin mula sa malaking sasakyan.
 4. Mga nalalaglag na piyesa ng sasakyan.

150. Kapag may hinihilang trailer na sapat ang laki upang matakpan ang iyong paningin mula sa salaming rear-view sa loob ng iyong sasakyan, kinakailangan mong:
1. Maglagay ng salaming rear view sa labas ng sasakyan sa panig ng drayber ng iyong sasakyan.
 2. Maglagay ng salaming rear view sa tabi ng sasakyan sa kabilang panig ng drayber.
 3. Maglagay ng salaming rear view sa labas sa magkabilang panig ng iyong sasakyan.
 4. Maglagay ng tao sa loob ng sasakyan upang tumingin kapag kakanan ka.

151. Kapag may hinihilang trailer na may karga na mahigit sa kalahati ng humihilang sasakyan ang bigat, o 3,000 libra o mahigit pa ang bigat, kinakailangang ang *trailer* ay may:
1. Preno.
 2. Breakaway protection.
 3. Mga hub cap.
 4. Sariling preno at breakaway protection.

152. Kapag may hinihilang trailer o bahay na trailer, kinakailangang laging:
1. May nakasakay sa trailer upang hawakan sa lugar ang kargada.
 2. Matatanda lang ang papayagang sumakay sa trailer.
 3. Hindi papayagang sumakay ang sinuman sa trailer.
 4. Sa mga house trailer lang payagang sumakay ang mga tao.

153. Kapag may hinihilang trailer kinakailangang tiyaking:
1. May safety chain ang trailer na nakakabit nang mabuti sa kabitan ng trailer.
 2. May safety chain ang trailer na nakakabit nang mabuti sa bumper ng sasakyan.
 3. May safety chain ang trailer na nakakabit nang mabuti sa balangkas ng humihilang sasakyan.
 4. Ang kabitan ng trailer ay may nakakabit sa fail-safe latch.

154. Kapag may hinihilang trailer mahalagang tiyakin na wasto ang pagkakabalanse ng kargada ng trailer. Mga _____ hanggang _____ ng karga ng trailer ang dapat nasa kabitan ng trailer ng sasakyan.
- | | |
|--------------------|--------------------|
| 1. 5 hanggang 10. | 3. 15 hanggang 20. |
| 2. 10 hanggang 15. | 4. hanggang 25. |

155. Kapag may hinihilang trailer kinakailangang tiyakin mo na ito ay may:
1. Wastong pagkakakabit at pagkakalangis na mga gulong, at natatakpan ng tapalodo o ng mga mud guard.
 2. Maayos na mga gulong na wasto ang pagkakahingin.
 3. Mga signal para sa likuran, sa paghinto, sa pagliko, plaka, at kung kinakailangan, mga ilaw sa gilid at mga reflectors.
 4. Lahat ng nasa itaas.

156. Kapag nasangkot sa aksidente. Kinakailangan mong:
1. Huminto agad.
 2. Tulungan ang mga nasaktan.
 3. Tawagan ang pulisya.
 4. Lahat ng nasa itaas.


157. Nasangkot ka sa isang aksidente at nakasasagabal sa trapiko ang iyong sasakyan. Kinakailangan mong:
1. Kung maaari, ilipat ang iyong sasakyan sa labas ng dinadaanang bahagi ng kalsada.
 2. Huwag ililipat ang iyong sasakyan sa anumang kalagayan.
 3. Maghintay hanggang dumating ang pulisya bago ilipat ang iyong sasakyan.
 4. Wala sa mga nasa itaas.

158. Nasangkot ka sa isang aksidente at may ibang taong nasaktan. Kinakailangan mong:
1. Ilipat agad ang nasaktan palayo sa lugar ng pinangyarihan.
 2. Palaging iwanan ang nasaktan sa kinaroroonan nila.
 3. Huwag ilipat ang nasaktan nang hindi kinakailangan, panatiliing maginhawa ang nasaktan at magbigay ng paunang lunas.
 4. Huwag lumapit sa nasaktan.


159. Kapag nasangkot ka sa aksidente sa isang lugar na hindi madaling makita ng paparating na trapiko, kinakailangan mong:
1. Maglagay ng ibang taong magbibigay babala sa paparating na trapiko.
 2. Bahala na sa sarili nila ang paparating na trapiko.
 3. Hayaan ang pulisyang asikasuhin ang lahat.
 4. Umalis mula sa kalsada.

160. Nagkamali kang mabangga sa tabi ang isang nakaparadang sasakyang walang tao at hindi mo mahanap ang may-ari nito. Ikaw bilang isang drayber:
1. Nagawa mo na lahat ng makakaya mo.
 2. Kinakailangan mong manatili roon hanggang dumating ang pulisya.
 3. Kinakailangan mong mag-iwan ng sulat na may lamang pangalan mo at ang mga pangyayari kaugnay ng aksidente.
 4. Tumuloy ka na lamang.

161. Nagsimulang tumawid sa harapan ng iyong sasakyan ang naglalakad na nasa larawan. Kinakailangan mong:
1. Gamitin ang iyong busina.
 2. Magpabagal.
 3. Magpabilis at lampasan sa kanyang harapan ang naglalakad.
 4. Huminto at hayaang tumawid ang naglalakad.



162. Nagmamaneho ka sa kalsadang may ilang mga lane. Napansin mong may sasakyang nakatigil sa harapan ng isang tawiran tulad ng nakalarawan. Kinakailangan mong:
1. Lampasan ang sasakyan sa kanan.
 2. Lampasan ang sasakyan sa kaliwa.
 3. Huwag lampasan ang sasakyan.
 4. Bumusina bago lumampas.



163. Bilang isang naglalakad kinakailangang alam mong:
1. Kapag nasa loob ka ng tawiran kinakailangan mong ipagpilitan lagi ang iyong karapatan sa daan laban sa mga sasakyan.
 2. Huwag pumasok sa kalsada o tawiran kapag may papalapit na mga sasakyan.
 3. Maaari kang pumasok sa tawiran kahit kailan at pananagutan ng drayber ng sasakyan ang paghinto.
 4. Kinakailangan mo lamang gamitin ang mga tawiran kapag ito ang madali para sa iyo.

164. Bilang isang naglalakad kinakailangang alam mong:
1. Magtingin-tingin sa mga lumilikong sasakyan bago tumawid ng kalsada.
 2. Hindi ka maaaring tumakbo sa gilid o patawid ng kalsada.
 3. Kinakailangan mong maglakad sa kaliwang tabi ng daan kaharap ng trapiko.
 4. Lahat ng nasa itaas.


165. Bilang isang drayber kinakailangang bigyan mo ang isang nagbibisikleta:
1. Ng parehong mga karapatan at pribilehiyo ng mga motorista.
 2. Ng doble sa iniisip mong kailangan niyang agwat.
 3. Ng karapatan sa daan kapag tumatawid ka ng mga lane ng bisikleta.
 4. Lahat ng nasa itaas.

166. Kinakailangan ng mga nagbibisikletang:
1. Sumunod sa mga karatula, signal at iba pang mga batas ng trapiko maliban kung likas na hindi ito maaaring gamitin sa kanila.
 2. Dumaan sa mga bangketa sa mga distritong pangkalakalan.
 3. Dumaan sa gitna ng mga lane ng trapiko.
 4. Lahat ng nasa itaas.


167. Mga nagbibisikleta:
1. Maaaring magbisikleta nang magkatabi sa mga kalsada.
 2. Maaaring magbisikleta nang dalawahan sa mga daanan ng bisikleta maliban kung ipinagbabawal ng mga karatula.
 3. Mas may karapatan sa daan kaysa mga naglalakad.
 4. Maaaring magbisikleta habang nakakabit sa isang sasakyan.

168. Kinakailangang iwasan ng mga nagbibisikleta ang:
1. Magsakay ng mga pasahero maliban kung ginawa ang bisikleta para dito.
 2. Dumaan sa mga bangketa saan mang lugar.
 3. Magbisikleta sa gabi.
 4. Magbisikleta sa kalsada sa loob ng isang distritong pangkalakalan.

169. Ang drayber ng sasakyan sa larawan ay sumisignal gamit ang kanyang kamay na siya ay:
1. Huminto.
 2. Pagliko sa kaliwa.
 3. Pagliko sa kanan.
 4. Magpabagal.



170. May isang buong puting linya sa kanyang dinaraanang lane ang trak sa larawan. Ang trak ay:
1. Maaaring tumawid sa linya kahit kailan.
 2. Maaaring tumawid sa linya upang pumasok sa freeway.
 3. Hindi maaaring tumawid sa linya.
 4. Nasa maling panig ng linya.



171. Papalapit ka sa isang 4-way stop sign;
1. Kinakailangan mong huminto at magbigay-daan sa lahat ng trapikong nasa loob ng krosing.
 2. Maaari mong lampasan ang stop sign kung walang ibang kasalungat na trapiko.
 3. Hindi mo kinakailangang huminto kapag liliko ka sa kanan.
 4. Wasto ang 2 at 3.

- 64** 172. Ipinagbabawal ng batas ng Hawaii ang iwanang mag-isa ang isang bata sa loob ng sasakyan:
 1. Ikaw o ng sinumang matandang pasahero ng sasakyan.
 2. Nang limang minuto o mahigit.
 3. Kapag kulang sa siyam na taong gulang ang bata.
 4. Lahat ng nasa itaas.
- 58** 173. Bilang isang drayber, kinakailangang nalalaman mo na ang pinakaligtas na pag-iingat kaugnay ng paggamit ng telepono o iba pang hawak na elektronikong kagamitan habang nagmamaneho ay:
 1. Gumamit ng hand-free (di ginagamitan ng kamay) na mga kagamitan upang mapanatili mong nasa manibela ang parehong kamay, maliban kung kukulangin sa labingwalo ang iyong edad.
 2. Panatilihing malapit ang iyong cell phone o IPOD upang madali mong makukuha ito.
 3. Tingnan muna ang numero bago sagutin.
 4. Wala sa mga nasa itaas.
- 95** 174. Kapag nakakaita ka ng naglalakad na may puting tungkod o tagagabay na aso sa kalsada, bilang isang drayber kinakailangang nalalaman mong:
 1. Nagpapakilala ang paggamit ng puting tungkod na bulag o may kapansanan sa mata ang naglalakad.
 2. Nagpapakilala ang paggamit ng tagagabay na aso na ang naglalakad ay bulag o may kapansanan sa mata o may naiibang mga pangangailangan.
 3. Kinakailangan mong huminto para sa sinumang naglalakad, kabilang ng mga naglalakad na bulag o may kapansanan sa mata.
 4. Wasto lahat ng nasa itaas.
- 61** 175. Ang mga safety belt ay mga sinturon ng buhay. Sila ay:
 1. Kinakailangang nakasuot ang mga ito sa lahat ng oras kapag nagmamaneho o nakasakay sa isang sasakyan.
 2. Kinakailangang isuot lamang kapag nagmamaneho nang mabilis.
 3. Kinakailangang isuot nang maluwag.
 4. Kinakailangang isuot lamang kapag sumasakay ng harapan ng sasakyan.
- 29** 176. Sino ang maaaring pumarada sa paradahang accessible?
 1. Alinmang sasakyang nagsasakay ng taong may kapansanan.
 2. Alinmang sasakyang nagpapakita ng karatula para sa pagparada ng may kapansanan.
 3. Alinmang sasakyang nagpapakita ng karatula para sa pagparada ng may kapansanan na ibinigay sa taong may kapansanang nakasakay sa sasakyan.
 4. Alinmang sasakyan kapag wala nang ibang regular na paradahang.
- 27** 177. Ano ang layunin ng access aisle katabi ng paradahang accessible?
 1. Upang magamit na paradahang ng mga sasakyang pang-emergency.
 2. Upang magamit na ambuhat ng wheelchair/ rampa o iba pang mga gamit na nakatutulong sa madaling pagkilos mula sa sasakyang nakaparada sa paradahang accessible.
 3. Upang magamit na paradahang ng mga motorsiklo, moped at mga bisikleta.
 4. Upang maparadahang pansamantala ng mga sasakyang naghihintay ng pasahero.

PAUNAWA

PAUNAWA

PAUNAWA

MGA OPISINA NG PAGREREHISTRO NG SASAKYAN

City at County ng Honolulu

Satellite City hall offices (<http://www.stallitecityhall.com/>)

Mga Oras ng Opisina Lunes-Biyernes maliban sa mga holiday 7:45 n.u. to 4:00 n.h.
Ala Moana Shopping Center, 1450 Ala Moana Boulevard #1286, **Tumawag** 808-768-4300

Fort Street Mall, 1000 Fort Street Mall, **Tumawag** 808-768-4103

Hawaii Kai, 6600 Kalanianaʻole Highway #101, **Tumawag** 808-768-4800

Kapahulu Station, 1112 Kapahulu Avenue

Mga Oras ng Opisina: Lunes-Biyernes maliban sa mga holiday 8:00 n.u. to 11:00 n.u. & 12:00 n.h. to 4:00 n.h. Huling sasakyan ng 3:30 n.h. ; **Tumawag** 808-768-2524

Kapalama Hale Stellite City Hall, 925 Dillingham Blvd, #101, **Tumawag** 808-768-4500

Kapolei, 1000 Uluohia Street, **Tumawag** 768-3400

Pearlridge Shopping Center, 98-1005 Moanalua Road (9:00 n.u. - 5:00 n.h.), **Tumawag** 808-768-5000

Wahiawa, 330 N. Cane Street, **Tumawag** 808-768-4700

Waianae, 85-670 Farrington Highway, **Tumawag** 808-768-4900

Windward City Shopping Center, 45-480 Kaneohe Bay Drive C06, **Tumawag** 808-768-4100

County ng Hawaii

Bisitahin ang: <http://www.hawaiiicounty.gov/finance-dl-general-info>

Mga Oras ng Opisina: 8:00 n.u. to 4:00 n.h. Lunes-Biyernes maliban sa mga holiday,
Tumawag 808-961-8351

Hilo, 101 Pauahi Street, Suite #5

County ng Maui

Bisitahin ang: <https://www.mauicounty.gov/1328/Motor-vehicle-Licensing>

Mga Oras ng Opisina: Lunes-Biyernes maliban sa mga holiday 8:00 n.u. to 4:00 n.h.
Tumawag 808-270-7363

Kahului Service Center, Maui Mall, 70 E. Kaahumanu Avenue, Suite A17

Lahaina, Lahaina Gateway, 335 Keawe Street, Suite 209

Pukalani, Hannibal Tarvares Community Center, 91 Pukalani Street

Kihei, Kihei Community Center, 303 East Lipoa Street

Hana Office, County Public Works Office, Hana Hwy & Uakea Road

Mga Oras ng Opisina: Lunes-Biyernes maliban sa mga holiday 8:00 n.u. to 10:45 n.u. & 12:00 n.h. to 3:30 n.h. **Tumawag** 808-248-7280

Molokai, Mitchell Pauole Center, 100 Ailoa Street

Mga Oras ng Opisina: Lunes-Biyernes maliban sa mga holiday 8:00 n.u. to 4:00 n.h.
Tumawag 808-553-3430

Lanai Office, 309 Seventh Street #101

Mga Oras ng Opisina: Lunes-Biyernes maliban sa mga holiday 8:00 n.u. to 11:00 n.u. & 1:00 n.h. to 4:00 n.h. **Tumawag** 808-565-7878

County ng Kauai

Bisitahin ang: <https://www.kauai.gov/MVR>


Lihue Civic Center, Kapule Building, 4444 Rice Street, Suite 466, Mga Oras ng Opisina: 7:45 n.u. to 4:15 n.h. Lunes-Biyernes maliban sa mga holiday, **Tumawag** 241-6577

MGA ISTASTYON NG PAG-INSPEKSYON NG MGA SASAKYANG

BINUONG MULI

Siyudad at County ng Honolulu Kapahulu Station: 1112 Kapahulu Avenue

Mga Oras ng Opisina: Lunes-Biyernes maliban sa mga holiday 8:00 n.u. to 11:00 n.u. & 12:00 n.h. to 4:00 n.h. Nagsisimula ang huling inspeksyon sa 3:30 n.h. **Tumawag** 808-768-2542



Inilathala at ipinalimbag ang Gabay sa Pagmamaneho sa Hawaii ng Hagadone Printing Company kasama ng State Department of Transportation.

